

Modyul sa Sariling Pagkatuto
sa Araling Panlipunan

8

Pinagmulan
Kaaysayan
Kasaysayan
Pagkakilanlan



Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba

ASYA

Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba

Modyul 3:
Ang Timog at Kanlurang Asya sa
Transisyonal at Makabagong
Panahon (16-20 siglo)

LEARNING MODULE

ARALING PANLIPUNAN VIII
Ikatlong Markahan
Ang Timog at Kanlurang Asya sa
Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 siglo)

MODYUL BLG. 3 ANG TIMOG AT KANLURANG ASYA SA
TRANSISYONAL AT MAKABAGONG PANAHOON (16-20 SIGLO)

PAMBUNGAD AT MGA POKUS NA TANONG:

Minsan ba naisip mo o naitanong sa iyong sarili, kung paano ang buhay noon ng iyong mga angkan o ninuno? Madali kaya ang buhay noon o napakahirap? Anu-ano kaya ang mga karanasan at pagsubok ang pinagdaanan nila para lang maabot ang ngayo'y mauunlad na bansa sa Asya?

Sa modyul na ito, inaasahang masasagot mo ang sumusunod na mga tanong :

1. Sa paanong paraan nakaapekto ang mga pagbabago sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Paano hinubog ng nakalipas at kasalukuyang mga pangyayari sa Timog at Kanlurang Asya ang pag-unlad ng mga bansa ?

MGA ARALIN AT SAKOP NG MODYUL:

Aralin 1 – Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Aralin 2 – Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Aralin 3 – Ang Daan tungo sa Paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya

Aralin 4 – Ang mga Pagbabago at Hamong kinaharap ng Timog at Kanlurang Asya


Sa araling ito, inaasahang matututunan mo ang mga sumusunod:

Aralin 1	<ul style="list-style-type: none"> • Mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya • Papel ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya
----------	--

	<ul style="list-style-type: none"> • Transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng (a) pamamahala, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) paniniwala, (f) pagpapahalaga, at (g) sining at kultura.
	<ul style="list-style-type: none"> • Ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo • Epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya • Ang mga Karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin
Aralin 2	<ul style="list-style-type: none"> • Papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya • Ang mga salik at pangyayaring nagbigay daan sa pagusbong at pag-unlad ng nasyonalismo • Iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya • Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo • Epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partiyon/ paghahati ng India at Pakistan • Mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagtatamo ng kalayan mula sa kolonyalismong sa kilusang nasyonalista • Epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista (hal: epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa pagtatag ng sistemang mandato sa Kanlurang Asya)
Aralin 3	<ul style="list-style-type: none"> • Iba't ibang ideyolohiya(ideolohiya ng malayang demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa mga malawakang kilusang nasyonalista • Epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunn sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampulitik • Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo • Mga pagbabago sa mga bansang bumubuo sa Timog at Kanlurang Asya • Balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya • Mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan, at ng kababaihan,

	<p>grupong katutubo, mga kasapi ng caste sa India at iba pang sektor ng lipunan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon • Ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya
Aralin 4	<ul style="list-style-type: none"> • Bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay • Mga kasalukuyang pagbabago pang-ekonomiya na naganap/ nagaganap sa kalagayan ng mga bansa • Pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng Timog Asya gamit ang estadistika at kaugnay na datos. • Mga anyo at tugon sa neokolonyalismo sa Timog Asya • Epekto ng kalakalan sa pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog Asya • Kontribusyon ng Timog Asya sa larangan ng sining at humanidades at palakasan • Pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyong ito

MODULE MAP:



INAASAHANG KAKAHAYAHAN:

Upang higít na maunawaan ang mga paksang tatalakayin sa modyul na ito, kinakailangang maisagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makasunod nang wasto sa mga panuntunan
2. Maunawaan ang mga babasahin sa bawat aralin/aktibiti
3. Malikhaing pagsasagawa ng mga gawain
4. Makapagpakita ng kahusayan sa mga kasanayang pangheograpiya
5. Mahusay na pagpapaliwanag ng mga isyu ukol sa mga kaisipan
6. Magkaroon ng mapanuring pag-unawa/pag-iisip
7. Makabuo ng sariling pananaw ukol sa mga paksang tatalakayin
8. Maging mapagsiyasat
9. Maging mahusay sa pagninilay
10. Mailagay ang sarili sa sitwasyon ng iba para sa kagalingang panlahat

PANIMULANG PAGSUSULIT

Upang masubok ang iyong nalalaman sa modyul na ito, subuking sagutin ang mahabang pagsusulit sa ibaba sa pamamagitan ng pagpili sa titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Bigyang pansin ang mga aytem na hindi mo nasagot at subukin muling sagutan ang mga aytem habang ginagamit ang modyul na ito.

1. Ano ang pamamaraang ginamit ng mga Hindu sa pamumuno ni Mohandas Gandhi upang ipakita ang kanilang pagtutol sa mga Ingles?
 - A. Passive resistance
 - B. Armadong pakikipaglaban
 - C. Pagbabago ng Pamahalaan
 - D. Pagtatayo ng mga partido pulitikal
2. Naghangad rin ng kanyang kalayaan ang India. Anong pamamaraan ang isinagawa nito upang matamo ang kanyang hangarin?
 - A. Nakipag-alyansa sa mga Kanluranin
 - B. Itinatag ang Indian National Congress
 - C. Binoykot ang mga produktong English
 - D. Tinulungan ang mga Ingles sa panahon ng digmaan
3. Sa ilalim ng Ingles, nagkaroon ng mga pagbabago sa India na hindi katanggap-tanggap sa mga Indian. Alin ang isang pagbabagong hindi matanggap ng mga Indian?
 - A. Pagpapalaganap ng isang sistema ng edukasyon na ayon sa

- pamantayang Ingles
- B. Paglilipat ng mga sentro ng gawaing pangkabuhayan sa mga baybaying-dagat
 - C. Pagkakaroon ng racial discrimination sa pagbibigay ng posisyon sa pamahalaan
 - D. Pagpapahusay ng mga transportasyon at komunikasyon
4. Nang makamit ng India ang kalayaan mula sa Britanya noong 1947, nahati ito sa dalawang estado, ang kalakhang India at Pakistan. Ano ang epekto nito sa katayuan ng bansa at mamamayan?
 - A. Nahimok na mag-alsa ang mga Muslim sa mga Hindu.
 - B. Nahati ang simpatiya ng mga mamamayan sa dalawang estado.
 - C. Nagsilikas ang karamihan ng mga mamamayan sa ibang bansa.
 - D. Nagkaroon ng kaguluhan sa pamumuno.
 5. Ang patuloy na paglalaban ng India at Pakistan ay dahil sa kapwa nila nais angkinin ang teritoryong Kashmir. Ano ang epekto ng nasyonalismo sa sigalot na ito?
 - A. Naniniwala ang dalawang magkalabang bansa na pag-aari nila ang Kashmir.
 - B. Nais ng dalawang bansa na patunayang makapangyarihan sila.
 - C. Umasa ang mga mamamayan na malulutas din ang sigalot na ito.
 - D. Tumanggi ang dalawang bansa sa pakikialam ng United National Organization (UNO) sa paglulutas ng kanilang suliranin
 6. Noong sinakop ng mga Ingles ang India, nagsimulang pinakialaman ang pulitika ng bansa sa pamumuno ng British East India Company. Naging mababa ang pagtingin ng mga Ingles sa kultura ng India. Maging ang pamamahagi ng mga lupain ay binago rin ng mga Ingles. Sa ganitong pangyayari, napilitan ang mga manggagawang Hindu na mag-aral ng Ingles upang mapaunlad ang sariling kakayahan sa paghahanapbuhay. Anong implikasyon ang mabubuo sa ganitong kaganapan?
 - A. Ang pananakop ng mga dayuhan ay nagsilbing aral ng India.
 - B. Ang pananakop ng mga Ingles sa India ay nakatulong sa pag-unlad ng kulturang Hindu.
 - C. Ang pananakop ng mga Europeo ay lalong nagpahirap sa kabuhayang mga Hindu.
 - D. Ang pananakop ng mga Europe ay hindi nakaapekto sa anumang aspeto ng pamumuhay ng mga Hindu.
 7. Ano ang naging epekto ng kolonyalisasyon sa mga rehiyon ng Asya?
 - A. Naging masidhi ang pagkakaroon ng damdaming nasyonalismo ng mga Asyano upang ibangon ang kaunlaran ng bansa.
 - B. Naging mapagbigay ang mga Asyano sa naisin ng mga dayuhang

- bansa.
- C. Natutunan ng mga Asyano ang manakop ng ibang lupain.
D. Natutong magtiis ang mga Asyano alang-alang sa kapayapaan.
8. Sa pakikipagsapalaran nakamtan ng India ang kasarinlan. Anong uri ng nasyonalismo ang isinagawa ni Gandhi laban sa pananakop ng Britanya?
- A. Aggressive
B. Defensive
C. Passisve
D. Radikal
9. Aling pangyayari ang pumukaw sa damdaming nasyonalismo ng bansang India?
- A. Pagbagsak ng kolonyalismo ng mga Turko
B. Pagpapatupad ng economic embargo ng mga Ingles
C. Pagkakapatay kay Mohandas Gandhi
D. Pagkakaroon ng diskriminasyon sa mga India
10. Alin sa mga sumusunod ang naging masamang epekto ng kolonyalismo sa rehiyong Asya?
- A. pag-unlad ng kalakalan
B. pagkamulat sa Kanluraning panimula
C. pagkakaroon ng mga kaalyadong bansa
D. paggalugad at pakikinabang ng mga Kanluranin sa mga yamang likas
11. Isinusulong naman ni Mahatma Gandhi ang kanyang pananaw na ang pinuno ng bansa ang siyang magpakita ng pagpapahalaga sa moralidad. Ang pagpapahalaga na sinasabi ni Gandhi ay ang:
- A. maging tapat sa mamamayan at sa konstitusyon
B. mabuting relasyon sa karatig bansa
C. pagkakaroon ng isang asawa at isang pamilya
D. maging bukas o transparent sa lahat ng kanyang gawain sa tulong sa bayan
12. Dalawang anyo ng nasyonalismo ang ipinakita ng mga Hindu laban sa mga British. Isa dito ay ang kilusang pinamunuan ni Bal Gangadhar Tilak na tinawag na rebolusyonaryong kilusan dahil gumamit ito ng marahas na pagkilos. Ang nakatawag pansin ay ang pinamunuan ni Mohandas K. Gandhi dahil:
- A. Mga bata ang kinasangkapan niya sa paglaban sa British
B. Namahagi siya ng mga produktong Hindu

- C. Isinagawa niya ito kasama ang mga guro
 - D. gumamit ng paraang tahimik tulad ng di pagsunod sa mga kagustuhan ng mga British
13. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan. Nagbigay daan ito para ang mga Asyano ay matutong:
- A. pigilin ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin
 - B. pagiging mapagmahal sa kapwa
 - C. makisalamuha sa mga mananakop
 - D. maging laging handa sa panganib
14. Ang panahon ng Kolonyalismo ng mga Kanluranin ay nagdulot ng iba't ibang epekto sa mga bansang Asyano. Alin sa mga sumusunod ang hindi epekto ng pananakop ng mga Kanluranin sa mga bansang Asyano?
- A. Nagkaroon ng pag-unlad sa sistema ng transportasyon at komunikasyon na nagdulot nang mabilis pagluwas ng kalakal sa pandaigdigang pamilihan
 - B. Naturuan ang lahat ng Asyanong pamahalaan ang kanilang mga sarili sa panahon ng pananakop ng mga Kanluranin
 - C. Nagkaroon ng paghahalo ng mga lahi dahil sa mga naganap na kasalang katutubo at dayuhan
 - D. Pangunahing gampanin ng mga bansang Asyano ang tagatanggap ng mga produktong Kanluranin
15. Ano ang ipinapahiwatig ng tagumpay ng kampanya ni Mohandas Gandhi sa kolonyalismo ng mga Ingles sa India?
- A. Mahusay na rebolusyonaryong lider si Mohandas Gandhi
 - B. Maaaring labanan ang kolonyalismo sa mapayapang paraan
 - C. Ang pang-aapi ng mga kolonyalista ay may katapusan
 - D. Naging simbolo si Mohandas Gnadhi ng pagkakaisa ng mga mamamayan sa India
16. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na magandang dulot ng pananakop ng mga Ingles sa pangangalaga ng karapatang pantao ng mga Hindu lalo na ang mga kababaihan?
- A. Pag-unlad ng komunikasyon at transportasyon sa India
 - B. Pagkakaroon ng pagkakataong makapag-aral ang mga mamamayan ng India
 - C. Pagbabawal sa ilang matandang kaugaliang Hindu tulad ng "sati" at "female infanticide"
 - D. Pagbabawal sa matatandang kaugaliang tulad ng "foot binding" at

“concupinage”

17. Ano ang kahalagahan ng mataas na antas ng edukasyon sa isang bansa?
- A. Ito ay nagsisilbing instrumento sa pagsulong ng nasyonalismo at interes ng bansa
 - B. Pinagaganda ang imahe ng bansa kapag ito ay may mataas na bahagdan ng edukadong mamamayan
 - C. Magandang negosyo ang mga pampridadong paaralan na napagkukunan ng buwis ng pamahalaan
 - D. Pinalalaki nito ang oportunidad ng mga tao na mangibang bansa.
18. Bakit sinasabing ang kalakalan ay mahalagang susi sa pagkakaisa ng mga Asyano?
- A. Dahil dito ay nagtutulungan ang mga magkakaratig bansa sa Asya
 - B. Nagsisilbi itong daluyan ng kultura at pagpapalitang kultural ng mga bansa
 - C. Maaring lumaki ang kita sa mga usaping *black market*
 - D. Sa pamamagitan nito nababatid ang mga bansang palaasa
19. Bakit muling nabuo ang bansang Israel?
- A. Dahil sa layuning lumakas ang Judaism
 - B. Sa kagustuhang magsama-samang muli ng mga Hudyo
 - C. Upang matamo ang kanilang kaligtasan
 - D. Dahil sa pananakop ng ibang lupain
20. Kung ikaw ay pangulo ng Samahan ng mga Mag-aaral sa Araling Panlipunan at naatasang magpresenta ng ng mga aral sa kasalukuyan ng Imperyalismo at Kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya at kung paano ito mapagyayaman hanggang sa hinarap. Alin ang mas angkop na gamitin sa isang *video conferencing*.
- a. Multimedia presentation at pagtalakay
 - b. Pagkukuwento at pagtatanong
 - c. Pagbabasa ng teksto at pagbibigay ng haka-haka
 - d. Debate at pag uutos ng dapat gawain.

**ARALIN BLG. 1: PANAHOON NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO
SA TIMOG AT KANLURANG ASYA**


ALAMIN:



Tara umpisahan natin ang iyong gawain. Sa pagkakataong ito ay simulan mong alamin ang tungkol sa Kolonyalismo at Imperyalismo at Kanlurang Asya .

Gawain 1: HULA –RAWAN


Panuto: Suriin ang larawan sa ibaba at bumuo ng hinuha gamit ang concept map.






PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano ang Kolonyalismo at Imperyalismo
2. Naranasan ba ito ng rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya?
3. Ano ang pagkakaib ng pananakop sa Timog at Kanlurang Asya bagong ang siglo hanggang sa pananakop noong ika-16 hanggang ika -20 siglo
4. Paano nakatulong sa Timog at Kanlurang Asya ang pananakop ng mga Kanluranin? Paano ito nakatulong sa mismong mga Kanluranin na mananakop?

 Sa susunod na gawain ay , magkakaroon ka ng pagbabalik tanaw sa iyong pinag- aralan noong ikalawang markahan sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya.

GAWAIN BLG.2: IMPERYO KO.....i-TAPAT MO SA REHIYON KO!*

PANUTO: Ihilera ang imperyo ayon kinabibilangan nitong rehiyon sa Asya at pagkatapos ay bumuo ng dayad upang mapag-usapan at masuri ang naging sagot.





TIMOG ASYA

1. _____
2. _____
3. _____

KANLURANG ASYA

1. _____
2. _____

TANONG

1. Paano nagiging imperyo ang isang maliit na pangkat lamang?
2. Nakaranas ba ang mga bansa sa Asya ng paghahari ng imperyo bago ang ika-16 hanggang ika-19 nasiglo,atsapanahonng ika-16 hanggang ika-20 siglo?
3. Ano ang naging karanasan ng mga Asyano sa panahon na sila ay pinaghaharian ng imperyo? Ano ang naging kalagayan ng pamumuhay ng mga naghari sa imperyo?
4. Ang imperyo ba ay katulad ng salitang imperyalismo at kolonyalismo?
5. May kabutihanbaangpananakop?
6. Paano nakaimpluwensiya ang imperyalismo? Paano nabago ang pamumuhay ng mga sinakop?

GAWAIN BLG.3: KWLS

Sa bahaging ito ay aalamin ang iyong kaalaman ukol sa imperyalismo at kolonyalismong naganap sa Asya, partikular sa rehiyon ngTimog at Kanlurang Asya. Bago natin suriin ang dahilan at paraan ng unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismong naganap saTimog at Kanlurang Asya, iyo mo

nang sagutin ang tanong na nasa unang kolum. Sa ikalawang kolum ikaw ay bubuo ng mga mahahalagang tanong. Sa ikatlo at ikaapat na kolum ay iyong masasagot pagkatapos ng mga ibibigay na gawain sa modyul.

K	W	L	S
Ano ang aking alam?	Ano ang nais kung malaman ?	Ano ang aking natutunan?	Ano pa ang gusto kongmaunawaan?
			Paano nakamit ng Timog at Kanlurang Asya ang kasalukuya ng kalagayan dulot ng kolonyalismo at imperyalismo?

BINABATI KITA!

Sa puntong ito ay nagtatapos na ang bahagi ng Alami

PAUNLARIN



Sa bahaging ito ay inaasahan na matututunan mo ang mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga Europeo sa Asya partikular ang Timog at Kanlurang Asya. Maaari mong balikan ang mga kasagutan at katanungan na iyong nabuo sa unang bahagi ng modyul na ito upang malaman kung tama ito at nasagot ang iyong mga naunang katanungan.

Maaaring nagtataka ka kung bakit maraming Europeong bansa ang nakasakop sa mga bansa sa Asya. Napakalayo ng Europa sa mga bansa sa Asya pero nakarating pa rin sila at nanakop pa ng mga teritoryo. Ang pananakop na ito ay nagdulot ng maraming pagbabago sa buhay ng mga Asyano - mga mabuti at di mabuting pagbabago. Isa-isahin natin ang mga pangyayaring naganap at nagbigay daan sa pagdating ng mga Europeo sa Asya.

UNANG YUGTO NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA (16-17 SIGLO)

PAGSUSURI SA TEKSTO



Bago ang pagtuklas at pananakop may ugnayan ng nagaganap sa mga Europeo at mga Asyano. Nagsimula ang ugnayang ito sa pamamagitan ng palitan ng kalakal sa mga Asyano at Europeong mangangalakal. Ang pinakatagpuan nila ay nagaganap sa tatlong pangunahing ruta ng kalakan sa Asya. Una, ang Hilagang ruta, na nagpapasimula sa China at tatawid sa lungsod ng Samarkand at Bokhara. Pangalawa, ang Gitnang Ruta, na papunta sa baybayin ng Syria at dadaan sa Golpo ng Persia at ang huli ay ang Timog Ruta na maglalayag mula sa India babagtasin ang Karagatang Indian hanggang sa makarating ng Egypt sa pamamagitan ng Red Sea.

Mga kalakal na nanggagaling sa Asya na pumapasok sa Europe ang tanging pamilyar lamang sa mga Europeo, ang lugar sa Asya na pinanggagalingan ng kalakal ay hindi pa napupuntahan ng mga Europeo, at ang palitan ng kalakal ng mga Europeo at mga Asyano ay hindi pa ganoon kasigla.

Dumating ang panahon na ang ruta ng kalakalan na nag-uugnay sa mga mangangalakal na Asyano at Europeo ay sinakop ng naghaharing Turkong Ottoman. Nang sinakop ito ng mga Turkong Ottoman tanging ang mga Italyanong mangangalakal ang pinayagan na makadaan at makipag-ugnayan sa mga mangangalakal na Asyano.


Mga Dahilan na Nagbunsod sa mga Kanluranin na Magtungo sa Asya

Ang Mga Krusada na naganap mula 1096 hanggang 1273. Ang mga Krusada ay isang kilusan na inilunsad ng simbahan at ng mga Kristiyanong hari upang mabawi ang banal na lugar, ang Jerusalem sa Israel. Hindi man lubusang nagtagumpay ang krusadang ito, marami ring mabuting naidulot ito, nagkaroon ng ugnayan ang mga Europeo sa Silangan at nakilala nilaang mga produkto ng Silangan tulad ng pampalasa, mamahaling bato, pabango, sedang tela, porselana, prutas at iba pa na




nakabighani sa mga Europeo. Ang krusada ang nagpasigla ng kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya. Naging masigla ang palitan ng kalakalan kaya maraming Europeo ang nagkainteres na makarating sa Asya. Maraming Europeo ang naghanap ng mga ruta para makarating lang sa Asya. At ito dinang naging daan para magkainteres ang malalaking bansa sa Europa na sakupin ang ilang lugar o bansa sa Asya.

Ang Paglalakbay ni Marco Polo na isang Italyanong adbenturerong mangangalakal na taga-Venice. Siya ay nanirahan sa China sa panahon ni Kublai Khan ng Dinastiyang Yuan nang higit sa halos 11 taon. Sa panahong ito, siya ay nagsilbing tagapayo ni Emperador Kublai Khan. Kinalugdan siya ni Kublai Khan at siya ay itinalagang maglakbay sa iba't ibang lugar sa Asya sa ngalan ng Emperador. Nakarating siya sa Tibet, Burma, Laos, Java, Japan, pati na sa Siberia. Noong 1295 bumalik siya sa Italya at doon inilimbag niya ang aklat na *The Travels of Marco Polo* (1477). Ang mga nakita niyang magagandang kabihasan sa mga bansang ito ng Asya lalo na



sa China, na inilarawan ang karangyaan at kayamanan nito. Maraming adbenturerong Europeo ang namangha at nahikayat na makarating at makipagsapalaran sa Asya.

Ang Renaissance na nagpasimula sa Italya na naganap noong 1350. Isa itong kilusang pilosopikal na makasining at dito binigyang-diin ang pagbabalik-interes sa mga kaalamang klasikal sa Greece at Rome. Napalitan ito ng makaagham na pag-iisip mula sa mga pamahiin. Masasabing ang pangunahing interes ay labas sa saklaw ng relihiyon.



Ang Renaissance ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay ay “muling pagsilang”. Itoay naganap sa huling bahagi ng gitnang panahon at pagsulong ng makabagong panahon. Matatandaan natin na noong gitnang panahon ang Simbahang Kristiyano ang may malakas na impluwensiya sa tao. Nakasentro ang buhay ng tao sa relihiyon. Ngunit nang ang simbahan lalo na ang pinuno nito, mula Papa, mga Obispo at kaparian ay nasangkot sa imoral na gawain, pagpapayaman at pagmamalupit sa mga taong hindi karelihiyon, nagsimulang magkaroon ng pagbabago sa pananaw at saloobin ang mga tao hinggil sa katarungan, sariling kaunlaran at pulitika.

Sa panahon ng Renaissance ay natuon ang interes ng tao sa istilo at disenyo, sa pamahalaan, sa edukasyon, sa wastong pag-uugali at sa paggalang ng pagkatao ng isang indibidwal. Indibidwalismo ang binigyang pansin ng Renaissance kaya hind nakapagtataka na maraming pagbabago ang naganap sa buhay ng tao. Ang malayang pag-iisip ng tao ang nagpalawak ng kanyang ideya at pananaw sa buhay kaya dito nagsimula ang pagbabago sa sining at agham. Nariyan din ang pagtuklas ng maraming bagay sa kapaligiran, pagkakaroon ng maraming imbensiyon na nagpalakas sa mga industriya at kalakalan, at ang pagkakaroon ng pagbabago sa pananaw sa relihiyon at pulitika.

Ang Renaissance ang siyang nagbukas ng daan sa pagbabago sa larangan ng kalakalan at negosyo kaya umusbong ang rebolusyong komersyal na nagdulot ng mga pagbabago sa gawang pang-ekonomiya.

Ang Pagbagsak ng Constantinople. (bahagi ng Turkey sa kasalukuyan)

Ang Constantinople ay ang Asyanong teritoryona pinakamalapit sa Kontinente ng Europa. Ito ang nagsilbing rutang pangkalakalan mula Europa patungong India, China at ibang bahagi ng Silangan na napasa kamay ng mga Turkong Muslim noong 1453. Ang Constantinople ay ang Asyanong teritoryo na pinakamalapit sa Kontinenteng Europa. Ito rin ang teritoryong madalas daanan noong panahon ng Krusada. Kung matatandaan natin ng lumakas ang



Turkong Muslim at sinakop nga ang Jerusalem, nanganib ang Constantinople na bumagsak din sa mga Turkong Muslim, kaya humingi ng tulong ang Emperador ng Constantinople para labanan ang mga Turkong Muslim at mabawi ang Jerusalem. Sa loob ng panahon ng Krusada, napigil ang pagsalakay ng Muslim patungong Europa ngunit nang masakop ng Turkong Muslim ang Silangang Mediterranean ay lubusan na ring sinakop ang Constantinople noong 1453 at ang naging resulta ay ang ganap na pagkontrol ng mga Turkong Muslim sa mga ruta ng kalakalan mula sa Europa patungong Silangan. Ang ugnayan ng mga mangangalakal na Asyano at Europeo ay naputol mula nang masakop ng mga Turkong Muslim ang ruta ng kalakalan. Sa mga mangangalakal na Europeo tanging mga Italyanong mangangalakal na taga Venice, Genoa, at Florence ang pinayagan ng mga Turkong Muslim na makadaan sa ruta. Ang mga kalakal na nakukuha sa Asya ng mga Italyano ay dinadala sa Kanlurang bahagi ng Europa tulad ng Portugal, Spain, Netherlands, England, at France.

Dahil dito, napilitang maghanap ng bagong ruta ang mga mangangalakal na Europeo. Pinangunahan ito ng Portugal at sinundan ng mga Spanish, Dutch, Ingles, at Pranses .



Napakahirap at mapanganib ang paglalayag dahil wala pang maunlad na gamit sa paglalakbay sa dagat.

Noong ika-16 na siglo naimbento ang mas maunlad na kagamitang pandagat. tulad ng *Astrolabe* na kung saan ginagamit ito upang malaman ang oras at latitud samantalang ang *Compass* ay ginagamit upang malaman ang direksyon ng pupuntahan.

Ang *Merkantilismo*, sa Europa umiral ang prinsipyong pang-ekonomiya na kung may maraming ginto at pilak, may pagkakataon na maging mayaman at makapangyarihan. Kinailangan ng mga Europeo na makahanap ng mga lugar na mapagkukunan ng likas na yaman at hilaw na sangkap.



Ang panahon ng eksplorasyon ay nag-iwan ng malaking pagbabago sa pamumuhay ng lipunan at kabihasan ng mundo. Ang pang-katubigang kalakalan at pananakop ng mga bansang Europeo ay naging daan sa pag-unlad ng ekonomiya ng Europa. Ang pamamaraan sa pakikipag-kalakalan at ang pagbabangko ay napaunlad kaya ito'y nagdulot ng malaking kita sa mga bansang Europeo.

Ang mga dahilan na nagbunsod sa mga Kanluranin na makarating sa Asya ang naging daan para sumigla ang palitan ng kalakal ng mga Europeo at mga Asyanong mangangalakal at makilala ng mga Kanluranin ang mga likas na yaman, mga hilaw na materyal na panustos sa industriya.

GAWAIN BLG.1: POWERPOINT PRESENTATION

Ngayon, aalamin mo na ang mga dahilan kung bakit sinakop ng mga Kanluranin ang Asya partikular ang Timog at Kanlurang Asya. Sagutin mo ang unang hamon sa iyo.

PANUTO: Bawat pangkat ay magkakaroon ng *powerpoint presentation*. Mamarkahan ang presentasyon batay sa kriteriya sa ibaba.

- Pangkat 1 - Ang Mga Krusada
- Pangkat 2 – Ang Paglalakbay ni Marco Polo
- Pangkat 3 – Renaissance
- Pangkat 4 – Ang Pagbagsak ng Constantinople
- Pangkat 5 – Ang Merkantilismo

Rubric para sa Powerpoint Presentation

Mga Kraytirya	Natatangi 5 puntos	Mahusay 4 puntos	Medyo Mahusay 3 puntos	Hindi Mahusay 2 puntos
Kaalaman sa paksa				
Kalidad ng mga impormasyon o ebidensiya				
Kaalaman sa kontekstong pangkasaysayan				
Estilo at pamamaraan ng presentasyon				
Disenyong teknikal, pagpapatupad at pagganap sa presentasyon				
Kabuuang Marka				



PAMPROSESONG TANONG

1. Alin sa mga dahilan sa pagpunta ng mga Kanluranin sa Asya ang higit na nakaimpluwensiya sa kanilang desisyon sa pananakop.
2. Paano tinanggap ng mga bansang Asyano ang mga naganap na pananakop?
3. Sa inyong palagay nakabuti ba sa mga bansa sa Asya ang mga dahilang ito sa pananakop ng mga Kanluranin?

GAWAIN 2: DATA INFORMATION CHART

PANUTO:

1. Pagkatapos basahin ang teksto. Bumuo ng limang pangkat na may sampung miyembro sa bawat pangkat.
2. Talakayin ang tanong sa pangkat at bumuo ng ebidensiya at suporta sa panig ng Oo at Hindi.
3. Suriin ang tanong at itala ang mga impormasyon at pahayag ng bawat miyembro sa bawat pangkat sa posisyon ng Oo o Hindi.
4. Magtulungan ang bawat pangkat sa pagbuo ng konklusyon at dahilan.
5. Panghuli, pumili ng tagapagsalita para maibahagi ang inyong pananaw sa buong klase.

DISCUSSION WEB

DAHILAN

Oo	Kapaki-pakinabang ba ang Merkantilismo bilang Sistemang Pang-ekonomiya ng isang bansa?	Hindi
<input type="text"/> <input type="text"/>		<input type="text"/> <input type="text"/>

KONKLUSYON



PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang merkantilismo?
2. Bakit malaki ang pananalig ng mga Kanluranin sa Merkantilismo?
3. Ano ang epekto ng patakarang pang-ekonomiyang ito sa mga bansang Kanluranin?
4. Sino ang mas nakinabang dito, ang mga Asyano ba o ang mga Kanluranin?
5. Sang-ayon ka ba sa ginawa ng mga Kanluranin sa Asya? Bakit?

GAWAIN 3: DATA INFORMATION CHART




Matapos mong matunghayan ang dahilan ng pagpunta ng mga Kanluranin sa Asya sa unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo. May panibagong hamon para sa iyo. Iyong alamin ang mga bansang Kanluranin na mga nagpaligsahan sa pagpunta sa Asya. Magagawa mo ito sa pagbasa ng teksto.

PAGGALUGAD AT PAGTUKLAS NG MGA BANSANG KANLURANIN

Pinangunahan ng Portugal at Spain ang paghahanap ng ruta. Maraming manlalayag na Portuges ang naglakbayngunit ang pinakamahalaga sa lahat ay ang paglalakbay ni Vasco da Gama sapagkatnalibot niya ang "Cape of Good Hope" sa dulo ng Aprika na siyang magbubukas ng ruta patungong India at sa mga Islang Indies.

Tingnan ang nakalarawang ruta na tinahak ni Vasco da Gama.



Kung noon ay Italy, lalo na ang Venice ang nag-iisang nagkontrol sa rutang pangkalakalan patungong Silangan, ang pagtuklas ng alternatibong ruta na natuklasang mga Portuges ang nagbigay ng hamon sa iba pang bansang Europeo na maglalugad sa ibang panig ng daigdig. Nariyan ang Spain, Netherlands, France, England, Russia, Germany, at Amerika.

Nagpaligsahan ang mga ito para tanghaling pinakamakapangyarihan na bansa sa mundo sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga lupain. Nanguna sa mga ito ang Portuges at Spain na naging matindi ang pagpapaligsahan sa

paggalugad sa mundo at pagsakop ng mga lupain. Sa matinding pagtutunggalian ng dalawang bansa ay namagitan ang Papa ng Simbahang Katoliko para maiwasan ang paghantong sa digmaan ng paligsahan ng mga ito. Taong 1494 ay nagtalaga ng “line of demarcation” o hangganan kung saang bahagi ng mundo maggalugad ang dalawang bansa. Ayon sa Tratadong Tordesillas, ang Portuges ay maggalugad sa bandangsilangan samantalang ang Espanya ay sa bandang kanluran. Nang maipatupad ang desisyong ito ay nakapaglayag na ang Espanya sa bandang kanluran kung saan marami nang teritoryo sa kontinenting Amerika ang nasakop. Ang Portuges naman ay nakuha lang ang Brazil. Ganoon pa man, hinayaan na ng Espanya na manatili sa Portuges ang Brazil habang ang Pilipinas naman na nasa silangan na nasakop naman ng Espanya ay nanatili naman dito. Ang hindi naiwasan na digmaan ng Portuges at Espanya ay sa Moluccas. Ito ang pinakamimithi na lugar na pinagkukunan ng mga rekado. Sa pamamagitan ng Tratadong Saragosa noong 1529, nakuha ng Portuges ang Moluccas. Maliban sa Moluccas ay nakakuha rin ito ng teritoyo sa India.

Ang **Portugal** ay nakakuha ng maraming piling lugar sa Asya. Noong 1502 nagbalik at nagtatag si Vasco da Gama ng sentro ng kalakalan sa may Calicut sa India. Noong 1505 ipinadala si Francisco de Almeida bilang unang Viceroy sa silangan. Sa pamumuno ni Alfonso de Albuquerque, 1510 nasakop ang Ormuz sa Golpo ng Persia (Iran ngayon). Diu at Goa sa India, Aden sa Red Sea, Malacca sa Malaya at Moluccas sa Ternate, Macao sa China at sa Formosa (Taiwan ngayon). Mga daungan ang piniling sakupin ng Portugal upang makontrol ang kalakalan. Noong una ang motibo o paraan lang ay pangkabuhayan o pangekonomiya lamang hanggang sa ipinasok ang Kristiyanismong Katolisismo sa mga nasasakupan ng Portugal. Sa kalagitnaan ng 16 na siglo ang Portugal ay may malawak ng sakop sa Asya. Noong 1580, sinakop ng Spain ang Portugal ng 60 taon. Nang makalaya ang Portugal noong 1640 ang kanyang mga kolonya ay nakuha na ng England at France.

Maliban sa Espanya at Portuges, nakipagpaligsahan rin ang Inglatera. Sa pamamagitan ng Italyanong marinero na si John Cabot, napasailalim ng Inglatera ang Nova Scotia Canada. Nang matalo ng Inglatera ang Spanish Armada noong 1588 ibinuhos ng Inglatera ang kanyang atensiyon sa kalakalan. Sa pamamagitan ng East India Company, naitatag ng Inglatera ang sentro ng kalakalan sa India. Nakapagtatag rin ito ng permanenteng panirahan sa Hilagang Amerika. Sinundan ito ng pagsakop ng Ceylon, Malaya, at Singapore pati na rin ang Australia, New Zealand, at mga pulo sa Hilagang Pasipiko.

Ang **England** sa India, noong 1600 ginamit ang British East India Company, isang pangkat ng mangangalakal na Ingles na pinagkalooban ng pamahalaang Ingles ng kaukulang kapangyarihan upang mangalakal at pamahalaan ang pananakop nito at pangalagaan ang interes nito sa ibayong dagat. Pagdating ng 1612 nabigyan ng permiso ang Ingles para makapagtatag ng pagawaaan sa Surat. Hindi nagustuhan ng Portugal dahil sila ang naunang nanakop. Pagdating ng 1622, tinulungan ng Ingles ang mga Persian laban sa Portuguese dahil dito nakapagtatag ng sentro ng kalakalan sa kanluran at silangang baybayin ng India. Ang British East India Company ay nakakuha na ng *concession* (pagbibigay ng espesyal na karapatang pangnegosyo) sa Madras mula sa rajah ng Chandragiri. Noong 1668 pinaupahan na ni Haring Charles ang pulo ng Bombay. Sa taong 1690 sa delta ng Ganges nakakuha ng kapisang lupain ang Ingles sa pagpayag ni Emperador Aurangzeb ang lider ng Imperyong Mogul. Dito naitatag ang lunsod ng Calcutta. Madaling nasakop ang India dahil watak-watak ang mga estado nito at mahina ang liderato ng Imperyong Mogul na siyang naghahari sa India. Noong una pangkabuhayan ang dahilan ng England sa pagpunta sa India. Nang makita ang malaking pakinabang sa likas na yaman nito tuluyang sinakop ang India ng England.

Ang France naman ay nakakuha rin ng teritoryo sa Quebec, Canada. Nakuha rin nito ang Louisiana sa Amerika at sa Asya noong ika-18 siglo nasakop ng Pransiya ang Laos, Cochin China, Cambodia, at Annam. Ang mga teritoryong ito ang buong kolonyang French Indo-China.


Ang **France** ang pangatlong bansa na gustong masakop ang India. Ang ginawa ng France ay nakipagsabwatan sa pinunong local ng Bengal. Ginamit ang French East India Company na naitatag noong 1664. Nakapatatag ang France ng pamayanang pangkomersyal sa Pondicherry, Chandernagore, Mahe at Karikal. Nagtapos ang interes na ito ng nagkaroon ng labanan sa Plassey ng Pitong Taong Digmaan sa pagitan ng England at France. Sa tulong ni Robert Clive, ang nagtatag ng tunay na pundasyon ng Ingles sa India. Ang England ang nagtagumpay laban sa France. Ang England ang nananatiling matatag na mananakop ng India.

Ang **Netherlands** sa pamamagitan ng Dutch East India Company ay namahala rin sa bahagi ng India. Napasailalim ng Netherlands ang East Indies (Indonesia sa kasalukuyan).

KANLURANG ASYA

Sa Unang Yugto ng Imperyalismo at Kolonyalismo sa Kanlurang Asya ay hindi pa nagkakainteres ang mga Kanluranin dahil ito ay sakop ng mga Turkong Ottoman. Ang naghahari sa panahong ito ay ang relihiyong Islam. Noong 1507, nakuha ang Oman at Muscat ng mga mangangalakal na Portugues ngunit pinatalsik naman ng mga Arabe noong 1650. Noong 1907, ang Bahrain ay naging protectorate ng Britanya ngunit hindi rin nagtagal, pinatalsik ang mga British ng isang Heneral na si Shah Reza Pahlavi ang mga British.

Ang Portugal, England at France ang mga bansang Kanluranin na nakarating sa India. Sa pag-iral ng prinsipyong pang-ekonomiyang merkantilismo ang mga bansang Kanluranin ay may iisang layunin sa pagpunta sa Asya, ang makasakop ng mga lupain. Sa huli ang England ang nagtagumpay para maisakatuparan ang interes sa likas na yaman at mga hilaw na materyales ng India. Samantalang ang Kanlurang Asya ay hindi agad nasakop dahil sa panahong ito pinaghaharian pa ito ng napakalakas na imperyong Ottoman, at pinagpatibay ng pagkakaisa dahil sa relihiyong Islam na ipinalaganap at tinanggap sa rehiyon.



Panuto: Punan ang talahanayan at isulat ang sumusunod:


Ang mga bansang Europeo na nanakop at ang mga bansa na nasakop ng mga bansang Europeo.

Mga Bansang Europeo	Mga Bansang Nasakop sa Asya
1.	1.
2.	2.
3.	3.


4.	4.
5.	5.

GAWAIN BLG.4: MAP-KULAY

Panuto: Kulayan ang mga bansang Asyano na sinakop ng mga Kanluranin ayon sa mga itinakdang kulay.



Pagkatapos magawa ng bawat mag-aaral ang pagkukulay. Bubuo ng dyad sa bawat pangkat na kinabibilangan para mapaghambing at masuri ang ginawa ng bawat pangkat.



Source: www.googleimages.com




PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang mga bansang Kanluranin na sumakop sa Asya?
2. Anong mga bansa sa Asya ang mga nasakop ng mga Kanluranin?
3. Anong bansa ang sinakop ng Portugal, England, at France sa Timog Asya? Sa ilang bansa sa Kanlurang Asya?
4. Bakit hindi maagang nasakop ng mga Kanluranin ang Kanlurang Asya sa unang yugto ng pananakop?
5. Bakit nagtatag ang mga bansang Kanluranin ng mga kolonya sa Asya?
6. Mahalaga ba ang unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga Kanluranin sa Asya?sa mga Asyano?

GAWAIN BLG.5: i-TIMELINE MO.....!

Panuto:

1. Isulat ang mga mahahalagang pangyayari sa unang yugto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya mula ika-14 hanggang ika-17 siglo.
2. Hangga't maaari ang iyong isusulat ay mga mahahalagang impormasyon na iyong naunawaan.
3. Bigyang pansin ang mga pagbabagong naganap(epekto) sa paraan ng pamumuhay ng mga Asyano.
4. Matapos gawin ito, tatawag ako ng mag-aaral para maibahagi ang kaniyang ginawang timeline.
5. Gagamitin ang rubric bilang batayan sa pagtataya na nasa ibaba.



TIMELINE RUBRIC

Kategorya/ Pamantayan	Pinakatama 5	MedyoTama 4	Malinaw 3	Malabo 2
Pamagat	Epektibo, nakatatawang pansin at madaling maunawaan	Epektibo at madaling maunawaan	Simple at madaling maunawaan	Walang pamagat
Petsa	Kumpleto ang petsa ng mga pangyayari, Tiyak at tumpak ang lahat ng pangyayari	May kulang na 1-2 petsa ng mga pangyayari, May 2-3 mali o Malabo sa	Maykulang na 3-5 petsa sa mga pangyayari, mahigit sa lima ang hindi tiyak	Hindi tiyak ang mga nawawalang pangyayari, halos lahat ng pangyayari ay di tiyak

		mga pangyayari		
Istilo at Organisasyon	Sumasakop sa lahat ng mahahalagang panahon, tama at parepareho ang pagitan ng bawat taon/petsa	Sumasakop sa lahat ng mahahalagang panahon, may 2-3 petsa sa panahon na hindi kapareho ang pagitan	Sumasakop sa lahat ng mahahalagang panahon, nagtataglay ng 5 petsa/panahon na di parepareho ang pagitan	Dalawang lamang ang nasasakop ng mahahalagang panahon, hindi parepareho ang pagitan ng mga petsa/panahon
Nilalaman	Nagtataglay ng 11-15 pangyayaring kaugnay ng paksa	Nagtataglay ng 8-10 pangyayaring kaugnay ng paksa	Nagtataglay ng 6-7 pangyayaring kaugnay ng bansa	Nagtataglay ng 5 lamang pangyayaring kaugnay ng paksa
Layunin	Malinaw at tiyak	Malinaw ngunit di gaanong tiyak	Hindi malinaw	Walang ibingay na layunin



PAMPROSESONG TANONG

1. Sino si Prinsipe Henry? Si Bartolome Diaz? Si Vasco da Gama?
2. Bakit naging mahalaga ang kanilang paglalakbay?
3. Naging kapaki-pakinabang ba ito sa kanilang mga bansa? Naging kapaki-pakinabang ba ito sa mga bansa sa Asya?

GAWAIN BLG.6: DATA RETRIEVAL CHART



Matapos niyong matunghayan ang pagtuklas at pananakop na ginawa ng mga Kanluranin sa Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Dako naman tayo sa paraan at patakaran na ginamit ng mga Kanluranin.

PANUTO

Pangkatang gawain. Batay sa teksto inyong alamin ang mga naging paraan, patakaran na ginamit ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya sa Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng paglalagay ng sagot sa talahanayan.

UNANG YUGTO NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA (IKA-16-17 SIGLO)

Rehiyon(Bansa)	Mananakop	Paraan ng Pananakop	Patakaran
Timog (India)	Portugal		
	England		
	France		
Kanluran(Oman at Muscat)	Turkong Ottoman		



PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang ginamit na paraan ng mga Kanluranin para masakop ang Timog Asya? ang Kanlurang Asya ?
2. Ano ang mga patakaran na ginamit ng mga mananakop sa Timog Asya at sa Kanlurang Asya?

3. Makatarungan ba ang ginamit na patakaran ng Ingles sa Timog Asya, ng Turkong Ottoman sa Kanlurang Asya? Bakit
4. Paano nagbago ang pamumuhay ng Timog at Kanlurang Asya sa mga patakarang pinairal sa Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismong naganap ?

PAGSUSURING PANGTEKSTO

Mga Dahilan na Lalong Nagbunsod sa mga Europeo na Maghangad ng Kolonya sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismo at Kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya (18-19 siglo)

Sa unang yugto ng Imperyalismo at Kolonyalismo umiral ang pinsipyong pang-ekonomiyang merkantilismo sa Europa. Ang merkantilismo ang ginamit na dahilan ng mga Europeo upang mag-unahan na makakuha ng mga lupaing masasakop sa Asya, may mapagkukunan ng likas na yaman, hilaw na sangkap, at pagbebentahan ng mga yaring produkto upang maging pandaigdigang makapangyarihan.

Ang *Kolonyalismo* ay nagmula sa salitang Latin na *colonus* na ang ibig sabihin ay *magsasaka*. Ito ay isang patakaran ng isang bansa na mamamahala ng mga sinakop upang makagamit ng likas na yaman ng mga sinakop para sa sariling interes. Kadalasan ang una nilang ginagawa para maisakatuparan ang kanilang pagnanais ay pakikipagkaibigan at pakikipagkalakalan. Kapag nakuha na ang loob at saka nila isasakatuparan ang tunay nilang hangarin na pagsamantalahan at pakinabangan nang husto ang likas na yaman ng kolonya, magtatatag ng pamahalaang kolonyal, magpapataw at magtatakda ng paniningil ng buwis at magsasagawa ng mga batas na makabubuti sa mga mananakop .

Samantala ang *Imperyalismo* ay nagmula sa salitang Latin na *imperium* na ang ibig sabihin ay *command*. Isang salitang Latin na nagpasimulang gamitin sa panahon ng pananakop ng Imperyong Roma. Ang imperyalismo ay nangangahulugan ng dominasyon ng isang makapangyarihang nasyon-estado sa aspektong pulitika, pangkabuhayan at kultural na pamumuhay ng isang mahina at maliit na nasyon-estado upang maging pandaigdigang makapangyarihan.

Sa loob ng dalawang libong taon, ang Imperyong Roma ay nakontrol ang halos kabuuan ng Mediterranean. Bago matapos ang ika-18 siglo, ang ilan sa mga bansang Europeo at ang Estados Unidos ay nagpasimulang magkontrol ng ibang mga bansa sa lupalop ng Asya, Aprika at Latin Amerika. Ang

panahon mula 1800 hanggang 1914 aynaging kilala bilang Panahon ng Imperyalismo.

Ang imperyalismo noong ika-18 siglo ay naging resulta ng apat na pangunahing salik. Una, dahil sa udyok ng *nasyonalismo*, nais ng mga nasyon sa Europa na magkaroon ng malawak na kapangyarihan upang labanan ang kanilang mga karibal na mga bansa. Ikalawa, dulot ng *Rebolusyong Industriyal*, nangangailangan ng mga hilaw na materyal na pagkukunan at pamilihan na paglalagyan ng mga produktong yari na gawa mula sa kanila kaya sila ay nagpalawak ng kanilang mga teritoryo. Pangatlo, ang *Kapitalismo*, isang sistema kung saan mamumuhunan ng kanyang salapi ang isang tao upang magkaroon ng tubo o interes. Sa pag-unlad ng kalakalan sa pagitan ng mga Europeo at mga Asyano, dumami ang salaping naipon ng mga mangangalakal na Kanluranin. Nahikayat na gamitin ng mga mangangalakal na Kanluranin ang kanilang salaping naipon sa mga pananim at minahan sa mga kolonya para ito mas kumita. Pang-apat, ang *White Man's Burden* na isinulat ni Rudyard Kipling, isang manunulang Ingles, ipinasailalim sa isang kaisipan ang mga nasasakupan na sila ay pabigat sa mga Kanluraning bansa. Na ang mga Kanluranin ay may tungkulin na turuan at tulungan upang "paunlarin" ang kanilang nasasakupan. Ito ang naging pagbibigay-katwiran ng mga Kanluranin sa ginawa nilang pananakop sa Asya. ang paghahangad na ipakilala ang kanilang superyor na kultura, relihiyon at paniniwalasa iba pang mga bansa sa mundo. Noong gitnang bahagi ng ika-18 siglo, karamihan sa mga bansa sa lupalop ng Europa ay naghangad na magkaroon ng sariling mga kolonya sa mga lupalop ng Asya at Aprika. Naging bahagi ito ng kanilang paghahangad sa kapangyarihan at pagtatatag ng mga pamahalaang pinatatakbo ng mga dayuhang mananakop. Nagtago sila sa pagpapaniwala sa mga bansa sa Asya at Aprika na ang kanilang pamumuno ay magtuturo sa mga ito ng mga makabagong pamamaraan ng pagpapatakbo ng kanilang mga pamahalaan, ng pagsasarili at malaking tulong na magkaroon ng nagsasariling pamahalaan. Ito ang naging dahilan ng patuloy na pagpapalawak ng kanilang mga teritoryo sa iba't ibang bahagi ng Asya at Aprika at tuluyang paghahangad na ito'y maging bahagi ng kanilang lupain.

Ang Rebolusyong Industriyal noong ika-18 dantaon ay naging salik sa paghahanap ng mga bansa sa Europa at Hilagang Amerika na maghanap ng mga pamilihan na magiging laglagan ng kanilang mga produktong ginawa. Sa maraming produkto na kanilang ginawa ay kinakailangan nila ng pagtatayuan ng mga bagong pabrika na kailangan ang mga hilaw na materyales na sa mga bansang kanilang sakop lamang libreng makukuha. Ang mga produktong gaya

ng *rubber*, *copper* at ginto ay nanggaling sa Aprika, bulak at *jute* sa India, at *tin* sa Timog Silangang Asya. Ang mga hilaw na materyales na ito ay nakatulong sa pagpapalaki at pagpapalago ng mga industriya sa Amerika at sa Europa. Ang ilan pa sa mga karagdagang produkto na nakilala sa pamilihing panginternasyonal ay ang saging, dalandan, melon at mga prutas na karaniwang sa Asyalamang matatagpuan. Ang mga mamamayan sa Paris, London at Berlin ay natutonguminom ng tsaa, tsokolate, at kape kasabay ng kanilang mga pagkain at gumamit ng mga sabon na nanggaling sa *palm oil* ng Aprika at langis ng niyog sa Asya.

Nagsilbi ring bagong pamilihan at paglalagakan ng mga produkto ng Kanluranin ang kanilang mga bansang nasakop. Naging tagapagluwas ng mga hilaw na materyal ang mga bansang sakop samantalang ang pagbubuo ng mga ito ay ginagawa sa mga pabrika ng mga Kanluranin na bansa. Ganito ang naging kalakaran sa napakahabang panahon kaya nanatili ang pagdepende sa mga produkto ng magkabila lalo na sa pagpaparami at pagpapalaki ng produksiyon.

Dahil sa paghahangad ng mga taga-Kanluran ng mas malaki pang oportunidad sakanilang mga kolonya kaya hinimok nila ang kanilang mga mamamayan na maglakbaytungo sa mga bansa sa Asya at Pasipiko. Binigyan nila ng pagkakataon na mag-ari ng mga lupain ang mga ito sa kanilang mga kolonya, patakubuhin ang pamahalaang itinatagat pamunuan ito at kontrolin ang mga paaralan at ekonomiya ng mga kolonya. Dahil dito ay nagpatuloy ang mga patakarang kolonyal at naitatag ang mga institusyong kolonyal na mag-iwan ng tatak sa pamumuno ng mga bansang Kanluranin gaya ng Great Britain at Amerika.

Ang mga imperyalistang bansa ay gumamit ng iba't ibang pamamaraan upang makakuha ng bagong lupain. Minsan sila ay gumagamit ng mga kasunduan, binibili ang mga lupain mula sa dating mga mananakop o kaya simpleng sinasakop ang isang lupain sa pamamagitan ng puwersang militar.

Ang mga imperyalistang bansa ay may iba't ibang anyo sa pamamaraan ng pagkontrol sa kanilang mga teritoryo. Ang una ay tinatawag na *colony*, kung saan ay direktang kinokontrol at pinamamahalaan ng imperyalistang bansa ang kanyang sakop

na bansa gaya ng ginawa ng Espanya sa Pilipinas, Britanya sa India at Pransiya sadating Indo-Tsina. Ang *protectorate* ay mayroong sariling pamahalaan ngunit ang mgapatakaran at kautusan ay dinidirekta ng

imperyalistang bansa lalo na sa patakarang panlabas. Tulad ng ginawa ng Amerika sa Pilipinas, Britanya sa Hongkong at Portugal sa Macau.

Ang pakikipagkalakalan, pagpapalaganap ng panibagong paniniwala at pilosopiya ay ilan lamang sa naging mga pangunahing dahilan ng pananakop ng mgabansang Kanluranin sa Asya. Upang lalong mapatatag ang kanilang kapangyarihan sapangkabuhayan at pulitikal na pamumuhay ng mga bansang Asyano at tuluyan ng sinakop at hinati ng mga Imperyalistang mananakop ang Asya. Ang mga *British* ay pangunahing kinontrol ang kalakalan sa India nguni't ang kanilang pananakop ay naging daan sa pag-usbong ng nasyonalismong magpapabagsak sa kanilang rehimen sa India sa tulong ng Rebyong Sepoy at pagtatatag ng sariling republika. Hindi lamang ang India ang sinakop ng Gran Britanya sa Asya kundi maging ang Tsina.

Ang mga bansa sa Timog Silangang Asya ay patuloy na sinakop ng mga bansang Kanluranin gaya ng Britanya, Espanya at ng Olandiya sa aspektong pangkabuhayan, pulitika at pamumuhay ng mga tao.

Ang mga British sa India

Ang pagsisimula ng panggagalugad ng mga bansang Europeo ang nagtulakupang magkaroon ng pagkakataon ang Britanya na kontrolin ang kalakalan sa India. Sapamamagitan ng pagtatatag ng *East India Company* ay nakontrol ng mga British ang kalakalan ng ruta tungo sa India. Ito ang naging dahilan sa pagiging mayaman ngnabanggit na kumpanya at nagdala ng malaking kita sa imperyo at sa mga mangangalakal na naging bahagi ng kalakalan. Dahil sa malaking kita na tinatanggap ng kompanyang British sa kalakalan ay nagkaroon ito ng ka-kumpetensiyang bansa ang Pransiya. Itinatag ng Pransiya ang *French East India Company* nguni't ito'y hinadlangan ng mga British sa pamamagitan ng *Battle of Plassey* noong 1757 na kung saan ay natalo ang mga Pranses. Hindi lamang ang kalakalan ang kinontrol ng mga British kundi nagpasimula na rin silang magpasok at magturo ng mga kultural na pagbabago sa India.

Sanhi ng mga pinairal na patakarang pampulitika, pang-ekonomiya at panlipunan at paglakas ng kapangyarihang Ingles, may mga umiiral na tradisyong Hindu at Muslim na ipinagbawal. Tulad ng *suttee o sati*, ay isang boluntaryong pagsunog sa katawan ng asawang babae sa ibabaw ng bangkay ng asawa. Ang mga babaing balo sa paniniwalang Hindu ay pinagbawalang mag-asawa, nagpanukala ng batas ang Ingles na sila ay pinayagan ng mag-asawa. Ang pagbaba ng katayuan sa lipunan ng mga Brahman, ang pagpataw ng buwis sa mga may-ari ng lupain, at ang pagtatangi ng lahi na tanging puti

lamang ang binibigyan ng mataas na posisyon sa pamahalaan.

Hanggang noong 1857, sumiklab ang *Rebelyong Sepoy*, isang grupo ng mga kawal sa India o kilala sa tawag na *Sepoy* ang nag-alsa upang tutulan ang pagsisimula ng pag-impluwensiya ng mga British sa kanilang pananampalataya at panlipunang pamumuhay ng mga taga-India. Nangyari ito nang nabalitaan ng mga sundalong sepoy na Muslim at Hindu na ang taba ng baboy at baka ay ginamit na panlinis sa sandata. Sa paniniwalang Muslim ang taba ng baboy ay marumi at ang taba ng baka para sa mga Hindu ay isang sagrado. Sa paniniwala ng mga Muslim at Hindu, isang paglapastangan sa kanilang relihiyon ang ginawa ng mga Ingles. Tumagal ang rebelyon ng ilang buwan. Maraming namatay na Ingles at mga Indian at muntik nang mapatalsik ang imperyong Ingles sa naganap na rebelyon. Kinailangan ang tulong ng pamahalaang Ingles upang matigil ang rebelyon.


May mga pagbabagong pampulitikal na ipinatupad ang pamahalaang Ingles pagkatapos ng rebelyon. Ang pamahalaang Ingles ang direkta ng mamamahala sa India mula sa British East India Company. Nagtalaga ng *viceroyna* magiging kinatawan ng pamahalaang Ingles. Noong 1877, ganap ng itinalaga si Reyna Victoria bilang Empress ng India. Ang maseselang posisyon ay nasa pamahalaang Ingles. Binigyan ng pabor ang mga katutubong prinsipal na nanakipagtulungan at ang ayaw makipagkaisa ay may naghihintay na kaparusahan. Ipinatupad ang eksaminasyon sa nagnanais mamasukan sa pamahalaan at nagpataw ng mataas na buwis sa mga magsasaka.

Upang maipalaganap ang pangunahing interes sa kalakalan sa India. Ipinayos ang mga estado na may hidwaan. Nagtatag ng maayos at sentralisadong pamahalaan. Dinala ng mga Ingles ang makabagong kaalaman sa teknolohiya. Upang mabilis na madala ang mga kalakal sa mga pantalan ipinagawa ang mga daan, tulay, riles ng tren, mga pagawaan, sistema ng komunikasyon, irigasyon, nagpagawa ng mga ospital para mabigyan ng medikal na atensyon ang kalusugan ng mga Indian, bago dumating ang mga Ingles sa India maraming lumaganap na sakit tulad ng tuberculosis, bubonic plague, malaria at iba pa na hindi alam ng mga katutubo kung paano ito malalapatan ng lunas. Maging ang paaralan ay nagpatayo sila. Sa edukasyon ginamit ang Ingles bilang panturo sa paaralan. May mga Indian na ipinadala at pinag-aral sa England. Pinaunlad ang taniman. Sapilitang pinagtanim ang mga magsasaka.

Ito'y nagbigay ng mabuti at di mabuting epekto sa Indiadahil una ito'y nakatulong sa pagbabago ng kanilang pangkabuhayan ngunit ang mgaimprastrakturang nabanggit ay mas nakatulong ng lubusan sa pagpapabilis ng kalakalan at pagbibigay ng malaking kita sa bansang

mananakop. Maraming mganasyonalistikong pinuno sa India ang naghangad ng mga reporma at tunay na paglaya sa Britanya sa pamamagitan ng kanilang pagtatatag ng *Indian National Congress* noong 1885. Nguni't anuman ang kanilang mga pagsisikap dahil nga sa malaking kapakinabangan sa ekonomiya ay patuloy pa rin itong kinontrol ng Britanya hanggang ika-19 na siglo.

KANLURANG ASYA



Sa sinaunang kabihasan sa Kanlurang Asya nakaranas na ito ng maraming pananakop. Ang huling mananakop sa Kanlurang Asya ang Turkong Ottoman na nagmula sa Turkey. Napakalakas ng imperyong ito kaya naghari ng maraming siglo. Bukod sa pinaghaharian ng mga magagaling na pinuno, ang relihiyong Islam ang ginamit para makuha ang pagkakaisa ng mga Arabe.

Ang Kanlurang Asya ay matagal nang nag-aasam ng Nasyonalismo sa kamay ng mga Turkong Muslim. Sa pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig ang mga taga Kanlurang Asya ay kumampi sa pwersang Alyado sa kagustuhan nilang makalaya sa kamay ng mga Turkong Ottoman. Ang inaasam nilang kalayaan ay napalitan ng panibagong patakaran sa ipinatupad ng Liga ng mga bansa. Sa pagkakataong ito, ang Kanlurang Asya ay sumailalim sa pananakop ng mga Kanluraning England at France noong 1914 sa pamamagitan ng isang tsarter, o mandato ng Liga ng mga bansa. Ang mga Europeong nanalo sa Unang Digmaan ay magiging mandato ng ilang teritoryo ng mga natalong bansa. Ang Iraq at Palestine (ngayo'y Israel, ang Westbank, ang Gaza Istrip, at ang Jordan) ang mandato ng Great Britain, ang mandato ng France ang Syria at Lebanon.

Nagkaroon ng interest ang mga Kanluranin sa Kanlurang Asya nang madiskubre ang langis sa Gitnang Silangan.


Sa mga isyung pulitikal at sosyal nanghimasok ang mga Kanluranin sa Kanlurang Asya. Katulad ng relasyon ng mga Hudyo at mga Palestinong Arabe. Sa pamamagitan ng Balfour Declaration, Nobyembre 2, 1917 sinuportahan ang aspirasyon ng mga Zionista naipagkaloob sa mga Hudyo ang pagkakaroon ng bahaging matitirhan sa Palestine na hindi tinanggap ng mga Nasyonalistang Arabeng Palestino na matagal ng nakatira sa Palestine. Mula noon hanggang ngayon ay walang kapayapaan sa relasyon ng mga Palestinong Arabe at mga Hudyo. Maraming digmaan ang naganap sa pagitan ng mga bansang ito.

Ang pinairal na patakarang ginamit sa Kanlurang Asya ay *Sistemang Mandato (mandate system)*, pansamantala silang sasailalim sa kamay ng mga Kanluranin habang tinutulungan silang makapagsarili at makapagtatag ng pamahalaan.

Kung inyong susuriin ang Kolonyalismo at Imperyalismong naganap sa Timog at Kanlurang Asya ay pagsasamantala sa mga kolonya ngunit sa bandang huli mauunawaan mo na may naidulot ito sa pamumuhay ng mga Asyano lalo na sa kalagayan ng mga bansa sa kasalukuyan tulad sa India, sa Israel, sa Saudi Arabia, Dubai at iba pang bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa pagharap sa hamon ng makabagong panahon.

GAWAIN BLG.7: TREE DIAGRAM

PANUTO, Isulat sa blanko ang mga dahilan ng pananakop ng mga Kanluranin sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismo at Kolonyalismo sa Asya. Ipaliwanag ayon sa pagkaunawa ang bawat dahilan at alin sa mga ito ang nanaig sa Ikalawang Yugto ng pananakop.



PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang mga dahilan na nagbunsod sa mga Kanluranin na lalong maghangad ng kolonya sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Ano ang White Man's Burden?
3. Kung ikaw ay isang mamamayan na nakaranas ng pananakop ng Kanluranin, ano ang iyong tugon sa sinabi ni Rudyard Kipling?
4. Tunay ba na ang mga Kanluraninay nakatulong sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga Asyano? Paano?



GAWAIN BLG.8: i-Historya.....Mo

Panuto: 1. Hahatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Hahayaan ko kayo na makapagpakita ng malikhaing pagsasalaysay. Bigyang diin sa pagsasalaysay ang mahahalagang pangyayari ayon sa rehiyon ng mga bansa sa Asya. Pagkatapos nito iyong sagutin ang Data Retrieval Chart sa ibaba.

- Timog Asya
 - Kanlurang Asya
2. Ipakikita ang mga paraan at patakaran ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga Kanluranin sa Ikalawang Yugto (18-19 siglo) sa pagdating sa Timog at Kanlurang Asya.
 3. Bigyang pansin ang mga pagbabagong naganap (epekto) sa paraan ng pamumuhay ng mga taga-Timog at Kanlurang Asya.

IKALAWANG YUGTO NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA (IKA-18-19 SIGLO)

Rehiyon	Mananakop	Paraan ng Pananakop	Patakaran
Timog (India)	England		
Kanluran (Palestine/Israel at Jordan), Iraq, Syria at Lebanon)	England France		




PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang paraan ng pananakop sa Ikalawang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Ano ang patakarang umiral sa Timog Asya? sa Kanlurang Asya?

3. Ano ang pagkakaiba ng sistemang Kapitalismo sa Mandato?
4. Paano naging makapangyarihan sa daigdig ang mga Europeo, ang mga Amerikano ?
5. Sa kabila ng paghahari ng mga mananakop sa Timog at Kanlurang Asya, may natutuhan ba ang mga Asyano sa pagdating ng mga Kanluranin?

GAWAIN BLG. 8:DEBATE sa Rebelyong Sepoy

Panuto: Maghaharap ang dalawang panig para sadebateng impormal. Sundin niyo lamang ang direksyon sa ibaba.



Mamarkahan ang debate sa pamamagitan ng rubric na nasa ibaba.

Pasimulang Pahayag ng Pangkat na Panig(affirmative team)
 –dalawang minuto
 Pasimulang pahayag ng Pangkat na Di-panig (negative team)
 -dalawang minuto
 (Tatlong minuto ang nakalaan sa dalawang pangkat bilang
 – tatlong minute paghahanda sa pagsalungat(rebuttals))
 PangalawangPahayag ng Pangkat na Panig(affirmative team)
 –dalawang minute
 Pangalawang Pahayag ng Pangkat na Di-panig (negative team)-
 dalawang minuto
 (Tatlong minuto ang nakalaan sa dalawang pangkat bilang – tatlong
 minutopaghahanda sa pagsalungat(rebuttals))
 Huling Pahayag ng pangkat na panig(affirmative team) –dalawang minuto
 Huling Pahayag ng pangkat na di-panig (negative team)-dalawang minuto

Mga Kraytirya	Natatangi 5 puntos	Mahusay 4 puntos	Medyo Mahusay 3 puntos	Hindi Mahusay 2 puntos
1.Kaalaman at Mga pagkakaunawa sa paksa	Natatangi 5 puntos	Mahusay 4 puntos	Medyo Mahusay 3 puntos	Hindi Mahusay 2 puntos
2.Organisasyon				
1.Kaalaman at pagkakaunawa sa paksa				224
2.Organisasyon				
3.Kalidad ng				

3.Kalidad ng impormasyon o ebidensiya				
4.Kaalaman sa kontekstong pangkasaysayan				



PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang ibig sabihin ng sepoy?
2. Bakit nagkaroon ng rebelyong sepoy?
3. Paano mabuhay sa isang bansang ang naghahari ay imperyalista?
4. Paano naging World Power ang England?
5. Ano ang aral na natutunan sa rebelyon para sa mga mananakop at sa sinakop?
- 6.

GAWAIN BLG. 9:PAGSUSURING PANGTEKSTO

Panuto: Basahin, suriin ang teksto sa ibaba at sa sagutin ang gawain kasunod ng teksto

MGA EPEKTO NG KOLONIALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA (Ika-16-20 Siglo)

Maraming pagbabago sa pamumuhay ng mga Asyano ang naidulot ng pananakop ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya. Ang mga sumusunod na aspeto ay nagpapakita kung paano nagbago ang pamumuhay ng mga katutubo. Nang tuluyang pinamahalaan ng mga Kanluranin ang Timog at Kanlurang Asya ang mga sumusunod na aspeto ay nagpapakita kung paano nagbago ang pamumuhay ng mga Asyano .

Ang Indian at mga Arabe ay lubhang naapektuhan. Pinakinabangan nang husto ang mga likas na yaman at mga hilaw na sangkap bunga nang nagaganap na Rebolusyong Industriyal na nagdulot ng pagdagsa ng mga Kapitalista sa mga kolonya. Ang mahabang panahon ng pananakop ng mga Imperyong Europeo sa Asya ay naging daan sa pagkakaroon ng mga pamilihan paglalagyan ng mga produktong galing sa mga bansang mananakop at pagkukunan ng mga hilaw na materyal na kailangan ng mga bansa sa pagbuo ng kanilang mga produkto. Nasanay ang mga Asyano sa paggamit ng mga produktong dayuhan kaya minabuti ng mga bansang mananakop na maglagay na rin ng mga pabrikang bubuo sa mga hilaw na materyal na galing sa mga kolonya. Ang natural na kapaligiran ng mga bansang Asyano ay unti

unting naubos at pinagkakitaan ng mga dayuhan. Malaking kita at pakinabang ang naibigay ng mga pamilihan sa antas ng ekonomiya ng mga Europeong bansa nguni't nanatiling nakatali ang ekonomiya ng mga kolonya dito. Nagpatayo ng mga tulay, riles ng tren, kalsada ang mga mananakop upang maging mabilis ang pagdadala at pagluluwas ng mga produkto. Dahil dito ay isinilang ang mga Asyanong naging mangangalakal o *middleman* ng mga produkto kaya sila ay umunlad din sa kanilang mga pamumuhay at nanatiling mga tagapagtaguyod ng mga batas na magpapatibay sa kolonisasyon. Sila ay mga nabigyan ng puwesto sa pamahalaan at ekonomiya kaya naging mahirap ang mga ginawang pag-aalsa ng ilang mga patriotikong Asyano sa dahilang sila'y hindi sumusuporta sa mga nasabing kilusan. Nais nilang manatili ang sistemang pinatatakpong direkta o di direkta sa pamamagitan nila ng mga dayuhan. Sila ngayon ang nagsamantala hanggang sa maging mayaman at makapangyarihan sa bansa. Inayos ang kalusugan ng mga mamamayan kaya nagtayo ng mga ospital para magamot ang mga maysakit at mabigyan ng lunas ang mga sakit na laganap bago dumating ang mga mananakop .

Sa pagdating ng mga Kanluraninang kalagayan ng mga katutubo ay hiwa-hiwalay na estado na iba-iba ang namumuno. Nagtatag ang mga mananakop ng isang pamamahala. Ngunit ang mga matataas na posisyon ay para lamang sa mga Kanluranin at ang mababang posisyon ay para sa mga katutubo. Naalis sa kolonya na pamahalaan ang sariling bansa. Ipinakilala ng mga Kanluranin ang Kaisipan na nagbigay ng hindi pagkakasundo-sundo ng mga Asyano sa pamamahala. Nagkaroon ng paghahati-hati ng rehiyon sa mga Kanluraning bansa at nagkaroon ng "fixed border" o takdang hangganan ang teritoryo ng bawat bansa.

Maging ang mga paniniwala, pilosopiya at pananampalataya ng mga Asyano ay pinalitan ng mga dayuhankaya naging mabuti itong behikulo sa kanilang matagal na pananakop.. Nagkaroon ng paghahalo ng lahi ng mga katutubo at mga Kanluranin para makuha ang katapatan ng kolonya. Pinanghimasukan ang tradisyon ng mga katutubo. Ang mga kaugalian ay nahaluan tulad sa mga pagkain at istilo ng pamumuhay ay ginaya.

Ang edukasyon ay naging instrumento rin para payapain ang mga Asyanong naghahangad ng pagbabago sa dahilang ang mga nakapag-aral na ito ang nagdala ng bagong mga ideolohiya tungo sa pagbabago sa kanilang mga bansa. Ito ang ginamit ng mga katutubo para makalaya sa kamay ng mga mananakop. Nang matuto ang mga kolonya na ipaglaban ang kanilang karapatan at nagising ang damdamin para sa pagmamahal sa bayan reporma

ang kanilang sigaw samantalang ang mas nakakarami ay separasyon naman ang nais. Ang paghahati na ito ng antas ng uri ng mga mamamayan ay nagresulta sa dalawang sanga: ang pagtatatag ng nasyon-estado sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga batas at Saligang Batas o ang paglago ng dating bayan na pinanatili ang dating kalinangan bago dumating ang mga dayuhang mananakop.

Ang liberal na mga kaisipan ay nakatulong sa pagpukaw ng damdaming makabayan o nasyonalismo sa mga bansang Asyano. Ito ang naging simula ng pagbubuo pa ng mga kilusang nasyonalismo na naglalayong magpalaya ng mgabansang Asyano sa kamay ng mga dayuhan.

Panuto: Lagyan ng E_kung Ekonomiya, P_kung Pulitika, at S/K_kung Sosyo-Kultural na epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Asya.

- _____ 1. Ang India ang naging tagapagtustos ng mga hilaw na materyales at pamilihan ng produktong Kanluranin.
- _____ 2. Maraming katutubo ang yumakap sa Kristiyanismo
- _____ 3. Nagkaroon ng “fixed border” o takdang hangganan ang teritoryo ng bawat bansa.
- _____ 4. Sumulpot ang mga kolonyal na lungsod.
- _____ 5. Nagkaroon ng paghahalo ng lahi ng mga Kanluranin at katutubo Upang mapanatili ang katapatan ng kolonya.
- _____ 6. Pag-unlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon.
- _____ 7. Nawalan ng karapatan ang mga Asyano na pamahalaan ang sariling bansa gamit ang sariling sistema.
- _____ 8. Nailipat sa Europa ang mga kayamanan ng Asya na dapat pinakinabangan ng mga Asyano.
- _____ 9. Nagtayo ng mga irigasyon, ospital, paaralan, at simbahan.
- _____ 10. Nagkaroon ng makabagong kaisipan at ideyana magamit sa Pagpapatakbo ng pamahalaan, ekonomiya at iba pang aspeto ng buhay.
- _____ 11. Nabuo ang mga kilusang nasyonalismo.
- _____ 12. Nagtatag ng maayos at sentralisadong pamahalaan.
- _____ 13. Mga Kaugalian ay nahaluan.
- _____ 14. Mga istilo ng pamumuhay ay iginaya sa Kanluranin.
- _____ 15. Isinilang ang mga Asyanong mangangalakal o “middle man”.
- _____ 16. Pagpapairal ng wikang Kanluranin bilang wikang gagamitin sa mga paaralan.



PAMPROSESONG TANONG

1. Anong mga pagbabago ang dulot ng pananakop ng mga Kanluranin sa Asya?

2. Anu-anong aspeto ang nabago sa Timog at Kanlurang Asya?

GAWAIN BLG. 10: PAGTATAYA NG EPEKTO

Matapos masuri ang epekto ng Kolonyalismo at imperyalismona naganap sa Timog at Kanlurang Asya. Iyong tayain ang epekto ng kolonyalismo at imperyalismona sa Timog at Kanlurang Asya.

Panuto: Lagyan ng (+) plus sign kung mabuting epekto at (-) minus sign kung di mabuting epekto ng kolonyalismo at imperyalismo.

Timog Asya (India) Kanlurang Asya (Israel, Saudi Arabia, Dubai etc.)				
	Mabuti mabuti	Di-	Mabuti mabuti	Di-
Pamahalaan				
Kabuhayan				
Teknolohiya				
Lipunan				
Edukasyon				
Paniniwala				
Pagpapahalaga				
Sining at Kultura				



PAMPROSESONG TANONG

1. Paano nabago ang Timog at Kanlurang Asya sa iba't ibang aspeto?
2. Magbigay ng halimbawa sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya na sumasalamin sa epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga Kanluranin.
3. May malaking impluwensiya ba ang naganap na kolonyalismo at imperyalismo sa kalagayan pang-ekonomiya ngayon ng India, Saudi Arabia, Israel, Dubai at iba pang bansa sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya? Paano?

- Paano nagsilbing hamon sa pamumuhay ng India, Saudi Arabia, Israel, Dubai at iba pang bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang nakalipas na karanasan sa pananakop ?

GAWAIN BLG. 12: VENN DIAGRAM

Panuto: Paghambingin ang Kolonyalismo at Imperyalismong naganap noong Unang Yugto, Ikalawang Yugto at samakabagong panahon sa Timog at Kanlurang Asya.

Anyo ng Kolonyalismo noong:



PAMPROSESONG TANONG

- Ano ang diwa ng Kolonyalismo noong ika-16-17 siglo at ika-18-19 siglo?
- Bakit iyon ang naging batayan ng pag-unlad ng isang bansa noong Una at Ikalawang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
- Sa ngayon, ang pinagbabatayan pa ba ng pagiging maunlad ng isang bansa ay ang dami ng likas na yaman?
- Ano ang iyong pakahulugan sa Kolonyalismo at Imperyalismo sa panahon ng globalisasyon?
- Paano naging instrumento sa mga bansa sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya ang karanasan sa pananakop ng mga Kanluranin sa bagong hamon ng Kolonyalismo at imperyalismo sa makabagong panahon?

GAWAIN BLG.13: i-JINGLE MO! Kolonyalismo at Imperyalismo sa Asya....U!



Sa puntong ito, malalaman mo na kung ano ang Imperyalismo at Kolonyalismo. Sa tulong ng teksto na iyong nasa. Alam kong kaya mong gawin ang hamon na ito.

Panuto Bawat pangkat ay bubuo ng Jingle sa kahulugan ng *Imperyalismo* at *Kolonyalismo*. Tatanghaling panalo ang pangkat na makakasunod sa mga kategorya sa ibaba.

JINGLE RUBRIC

Kriteriya	Pinakamahusay 4	Mahusay 3	Hindi Mahusay 2	Kailangan Pang Linangin 1
Liriko	Ang liriko ay lubhang kahika-hikayat, naipamalas ang produkto ng maayos, simple at umuulit-ulit	Ang liriko ay kahika-hikayat, naipamalas ang produkto, simple	Ang liriko ay medyo kahika-hikayat, simple, di naipamalas ang produkto	Ang liriko di nakahihikayat, di naipamalas ang produkto
Melodiya	Naglalaman ng 3 na kalidad ng epektibong jingle, maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit	Naglalaman ng 2 na kalidad ng epektibong jingle, maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit	Naglalaman ng 1 na kalidad ng epektibong jingle, maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit	Walang kalidad ng epektibong jingle, maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit
Presentasyon	Napakahusay ang pagkakalikha, pinag-isipang mabuti ang mga bahagi	Mahusay ang pagkakalikha, pinag-isipang mabuti ang mga bahagi	Medyo mahusay ang pagkakalikha, medyo pinag-isipan ang mga bahagi	Di mahusay ang pagkakalikha, di pinag-isipan ang mga bahagi
Epektibong	Tugmang-tugma at nagkakugnay-	Tugma at nagkakaugnay-	Medyo tugma at medyo	Di tugma at di nagkakaugnay

Pangkalahatan	ugnay ang mga bahagi	ugnay ang mga bahagi	nagkakaugnay-ugnay ang mga bahagi	ang mga bahagi
----------------------	----------------------	----------------------	-----------------------------------	----------------




PAMPROSESONG TANONG

1. Batay sa inyong presentasyon, ano ang Kolonyalismo? Ano ang Imperyalismo?
2. Batay sa iyong naging sagot na nasa journal notebook mo, angkopba ang iyong kaalaman ukol sa kahulugan ng Imperyalismo at Kolonyalismo?
3. Ano ang inilalarawan ng prinsipal, at ng seksyon na nagmamamay-ari ng silid-aralan?
4. Makatwiran ba ang ginawa ng prinsipal? Bakit?
5. Sa kabila ng ginawa ng prinsipal, may naidulot ba itong mabuti sa iyo? Sa seksyon mo?

GAWAIN 14: BRAINSTORMING

Panuto: Maghanda ng blankong papel. Isulat ang iyong ideya ukol sa Imperyalismo at Kolonyalismo.



PAMPROSESONG TANONG

1. Sa iyong palagay, ang imperyalismo ba ay totoong nagbigay ng magandang kinabukasan at pag-asa sa mga bansang sinakop? Pangatwiran.
2. Sa pangkalahatan, masasabi mo bang nakabuti sa mga Asyano ang pagdating ng mga Kanluranin?
3. Bilang isang Pilipino at Asyano, paano ka magiging kabahagi sa pag-unlad ng ating bansa, sa ating rehiyon sa makabagong panahon?

Gawain 15: KWLS

Sa bahaging ito, pwede mo ng sagutan ang ikalawang kolum at ikatlong kolum. Pagkatapos, balikan ang iyong mga naging sagot sa journal notebook. Nadaadaan ba ang iyong kaalaman at pag-unawa sa atin aralin?

K Ano ang aking alam?	W Ano ang nais kung malaman?	L Ano ang aking natutunan?	S Ano pa ang gusto kong malaman?
			Paano nakamit ng Timog at Kanlurang Asya ang kasalukuyang kalagayan dulot ng kolonyalismo at imperyalismo?

Kung sa bahaging ito ay may mga katanungan, konsepto na may kaugnayan sa aralin na hindi pa gaanong malinaw at mga bahagi ng aralin na kailangan ng karagdagang paliwanag, maaaring magtanong ka sa iyong kapwa mag-aaral o kaya ay sa iyong guro. Mahalagang maging malinaw sa iyo ang lahat ng mga kaalaman at pag-unawa na kakailanganin sa aralin na ito upang mahusay mong magampanan ang huling gawain para sa modyul na ito.

Ngayon ay natapos mo na ang bahagi ng Paunlarin para sa Aralin 1.

Ngayong ay may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa ukol sa mga dahilan, paraan at epekto ng Imperyalismo at Kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng aralin na ito upang mapalalim at mapalawak pa ang iyong pag-unawa ukol sa paksang ito.

PAGNILAYAN AT UNAWAIN

Sa bahaging ito pagtitibayin mo ang mga nabuong pang-unawa ukol sa paksa. Inaasahan din na sa pagkakataong ito ay kritikal na masusuri mo ang impluwensiya ng pananakop ng mga Kanluranin sa pamumuhay ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

GAWAIN 16: PAGBASA NG ISYUNG GLOBAL

PANUTO: Basahin ang isyung global at suriin ang nilalaman nito.

Middle East

Oil. That is what the modern Middle Eastern geopolitics have usually been about. Given the vast energy resources that form the backbone of western economies, influence and involvement in the Middle East has been of paramount importance for the former and current imperial and super powers, including France, Britain, USA and the former Soviet Union.

Prior to the discovery of oil, the region had been a hotbed for religious conflict and wars over other rich resources and land. The declining Ottoman Empire paved way for the rising European imperial and colonial powers interested in securing various territories and controlling access to Asia. In more recent times, interest in the region has been due to the energy resources there.



As a result, for centuries, western populations have been acclimatized to a type of propaganda and vilification of the Arab and other people of the Middle East, and of Islam in general. This was especially so during the European colonial times, as so vividly examined by Edward Said, in his well-respected book, *Orientalism*. This negative stereotyping has served to provide justifications for involvement and to ensure “stability” for the “national interests” of the powers that want to be involved in the region.

This cultural stereotyping and racism has occurred in the modern times too. Often, especially in the 1980s, war films depicting an Arab or



PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang mga dahilan ng kaguluhang nagaganap sa Middle East?
2. Saan nag-ugat ang ganitong hidwaan ng mga Arabe at mga Israeli, ng Iran at Iraq, ng Syria, ng Turkey, ng Lebanon at iba pang mga bansa sa Middle East?
3. Anong mga paraan ang ginamit ng bansang Kanluranin at ng Amerika sa Middle East?
4. Tama bang makialam ang mga Europeo at Amerika sa usapingpulitikal at sosyal sa Middle East? Bakit?
5. Bilang, isang mag-aaral, isang Pilipino, anong aksyon ang gagawin mo upang ikaw mismo ay makaiwas sa panghihimasok o pagsasamantala ng ibang tao, ng ibang bansa na gustong pagsamantalan angiyong kahinaan?

Gawain 17: Pagpapalalim ng Kaalaman

Kung ang karanasan ng Pilipinas ang tutukuyin, paano mo maisasalarawan ang epekto sa iyo ng pananakop ng Kastila? Magbigay ng isang halimbawa. Anong aral ang iyong natutunan na magagamit mo sa hamon ng makabagong panahon?

GAWAIN 18: Gagawa ka ng Reflection Journal.

Gumawa ka ng komitment sa iyong journal . Maging gabay mo ang iyong pandama sa mahalagang pangkasaysayan ng pagpupunyagi ng mga Pilipino at bilang isang Asyano, na tuldukan mo na ang Kolonyalismo at Imperyalismo at isipin mo ang mabuo bilang isang bansa at rehiyon sa Asya

- Paano nagbago ang iyong pananaw bilang isang mag-aaral dahil sa mga pagpupunyaging ipinakita ng mga Pilipino at ng mga Indian at Arabe sa Timog at Kanlurang Asya sa panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo?
 - Ipakita mo ang iyong pagkaunawa sa naganap(epekto) na pananakop ng mga Kanluranin ukol sa pamumuhay, sa pulitika, sa kultura at edukasyon sa mga Asyano
- Banggitin ang iyon plano kung paano makikiisa sa layunin sa mga makabagong hamon ng Kolonyalismo at Imperyalismo na hinaharap ng rehiyon at ng bansa sa Globalisasyon .

BINABATI KITA!

Mahusay mong nagampanan ang gawain sa bahagi ng Pagnilayan at Unawain para sa Aralin 1.

Ngayon ay mayroon ka nang sapat na pang-unawa ukol sa impluwensiya ng pananakop ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya. Sigurado akong handa ka na para sa susunod na gawain.

ILIPAT/ISABUHAY

Gagawa ng Editorial Cartoon. Gamit ang Oslo Paper.

Gumuhit ng simbolo na naglalarawan ng Koloyalismo at Imperyalismong naganap sa Timog at Kanlurang Asya mula sa Unang Yugto, Ikalawang Yugto hanggang sa kasalukuyang panahon. Pakilagyan ng paliwanag ang ginawang editorial cartoon. Pagkatapos gawin ang editorial cartoon. Tatawag ng ilang mag-aaral para magbahagi sa klase sa natapos na gawain.

Transisyon sa susunod na modyul

Binigyang-diin aralin na ito ang mga paraan, patakaran at epekto ng Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya. Nagkaroon ng malaking impluwensiya ang mga nanakop na Kanluranin sa kultura, ekonomiya at politika ng mga nasakop na lupain sa Asya. Dumanas ng malubhang paghihirap, kagutuman, pang-aabuso at pagkawala ng karapatan at kalayaan ang mga Asyano dulot ng mga patakaran ng mga Kanluraning nakasakop sa kanilang lupain.

Ang mga karanasan ng mga Asyano mula sa pananakop ng mga Kanluranin ay nagbigay-daan sa pag-unlad ng kanilang damdaming nasyonalismo. Mauunawaan mo sa susunod na aralin ang iba't ibang anyo ng nasyonalismong umunlad sa mga piling bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

ARALIN BILANG 2

PAG-USBONG NG NASYONALISMO AT PAGLAYA NG MGA BANSANG SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

Paksa (2.1) Ang papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya

Paksa (2.2) Ang mga salik at pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo

Paksa (2.3) Ibat ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Paksa (2.4) Bahaging ginagampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo

Paksa (2.5) Epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partisyon/paghahati ng India at Pakistan

ALAMIN

Isang magandang araw sa iyo, Kumusta ka? Di ba masayang isipin na ngayon ay maaari at malaya na nating nagagawa nang may responsibilidad ang mga bagay na dapat nating gawin?, Salamat sa kalayaang naibigay sa atin ng ating mga lider na marubdob ang diwa ng nasyonalismo. Nabatid mo sa ating nakaraang aralin ang naging karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalista at imperyalistang mga Kanluranin. Sa pagkakataon namang ito , ay mababatid mo ang naging reaksiyon ng mga Asyano sa mga patakarang ipinatupad ng mga dayuhan sa mga bansa ng Timog at Kanlurang Asya. Ang kanilang pagpapakita ng nasyonalismo na nakatuon laban sa mga Kanluranin. Marahil naitatanong mo sa iyong sarili, "*Ano ang nasyonalismo*"? *Paano ang ating mga kapwa Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ay tumugon sa pananakop na ginawa ng mga Kanluraning Bansa? Nakaapekto ba sa mga tao at paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang pagpapakita ng nasyonalismo?* Maipaliliwanag ang kasagutan sa mga katanungang ito, sa susunod

GAWAIN BLG.1: MAG –USAP TAYO

Panuto: Pangkatang Talakayan – Magbibigay ang guro sa mga mag-aaral ng isang sitwasyon gaya sa ibaba: Hayaang pag-usapan ng bawat pangkat ng mag-aaral ang kanilang kasagutan sa mga katanungan na may kaugnayan sa sitwasyon sa loob ng 15 minuto. Isulat ang mga kasagutan sa


mga dialogue box na nasa ibaba. Mag-uulat sa klase ang bawat napiling lider ng pangkat.

Sitwasyon: Nagdaos ng *Athletic Meet* sa inyong dibisyon. Isa sa mga makikipagkumpetensiya ay ang inyong paaralan. Hindi ka kabilang sa mga manlalaro ng inyong paaralan. Bilang isa sa mga mag-aaral,




PAMPROSESONG MGA TANONG

1. Ano-ano ang iyong gagawin upang maipakita ang pagmamalasakit sa iyong paaralan at sa inyong mga manlalaro?
2. Bakit kailangan mong suportahan at tulungan ang paaralan at mga manlalaro sa magaganap na *Athletic Meet*?
3. Paano makaaapekto sa inyong paaralan at mga manlalaro ang mga hakbang na iyong naiambag para sa nasabing gawain?
4. Ano-anong mga pagpapahalaga ang maipakikita mo sa pagsasagawa ng mga hakbang para sa inyong paaralan at mga manlalaro?
5. Anong konsepto may kaugnayan ang mga pagpapahalagang naipakita mo sa pagsasagawa ng iyong mga hakbang sa pagtulon sa inyong paaralan at kapwa mag-aaral?



Siguradong matapos mong mabuo ang konseptong nasyonalismo ay nais mo pang maragdagan ang iyong kaalaman ukol dito. Bago natin ipagpatuloy ang pagtalakay ukol sa nasyonalismo ay maaari mong suriin ang collage sa ibaba.

GAWAIN BLG. 2: PICTURE! PICTURE!





PAMPROSESONG MGA TANONG

Subukin mong sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng larawan?
2. Mula sa larawan, ano ang mga pamamaraang ginawa ng mga kilalang lider upang maipakita ang pagmamahal sa kanilang bansa sa Timog at Kanlurang Asya?
3. Paano nakaapekto ang pag-usbong ng nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya noon at sa kasalukuyan?




Batid kong nabigyang-kahulugan mo ang bawat larawan at nais mo pang madagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa mga tunay na kaganapan sa pag-usbong ng nasyonalismo lalong lalo na sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Bago natin ito talakayin ay maaari mong sagutan ang kasunod na *concept cluster*, Maaari mo itong kulayan upang maging kaakit-akit. Handa ka na ba ?

GAWAIN BLG.3: CONCEPT CLUSTER KO!

PANUTO: Ilagay mo ang mga kaalamang sa palagay mo ay may kaugnayan sa Nasyonalismo sa kahon na may nakalagay na *Initial Answer*, ang 3

kahong natitira ay iyo lamang masasagot sa susunod nating gawain. Binabati kita, sa maganda mong pagkakakulay sa iyong *Concept Cluster*.



man tungkol sa
 sa Timog at
 aman ang mga
 g mabatid ang
 gtupad sa iba't
 ito.
 a ang iyong mga
 g natutuhan sa

PAUNLARIN

Sa bahaging ito ng Modyul ay inaasahan, na matututuhan mo ang kahulugan ng nasyonalismo, ang mga salik at pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. *Ano ang mga naibunga nito sa mga bansa at pamumuhay ng mga tao?*

Maaari mong balikan ang iyong mga kasagutan at katanungan sa unang bahagi ng Modyul na ito. Sa pamamagitan nito ay malalaman mo ang iyong wastong mga sagot.

Marahil handa ka nang magbasa tungkol sa mga tunay na kaganapan sa pag-usbong ng Nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Naniniwala akong mawiwili ka sa pagbabasa nito.

NASYONALISMO SA ASYA

Ang pananakop, pagpapasailalim sa kapangyarihan at pagsasamantala ng mga bansang Kanluranin sa mga bansang Asyano, ang nagbigay- daan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Asya.

Ang nasyonalismo ay damdaming makabayan na maipakikita sa matinding pagmamahal at pagpapahalaga sa Inang-bayan, ayon sa aklat na SEDP Kabihasang Asyano. Ang nasyonalismo sa Asya ay may ibat ibang anyo tulad ng *defensive nationalism* o mapagtanggol na nasyonalismo gaya ng ipinakita ng bansang Pilipinas at *aggressive nationalism* o mapusok na nasyonalismo na minsang ginawa ng bansang Hapon.

Pangunahing manipestasyon ng nasyonalismo ay pagkakaisa makikitaita sa pagtutulungan, pagkakabuklod sa iisang kultura, saloobin at hangarin. Maituturing ding manipestasyon ng nasyonalismo ang pagmamahal, pagtangkilik sa sariling mga produkto, ideya at kultura ng sariling bayan.

Naipapakita rin ang nasyonalismo sa pagiging makatwiran at makatarungan. Ang kahandaang magtanggol at mamatay ng isang tao para sa bayan ay maituturing na pinakamahalagang manipestasyon ng nasyonalismo.

Dahil sa hangarin ng mga Asyano na wakasan ang panghihimasok ng mga Kanluraning bansa sa kanilang kinamulang pamumuhay at makamtan ang kalayaan, maraming makabayang samahan ang naitatag sa Asya. Ang mga samahang ito ay pinangunahan ng mga kabataang nakapag-aral. Tunghayan natin ang nasyonalismong ipinakita sa Timog at Kanlurang Asya.

PAG-USBONG NG NASYONALISMO SA TIMOG ASYA

Nasyonalismo sa India

Ang pananakop ng mga Ingles sa India, ang nagbigay-daan upang magising ang diwa ng nasyonalismo dito. May ibat- iba mang wika at relihiyon ang mga Indian ay kumilos at nagkaisa upang umunlad at makabuo ng isang malayang bansa.

Si Mohandas Gandhi ang nangunang lider nasyonalista sa India, ang nagpakita ng mapayapang paraan sa paghingi ng kalayaan.

Pinakinabangan ng husto ng mga Ingles bilang among kolonyal ng India, ang mga likas na yaman nito. Dahil din sa pananakop ay naranasan din ng mga Indian ang mga patakarang para sa kanilang kultura ay di angkop . Tulad na lamang ng pagpapatigil ng mga Ingles sa *Suttee* o sati. Ipinatigil din ng mga Ingles ang *female infanticide*. Naging dahilan din ng paglaban ng mga Indian sa mga Ingles ang di-pantay na pagtingin sa kanilang lahi. Ito ang naging dahilan upang maisagawa ang Pag-aalsa ng mga Sepoy. Minsang naipatupad ng mga Ingles ang di pantay na pagtrato sa mga sundalong Indian malimit ay mataas na ranggo at suweldo ang ibinibigay sa mga sundalong Ingles kaysa sa mga sundalong Indian na nasa mababang posisyon at suweldo. Tumutol din ang mga sundalong Indian, Hindu at Muslim sa pagpapagamit sa kanila ng langis na pinaghihinalaang nagmula sa langis ng hayop para sa paglilinis ng kanilang mga riple at cartridge. Mas tumindi pa ang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga Indian nang maganap ang *Amritsar Massacre* noong Abril 13, 1919.

FEMALE INFANTICIDE pagpatay sa mga batang babae upang hindi maging suliranin at pabigat sa mga magulang pagdating ng panahon na

REBELYONG SEPOY ito ang pag-aalsa ng mga Sepoy o sundalong Indian sa mga Ingles bilang pagtutol sa pagtatangi ng lahi o racial

SUTTEE - ang pagpapatiwakal ng mga byudang babae at pagsama sa libing ng namatay na asawa.

AMRITSAR MASSACRE maraming mamamayang Indian ang namatay sa isang selebrasyon dahil sa pamamaril ng mga sundalong Ingles. Sa kaganapang ito ay namatay ang may 400 katao at mayroong 1200 na mga nasugatan.



Nagkaroon naman ng hiwalay na pagkilos ang mga Indian dahil sa kanilang magkakaibang pananampalataya. Naitatag ang All Indian National Congress sa panig ng mga Hindu na ang layunin ay matamo ang kalayaan ng India. Naitatag naman ang All Indian Muslim League noong 1906. Pinangunahan ito ni Ali Jinnah na kung saan ang interes ng mga Muslim ang binigyang-pansin. Layunin ng mga kasapi nito na magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim

Nanguna si Mohandas Gandhi sa layuning matamo ang kalayaan ng India. Isang Hindu na nakapag-aral. Nakilala siya sa kanyang matahimik at mapayapang paraan o non violence means ng pakikipaglaban para sa kalayaan ng India. Naniniwala siya sa Ahimsa at Satyagraha. Hinimok din ni Gandhi ang pagboykot ng mga Indian sa lahat ng produkto ng mga Ingles at sa lahat ng may kaugnayan sa mga Ingles. Sinimulan rin ni Gandhi ang Civil disobedience o hindi pagsunod sa pamahalaan. Dahil sa pamumuno sa mga protesta naranasan ni Gandhi ang mahuli at maipakulong.

Naideklara ang kalayaan ng India noong Agosto 15, 1947, lumaya ito sa kamay ng mga Ingles at pinamunuan ni Jawaharlal Nehru, kaalinsabay nito ang pagsilang ng bansang Pakistan na nabigyan din ng kalayaan sa ilalim naman ng pamumuno ni Mohammed Ali Jinnah.

Nabaril at namatay si Mohandas Gandhi na hindi nagtagumpay na mapag-isa ang Hindu at Muslim sa isang bansa.

Ahimsa- Ito ang hindi pagagamit ng dahas o non violence Ang Satyagraha nman ay ukol sa paglalabas ng katotohanan kasama ang pagdarasal, meditasyon, at pag-aayuno ayon kay Mateo et al. Asya, Pag-Usbong ng Kabihasan

NASYONALISMO SA KANLURANG ASYA

Ang nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay hindi katulad ng nasyonalismong naipakita ng mga bansa sa Timog Asya. Hindi agad naipakita ng mga bansa sa Kanlurang Asya ang nasyonalismo dahil karamihan sa mga bansa dito ay hawak ng dating malakas at matatag na imperyong Ottoman, bago pa man masakop ng mga Kanluraning bansa noong 1918. Matapos bumagsak ang imperyong Ottoman masakop at mapasailalim sa mga Kanluraning bansa, naipatupad sa mga bansa sa Kanlurang Asya ang sistemang mandato. Nagsumikap ang mga bansa sa Kanlurang Asya na unti-unting makamtan ang kalayaan mula sa Imperyong Ottoman at mga Kanluraning bansa. Ang nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay pinasimulan ng mga Arabo, Iranianans at mga

Ang Kuwait ang isa sa mga bansa na unang lumaya sa Kanlurang Asya noong 1759. Natamo naman ng Lebanon ang kanyang kalayaan mula sa imperyong Ottoman noong 1770, at noong 1926 ito ay naging ganap na republika sa ilalim ng mandato ng bansang France.

Isa ang bansang Turkey, na humingi ng kalayaan sa pamumuno ni Mustafa Kemal na nagsulong sa pagkakaroon ng isang republika. Sa pamamagitan ng Kasunduang Lausanne noong 1923 naisilang ang Republika ng Turkey.

Taong 1926 din ipinahayag ni Abdul ang sarili bilang hari ng Al Hijaz, matapos niyang malipol ang lahat ng teritoryo ay pinangalanan niya itong Saudi Arabia.

Ang Iraq naman ay naging protektado ng England noong 1932.

Naranasan naman ng mga Jew o Israelite ang Holucaoust sa Europe. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945 naisagawa rin ng mga Jew ang Zionism. Mula ng manirahan ang mga Jew sa Palestina ay nagsagawa ang mga ito ng modernisasyon sa larangan ng industriya, agrikultura, pagnenegosyo, at maging sa larangan ng agham. Ito ang nagbigay-daan upang ang mga Jew ay magkaroon ng mas mataas na antas ng pamumuhay kaysa sa mga Arabo na naging dahilan naman upang magkaroon ng hindi magandang samahan ang dalawang pangkat at sa bandang huli ay hiniling ng mga Arabo na ihinto na ang pagbabalik ng mga Jew sa Palestina. Simula ng maideklara ang Republika ng Israel noong Mayo 14, 1948 nagsimula na ang tensyon sa Palestina.

Holucaoust-ito ang sistematiko at malawakang pagpatay ng mga Nazi German sa mga Jew o Israelite. Mateo et al. Asya Pag-usbong ng kabihasanan.

Zionism- Ang pag-uwi sa lupain ng Palestine ng mga Jew mula sa ibat ibang panig ng daigdig. Mateo et al. Asya, Pag-usbong ng Kabihasanan.



Sistemang Mandato -nangangahulugan ito na ang isang bansa na naghahanda upang maging isang malaya at nagsasariling bansa ay ipapasailalim muna sa patnubay ng isang bansang Europeo, ayon kay Mateo et al.Asya, Pag-usbong ng Kabihasanan.



Pagkatapos mong basahin at suriin ang teksto, ay maaari mo nang lagyan ng wastong kaalaman ang bawat bahagi ng iyong *Data Retrieval Chart* sa ibaba. Ilagay ang mga kaalamang hinihingi sa bawat hanay ng iyong *Data Retrieval Chart* tungkol sa mga tunay na kaganapan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Muli ay kulayan mo ang iyong *Data Retrieval Chart* upang maging kaakit akit.

GAWAIN BLG. 5: DATA RETRIEVAL CHART

PANUTO: Lagyan ng tamang impormasyon ang bawat kolumn ng *Data Retrieval Chart*.

Pag-Usbong ng Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Rehiyon	Bansa	Dahilan ng pagpapakita ng Nasyonalismo	Pamamaraang ginamit sa pagtatamo ng kalayaan	Manipestasyon ng nasyonalismo	Epekto/ sa mga bansa sa Asyano
TIMOG ASYA					
KANLURANG ASYA					

PAMPROSESONG MGA

TANONG

1. Ipaliwanag ang kahulugan ng nasyonalismo?
2. Ano-ano ang dahilan sa pagpapakita ng nasyonalismo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?
3. Alin sa mga naging tugon ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang naging mabisa sa pagpapakita ng nasyonalismo at pagkakamit ng kalayaan?Ipaliwanag.
4. Ano-ano ang anyo at manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
5. Nakabuti ba o hindi sa pamumuhay ng mga tao at bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang pagpapakita ng damdaming nasyonalismo? Patunayan.

GAWAIN BLG.6: REAKSIYON MO, KAILANGAN KO!

PANUTO : Sumulat ng isang maikling sanaysay sa pahayag ni Mahatma Gandhi.Isulat ang iyong reaksiyon sa loob ng isang simbolong iyong maiguguhit para kay Gandhi.

“ Mas malakas ang puwersa ng walang kaharasang lumalaban, malaya sa poot at walang armas na kailangan,”

Rubric sa pagmamarka sa pagsulat ng sanaysay

Gamitin ang deskripsyon sa pagmamarka ng isinulat na sanaysay.

1. Mahina
2. Magaling
3. Magaling- galing
4. Napakagaling
5. Superyor

- _____ (Organisayon) Lohikal ang presentasyon at nagpapakita ng pagkakaugnay ng mga isyu.
- _____ (Nilalaman) May ebidensya ng pang-unawa sa pangunahing mga konsepto.
- _____ (Presentasyon) Naisulat nang malinaw, wasto at maayos ang mga pangungusap.
- _____ (Kabuuang epekto) Epekto sa magbabasa.

Kabuuang iskor_____

Paksa (2.6) **Mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagtatamo ng kalayaan mula sa kolonyalismong kilusang nasyonalista**

GAWAIN BLG.7: Pagsusuri ng Teksto

MGA NASYONALISTA SA TIMOG AT TIMOG KANLURANG ASYA

Sa pagpapakita ng nasyonalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya, nakilala ang mga lider nasyonalista na nagsilbing inspirasyon ng mga Asyano sa kanilang pamumuhay. Kilalanin natin ang mga nasabing lider nasyonalista.


MOHANDAS KARAMCHAD GANDHI

Isang Hindu na nakapag-aral sa isang pamantasan sa England. Nakapagtrabaho sa South Africa. Siya ang namuno upang ipaglaban ang hinaing ng mga Indian laban sa mga mananakop na Ingles.

Si Gandhi ay naging inspirasyon ng marami dahil sa kaniyang katangitanging tahimik na pamamaraan ng pagtutol upang matamo ng India ang kalayaan. Nakilala siya bilang Mahatma o “Dakilang Kaluluwa”. Tinuruan niya ang mga mamamayan na humingi ng kalayaan na hindi gagamit ng karahasan, dahil naniniwala si Gandhi sa *Ahimsa* (lakas ng kaluluwa) at *Satyagraha* sa pakikipaglaban. Hindi rin niya sinang-ayunan ang pagtatangi sa untouchables at sati na para sa mga kababaihan. Ipinakilala rin ni Gandhi ang paraang *civil disobedience* kung saan ay hinikayat niya ang mga Indian na gumawa ng pagboykot o hindi pagbili sa mga kalakal o produktong Ingles lalo na ang telang negosyo ng mga ito. Isinagawa rin niya ang pag aayuno o *hunger strike* upang makuha ang atensiyon ng mga Ingles at upang mabigyan ng agarang pansin ang kanilang kahilingang lumaya. Labas masok man sa piitan ay hindi pa rin siya natakot. Sa halip ay nagpatuloy pa rin si Gandhi sa kaniyang mapayapang pakikibaka hanggang sa makamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan.

Nakamit ng India ang kanilang kalayaan noong Agosto 15, 1947 sa pamumuno ni Jawaharlal Nehru.

Nabaril at napatay si Gandhi, noong Enero 30, 1948 na hindi



MOHAMED ALI JINNAH

Nakilala siya bilang “ Ama ng Pakistan ”, isang abogado at pandaigdigang lider. Ipinanganak noong Disyembre 25, 1876, sa Karachi, Pakistan. Ang kaniyang mga magulang ay sina Jinnahbha Poonja at Mithibai. Panganay na anak sa pitong magkakapatid. Nakapag-aral sa Pamantasan ng Bombay, Lincoln Inn, Christian Missionary Society High School, Sind Madrassa Gohal Das Tej

Primary School at Sindh Madrasatul-Islam. Naganyak ng kaibigan ng kaniyang ama na isang dayuhan tulad ni Sir Frederick Leigh Craft na mag aral sa London. Kabilang si Ali Jinnah sa Khoja Muslim sect. Siya ay nakapag asawa sa edad na 15 taong gulang.

Si Mohamed Ali Jinnah ang namuno sa Muslim League noong 1905. Layunin ng samahan ang magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim. Namuno siya upang ang Pakistan ay lumaya mula sa India. Noong Agosto 14, 1947 nang ipinagkaloob ang kalayaan ng Pakistan. Si Mohamed Ali Jinnah ang itinanghal na kauna-unahang gobernador heneral ng Pakistan.

Namatay si Mohamed Ali Jinnah noong Setyembre 11, 1948.

MUSTAFA KEMAL ATATURK

Siya ay isinilang sa Salonika, bahagi ng imperyong Ottoman noon, ngayon ay Ssloniki, Greece. Ang kaniyang mga magulang ay sina Ali Riza Efendi. Sinasabing nagmula sa pamilya ng mga Nomads sa Konya, Turkey. Ang kanya namang ina ay si Zubeyde Hanim Nakapag-aral ng elementarya sa



Semsi Efendi School. Nag-aral sa Monastir High School noong taong 1899. Taong 1905 nang matapos ng pag-aaral sa Ottoman Military College si Mustafa ay naging sundalo

Naging Kapitan ng Ottoman Army at nagsilbi sa 5th Army sa Damascus na ngayon ay Syria hanggang noong 1907. Isa si Mustafa na hindi pumayag sa kasunduan ng Italy at France noong matapos ang kanilang digmaan noong 1911 hanggang 1912, na hatiin ang Imperyong Ottoman. Siya ang naging susi sa isang pagkilos na naganap noong Disyembre 1911 sa Battle of Tobruk, na kung saan ay may 200 Turko at Arabong militar lamang ang lumaban sa 2000 Italyanong naitaboy at 200 na nahuli at napatay, bagamat nagtagumpay pa rin ang mga Italyano

Si Mustafa Kemal ang nagbigay- daan sa pagtatamo ng kalayaan ng Turkey sa kabila na ito ay binalak paghati-hatian ng mga Kanluraning bansa tulad ng France, Britain, Greece at Armenia. Siya ang tumawag ng halalang pambansa at hiwalay na parliamento na siya ang nagsilbing tagapagsalita (*speaker*). Ito ang Grand National Assembly ng Turkey. Ito ang nagbigay daan upang ang mga Turkong militar ay mapakilos na hingin ang kalayaan ng bansang Turkey

AYATOLLAH ROUHOLLAH MOUSARI KHOMEINI



Si Ayatollah Khomeini ay isinilang noong Setyembre 24, 1902, lumaki sa pangangalaga ng kaniyang ina at tiyahin, matapos mamatay ang kaniyang ama sa kamay ng mga bandido. Nang mamatay ang kaniyang ina siya ay naiwan sa pangangalaga at pagsusubaybay ng kaniyang nakatatandang kapatid.

Noong 1962 nagsimula si Ayatollah na maging aktibo sa larangan ng politika. Kasama siya sa mga pagkilos at pagbatikos sa mga karahasang isinasagawa ng kanilang Shah sa mga mamamayan at ang tahasang pagpanig at pangangalaga nito sa interes ng mga dayuhan tulad ng Estados Unidos. Si Ayatollah rin ay gumawa ng makasaysayang pagtatalumpati noong Hunyo 3, 1963 laban sa patuloy na pagkiling ng Shah ng Iran sa mga makadayuhang pakikialam at pagsuporta nito sa Israel. Sa pamamagitan ng gawaing ito ay naaresto at nakulong si Ayatollah na umani

ng malawakang pagsuporta ng mga mamamayan na naging sanhi ng kaguluhan sa bansa.

Naranasan din ni Ayatollah ang maipatapon sa ibang bansa tulad ng Turkey at Iraq noong Nobyembre 1964, dahil sa pagsusulat at pangangaral laban sa pamunuang mayroon ang kaniyang bansa. Pagkatapos mabuwag ang pamahalaan ng Iran sa pamamagitan ng Rebolusyong Islamic noong 1979 at mapatalsik ang Shah muling bumalik si Ayatollah sa Iran na muling tinanggap ng mga mamamayan. Noong Pebrero 1989 siya ay nagpalabas ng isang Fatwa sa estasyon ng Tehran Radio na nagbibigay ng parusang kamatayan laban sa isang manunulat na Ingles na si Salman Rushdie at sa kaniyang tagapagpalimbag ng aklat na may titulong Satanic Verses.

Namatay si Ayatollah noong Hunyo 3, 1989 sa gulang na 70 taon. Klunikila siya bilang isa sa mga malupit na lider ng ika-20 siglo.

Ibn Saud

Si Ibn Saud ang kauna-unahang hari ng Saudi Arabia. Isinilang noong Nobyembre 24, 1880 sa Riyadh, anak ni Abdul Rahman Bin Faisal. Ang kaniyang pamilya ay kabilang sa mga pinunong tradisyunal ng kilusang *wahhabi* ng Islam (ultra orthodox). Minsang nakulong sa Kuwait ang kaniyang pamilya. Taong 1902 nang muling mapasakamay nila ang Riyadh, samantalang taong 1912 naman nang masakop niya ang Najd at dito ay bumuo ng pangkat ng mga



bihasang sundalo. Matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig, sinikap ng mga Ingles na mapalapit sa kaniya, ngunit di ito nagtagumpay sa halip ay pinaboran ang kaniyang katunggali na si Husayn Ibn Ali ng Hejaz. Taong 1924-1925 napabagsak ni Ibn Saud si Husayn at iprinoklama ang kaniyang sarili bilang hari ng Hejaz at Nejd. Pagkatapos matipon ang halos kabuuan ng Tangway Arabia taong 1932 binigyan ni Ibn Saud ang kaniyang kaharian ng bagong pangalan bilang Saudi Arabia. Nagtagumpay siya na mahimok ang mga Nomadikong tribo o pangkat- etniko na mapaayos ang kanilang pamumuhay at iwasan na ang gawain ng panggugulo at paghihiganti. Sa kaniya ring pamumuno ay nawala ang mga nakawan at panggingkil na nangyayari sa mga dumadalo ng pilgrimage sa Mecca at Medina.

Si Haring Ibn Saud ang nagbigay ng pahintulot sa isang kompanya ng Estados Unidos noong 1936 at 1939 upang magkaroon ng *oil concession* sa Saudi Arabia. Pinatunayan ng bansa na ang mina ng langis ang pinakamayaman sa daigdig na nakatulong upang ito ay magkaroon ng pambansang pag-unlad. Noong Ikalawang

Digmaang Pandaigdig si Haring Ibn Saud ay nanatiling *neutral* ngunit di rin naiwasan na siya ay minsang pumabor sa mga Allies. Hindi siya seryosong nakialam sa Digmaang Arab Israel noong 1948. Pinalitan siya ng kaniyang panganay na anak na si Prince Saud.

Tunay na maraming lider Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ang nagpamalas ng pagiging makabayan, nagpunyagi at nagtagumpay na matamo ang inaasam na kalayaan ng kani-kanilang mamamayan at bansa.


GAWAIN 8: MAP SIKAT:

PANUTO: Sa tulong ng mapa na kasunod ng mga larawan, ay muli mong kilalanin ang mga pinunong Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya sa pamamagitan ng pagtatapat ng kanilang larawan sa bansang kanilang pinagmulan.

MOHANDAS GANDHI



AYATOLLA KHOMEINI



KEMAL



ALI JINAH



IBN SAUD



(MAPA NG TIMOG AT KANLURANG ASYA)



PAMPROSESONG MGA TANONG:


1. Sino sa mga naging pinunong nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya ang nais mong tularan? Bakit?
2. Anong gawain ng isang karaniwang mamamayan na katulad mo sa kasalukuyan, ang maaaring magpamalas ng pagmamahal sa bansa ? Ipaliwanag ang iyong sagot.
3. Sino sa mga lider sa Timog at Kanlurang Asya sa kasalukuyan ang kakikitaan natin ng pagiging makabayan sa kabila ng mga naranasang kaguluhan sa kanilang bansa? Bakit?

Sa puntong ito ay maaari mong mabatid ang epekto ng digmaang pandaigdig sa pag-aangat ng malawakang mga kilusan nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kasunod na collage.

Paksa (2.7) Epekto ng mga digmng pandaigdig sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista


GAWAIN BLG.9: DIGMA, PIC !

PANUTO: Suriin ang kasunod na *collage* at sagutin ang mga tanong kaugnay nito.



PAMPROSESONG MGA TANONG :

1. Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng *collage* ?
2. Mula sa *collage*,ano-ano ang naging kaganapan sa bansa ng Timog at Kanlurang Asya bago at matapos ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig ?
3. Paano nakaapekto ang nasabing mga digmaan sa pagtatamo ng kalayaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?



Batid kong nasuri mo ang collage tungkol sa mga kaganapan sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Dahil dito ay maaari mo nang basahin ang kasunod na mga teksto na may kaugnayan sa karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa bahaging ito ng Modyul, ay mababatid mo ang mga pangyayari sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya bago at matapos maganap ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pagkatapos mong basahin ang teksto ay maaari mo nang sagutan ang kasunod na *Concept Map* at *Tree Diagram*. Muli ay maaari mong kulayan ang nasabing mga diyagram upang maging kaakit-akit. Handa ka na ba? Simulan mo na!

ANG ASYA AT ANG DALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Ang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga lider nasyonalista sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya upang matamo ng mga Asyano ang kanilang kalayaan sa kamay ng mga imperyalistang bansa ay mas nasubok ng maganap ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isang mahalagang kaganapan sa Asya ang mga nabanggit na digmaan dahil sa malaking epekto nito sa pamumuhay ng mga Asyano.

UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG (1914-1918)

Ang pagsiklab ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang higit na nag-udyok sa mga Asyano na magkaroon ng mga pagbabago at higit na magpunyagi sa pangunguna ng mga lider Asyano nito na matamo ang minimithing kalayaan para sa mga bansa lalo na si Timog at Kanlurang Asya. Tunghayan natin sa araling ito ang mga tunay na kaganapan ukol dito.

Noong Agosto 1914 nang sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig. Dahil sa pag-aalyansa ng mga bansang Europeo at ang pag-uunahan sa teritoryo upang maisakatuparan ang kani-kanilang interes. Ang alyansa ng Germany, Austria at Hungary ay tinawag na Central Powers, samantalang ang mga Allies naman ay binubuo ng France, England at Russia. Isang mahalagang pangyayari at dahilan din sa pagsiklab ng nasabing digmaan ang pagkamatay ni Archduke Francis Ferdinand ng Austria.

GAWAIN BLG. 10: PAGSUSURI NG TEKSTO

ANG ASYA AT ANG DALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Ang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga lider nasyonalista sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya upang matamo ng mga Asyano ang kanilang kalayaan sa kamay ng mga imperyalisyalistang bansa ay mas nasubok ng maganap ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isang mahalagang kaganapan sa Asya ang mga nabanggit na digmaan dahil sa malaking epekto nito sa pamumuhay ng mga Asyano.

UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG (1914-1918)

Ang pagsiklab ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang higit na nag-udyok sa mga Asyano na magkaroon ng mga pagbabago at higit na magpunyagi sa pangunguna ng mga lider Asyano nito na matamo ang minimithing kalayaan para sa mga bansa lalo na si Timog at Kanlurang Asya. Tunghayan natin sa araling ito ang mga tunay na kaganapan ukol dito.

Noong Agosto 1914 nang sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig. Dahil sa pag-aalyansa ng mga bansang Europeo at ang pag-uunahan sa teritoryo upang maisakatuparan ang kani-kanilang interes. Ang alyansa ng Germany, Austria at Hungary ay tinawag na Central Powers, samantalang ang mga Allies naman ay binubuo ng France, England at Russia. Isang mahalagang pangyayari at dahilan din sa pagsiklab ng nasabing digmaan ang pagkamatay ni Archduke Francis Ferdinand ng Austria.

Nakasentro man sa Europa ang digmaan, nakaapekto rin ito sa Asya. Tulad sa India na ang nasyonalismo at pangkalayaang kilusan ay nagkaisa at tumulong sa panig ng mga Allies. Sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Indian sa labanan sa ilalim ng mga opisyal na Ingles. Kaalinsabay nito ay pagkakaisa rin ng mga kilusang Muslim at Hindu na pansamantalang isinantabi ang di-pagkakasundo dahil kapwa silang naghangad na mabigyan ng karapatang mamahala sa sarili. Pinangunahan ni Gandhi ang kilusan sa pamamagitan ng pamamaraang payapa ayon sa *satyagraha* (*non-violence*).

Sa pamamagitan ng bansang Iran, ang Rusya at Britanya ay nagsagawa ng pag-atake sa Ottoman Empire na kung saan ay nakipag-alyado sa Germany. Sa kabila nito, ang Iran ay walang pinapanigan. Ang digmaang ito ay nagdulot ng malawakang pagkasira ng mga pamayanan, ari-arian, pagpatay ng maraming Iranian at nagdulot ng pagkagutom. Ang kawalan ng pagkilos ng pamahalaang Iran sa pagkakataong ito, ay nagbigay-daan sa malawakang pag-aalsa at pagkilos na humihingi ng kalayaan para sa Hilagang Iran noong 1915-1921.

Taong 1919, hiniling ng Britanya sa Punong Ministro ng Iran na lumagda sa isang kasunduang magbibigay ng malawak na kapangyarihan sa pagkontrol ng ekonomiya, politika, pangmilitar sa bansang Iran na magbibigay-daan sa pagiging ganap na protektadong bansa ng Britanya. Ang pangyayaring ito, ang nagbigay-daan upang magalit ang mga pangkat ng nasyonalista sa Iran. Sa pamamagitan ng pagbatikos sa kasunduang ito sa mga pahayagan at pag-aalsa ay napigilan ang nasabing kasunduan noong 1926.

Natalo sa digmaan ang Central Powers sa Versailles, France kasunod ng isang kasunduan na tinawag na Treaty of Versailles na naghuhudyat sa pormal na pagtatapos ng digmaan.

sa sa mga epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig ay ang pagpasok ng mga Kanluraning bansa sa Kanlurang Asya dahil sa pagbasak ng imperyong Ottoman. Natuklasan ang langis sa Kanlurang Asya noong 1914, dahilan upang mas maging interesado ang mga Kanluraning bansa dito at magtatag ng sistemang mandato. Ibinigay sa bansang France ang mandato para sa Syria at Lebanon, napasakamay naman ng mga Ingles ang mandato para sa Palestina. Ang mga lokal na pamamahala sa mga bansang ito ay nanatili ngunit pinamahalaan ng mga dayuhan ang aspetong pang-ekonomiya. Nanantiling malaya ang ibang bansa sa Kanlurang Asya ngunit di pa rin nakaligtas sa kontrol ng mga Kanluraning bansa. Isang halimbawa nito ay ang pamumuno ni Haring Ibn Saud sa Saudi Arabia, habang lahat ng kompanyang naglililang ng langis ay pag-aari naman ng mga dayuhan.

Iपालabas ang Balfour Declaration noong 1917 ng mga Ingles na kung saan nakasaad dito na ang Palestina ay bubuksan sa mga Jew o Israelite upang maging kanilang tahanan (*homeland*). Ito ang naging.

dahilan upang magkaroon ng di -pagkakaunawaan ang mga Muslim at Jew na nagsimulang magsiballik sa Kanlurang Asya mula sa Europa

Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay lumakas sa bansang India ang kilusang Nasyonalismo na naging daan upang magkaisa ang pangkat ng Hindu at Muslim. Nagkaroon sa bansang India ng malawakang demonstrasyon, boykot at di pagsunod sa mga kautusan ng Ingles, dahilan upang bigyan ang bansang India ng autonomiya.



IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Nagsimula sa Europa ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong Setyembre 1939. Taong 1942, isang kasunduan ang pinangunahan ng Estados Unidos ang Tehran Conference na nagsasaad na kapwa lilisanin ng Rusya at Britanya ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malaya. Mayo 1946 nang sinimulang alisin ng Rusya ang kaniyang mga tropa sa Iran na hindi naman tuluyang naisakatuparan bagkus ay nagdulot pa ito ng Azerbaijan Crisis. Itinuturing ito na unang di- pagkakaunawaan na dininig ng Security Council ng United Nations. Ito ang nagbigay- daan sa Cold War na kinasangkutan ng Estados Unidos at kaniyang mga kaalyado, kontra naman sa Rusya kasama rin ang kaniyang kaalyadong bansa.


Isa rin ang bansang India na kolonya noon ng Inglatera ang naapektuhan matapos ang ang digmaan dahil minsan na rin niyang binigyan ng suporta ang Inglatera sa pakikidigmang ginawa nito. Si Gandhi at ang kaniyang mga kasamahan ay nagprotesta tungkol dito dahil ayaw nila ng digmaan. Sa pagtatapos ng digmaan lalong sumidhi ang laban ng mga taga-India para sa kalayaan ngunit naging daan ito upang muling hindi magkaisa ang mga Indian. Sa paglaya ng India noong 1947, ito ay nahati sa dalawang pangkat ang Hindu at Muslim. Ang India para sa mga Hindu at Pakistan para sa mga Muslim.

Maituturing na pinakamahalagang pangyayaring naganap sa Asya, pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang inaasahang pagkakamit ng kalayaan ng mga bansa sa Asya sa Timog at Kanlurang Asya.

Pagkatapos mong basahin at suriin ang teksto ay maaari mo nang lagyan ng wastong kaalaman ang kasunod na *Concept Map* at *Tree Diagram*.

GAWAIN BLG.11: Concept Map Ko!


Panuto; Lagyan ng wastong kaalaman ang sumusunod na bahagi ng *Concept Map* at *Tree Diagram*. Saludo ako sa maganda mong pagkakakulay sa iyong *Concept Map* at *Tree Diagram*.



Upang masubok ko na ikaw ay nakapagsuri nang maayos tungkol sa mga epekto ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ay maaari mo nang gawin ang kasunod na *Tree Diagram*


GAWAIN BLG. 12: TREE DIAGRAM

Panuto: Lagyan ng wastong impormasyon ang sumusunod na bahagi ng *Tree Diagram*. Maari mong kulayan ang *Tree Diagram* upang maging kaakit-akit.



PAMPROSESONG MGA TANONG:


1. Ano-ano ang mga nangyari sa Timog at Kanlurang Asya bago at matapos ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
2. Paano nakaapekto ang nasabing mga digmaan sa mga tao at bansa ng Timog at Kanlurang Asya noon at sa kasalukuyan?
3. Sa nangyayaring mga kaguluhan sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa kasalukuyan, nanaisin mo bang maulit pa ang isang digmaang pandaigdig? Bakit?

 Maaari mo nang balikan ang iyong *Concept Cluster* sa simula ng Modyul na ito, Isulat sa bahaging *Revised Answer* ang mga kaalamang naiwasto sa iyo dahil naisakatuparan mona ang mga gawain. Pagkatapos mong mapagtagumpayang sundin at gawin ang lahat ng mga gawain sa Modyul na ito ay maaari mo na ring isulat sa bahaging *Final Answer* kung ano- ano ang iyong mga natutuhan sa mga naging kaganapan sa pag-iuhong ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Binabati Kita! Ngayon ay natapos mo na ang pag-unlad ng iyong mga kaalaman sa Aralin 2.

Batid kong may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa tungkol sa mga dahilan, pamamaraang ginamit at epekto ng pagpapakita ng nasyonalismo sa pamumuhay ng mga tao at bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Nakasisiguro akong handa ka na sa susunod na bahagi ng Modyul na ito, upang mapagnilay at maunawaan pa ang tungkol sa paksang ito.

PAGNILAYAN AT UNAWAIN



Sa bahaging ito ng Modyul, ay pagtitibayin mo ang nabuong mga pag-unawa tungkol sa paksa.

Ngayong natapos mo na ang mga aralin ay maaari mo nang sagutin ang susunod na gawain, tungkol sa iyong mga natutuhan sa pag-usbong ng nasyonalismo ng Timog at Kanlurang Asya.

Upang lubos na masubok ang iyong pag-unawa sa natalakay na paksa tungkol sa nasyonalismo ay maaari mong basahin ang isang napapanahong balita na may kaugnayan sa ilang bansa sa Kanlurang Asya. Maari mong suriin ang nasabing balita sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong tungkol dito. Simulan mo na!

GAWAIN BLG.13: NAPAPANAHONG BALITA: PAKI BASA MO NGA!

PANUTO: Basahin at unawain ang nilalaman ng napapanahong balita tungkol sa mga bansa sa Kanlurang Asya. Sagutin ang kasunod na mga gabay na tanong sa ibaba.

NATO approves Turkey's request to provide missile defence amid Syria chemical weapons fear London, December 5 (ANI)

NATO has approved deploying Patriot anti missile batteries along Turkey's border with Syria.

The decision came after a meeting of NATO foreign ministers in Brussels, and amid growing fears that Syria could use chemical weapons.

NATO's Secretary General Anders Fogh Rasmussen said the ministers had unanimously expressed grave concern's about the use of chemical weapons.

Speaking after the meeting, Rasmussen told reporters that the foreign ministers had unanimously expressed grave concerns about the reports, saying "Any such action would be completely unacceptable and a clear breach of

In a statement, Nato said it had agreed to augment Turkey's defence capabilities in order to defend the population and territory of Turkey and to contribute to the deescalation of the crisis along the alliance's border.

NATO's deployment of Patriot surface to air missile batteries to south eastern Turkey is essentially a gesture of reassurance to Ankara, the report said.

Turkey feeling threatened by the growing crisis in Syria, stray Syrian artillery shells have already come across the border on several occasions, the report added.

According to the report Patriot is highly capable against both advanced aircraft and ballistic missiles. But NATO will underline that this is to be seen as a defensive deployment only.

Syria is believed to hold chemical weapons including mustard gas and sarin, a highly toxic nerve agent at dozens of sites around the country, the report added.

Copyright©2010-2015 WKDC Media Solutions. All Rights Reserved.


1. Ano ang mga bansang pinag-uusapan sa balita?
2. Bakit pinag-uusapan sa kasalukuyan ang nabanggit na mga bansa sa Kanlurang Asya?
3. Maituturing bang pagpapakita ng nasyonalismo sa kasalukuyan ang naging hakbang ng Turkey sa paghingi ng tulong sa NATO, (North Atlantic Treaty Organization) bilang kasapi? Bakit?

Sa bahaging ito ng modyul, ay maaaring kang magpahayag ng sariling opinyon tungkol sa kasalukuyan at napapanahong isyu sa pagpapakita ng nasyonalismo sa ilang bansa sa Kanlurang Asya.(Maaari din itong isagawa sa


GAWAIN BLG.14 OPINYON MO KAILANGAN KO!

PANUTO: Lagyan ng tsek (/) ang iyong sagot sa kasunod na tanong. Isulat mo ang iyong paliwanag sa loob ng kahon.(Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng pangkatang gawain).

Sumasang-ayon ka ba sa naging hakbang ng Turkey sa kasalukuyan sa paghingi nito ng tulong mula sa NATO(North Atlantic Treaty Organization) na maglagay ng *Patriot* upang magkaroon ng proteksiyon sa kanilang hangganan ng bansang Syria na sinasabing may *chemical weapon*?



OO



HINDI

GAWAIN BLG. 15: MANOOD–SURI (*Film /Video/Documentary Review*)

PANUTO: Manood nang may pagsusuri tungkol sa isang pelikula, *video*, dokumentaryo na nagpapakita ng nasyonalismong Asyano. Sagutin sa isang malinis na papel ang mga kasunod na tanong para sa isang malayang talakayan.

(Mga mungkahing pelikula, *video* o dokumentaryo Mahatma Gandhi, Pearl Harbor at Arab-Israeli Conflict.)



PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano ang mensaheng nais iparating ng pelikula, *video* o dokumentaryo?
2. Paano ipinakita ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ang kanilang pagtugon sa imperyalismo at kolonyalismong Kanluranin?
3. Nakabuti ba o hindi sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ang kanilang pagpapakita ng nasyonalismo? Patunayan.

GAWAIN BLG.16: Positibo o Negatibo

Panuto: Lagyan ng krus “ (+)” ang pahayag na iyong sinasang-ayunan at eks(x)” ang hindi mo naman sinasang- ayunan.

_____ 1) Nasyonalismo ang naging pangunahing tugon ng mga Asyano

sa pananakop ng mga Kanluranin.

- _____ 2) Dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsibalik ang mga Jews sa Kanlurang Asya.
- _____ 3) Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ipinatupad ng mga Kanluranin ang sistemang mandato sa Kanlurang Asya,
- _____ 4) Ang patakarang *Divide and Rule* ng mga Ingles ang nagbigay-daan sa pagkakaisa ng mga Indian.
- _____ 5) Relihiyon ang naging pangunahing batayan sa pagpapakita ng nasyonalismo ng mga Indian.

Sa susunod na gawain ay kailangan mo nang sagutin ang isang Reflection Log tungkol sa iyong natutuhan, repleksiyon, realisasyon at opinyon na may kaugnayan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Naniniwala akong magagawa mo ito ayon sa iyong kalooban.

GAWAIN BLG.17: Reflection Log

Pangalan: _____ Petsa: _____
Taon at Seksyon: _____
Reflection Log
Ang nasyonalismo ay nakakabuti dahil...

Ipinagmamalaki ko ang aking pagiging Asyano dahil sa natatanging mga nagawa ng mga kilalang nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya na nagpapatunay na ang Asyanong katulad ko ay _____

ILIPAT



Saludo ako sa iyo! Magaling mong napagtagumpayan ang gawain sa bahagi ng Pagnilayan at Unawain para sa Aralin 2. Ngayon ay mayroon ka nang sapat na kaalaman tungkol sa naging mga epekto ng Nasyonalismo sa pamumuhay ng mga tao at bansa noon at sa kasalukuyan sa Timog at Kanlurang Asya. Tiyak akong handa ka na para sa susunod mo pang gawain.

GAWAIN BLG.18: IGUHIT , POSTER MO!

Sa bahaging ito ng Modyul, maaari kang gumuhit ng isang *poster* na nagpapakita ng pagiging makabayan at lalagyan ng kapsyon ng pangako ng pagsasakatuparan nito sa:

Tahanan
Pamayanan/ Barangay
Paaralan

Bibigyang- pansin din ang katangiang dapat taglayin ng isang *poster* sa pagmamarka sa pamamagitan ng isang *review sheet* na naglalaman ng sumusunod na katangian:

- Ebidensya ng kakayahang maglapat ng kaalaman sa bagong sitwasyon - 12345
- Malinis at Maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay – 12345
- Malikhain at may malakas na pang- akit-12345
- Epekto sa nagwawasto- 12345



Paksa 2.6 Kaugnayan ng Ibat ibang Ideolohiya sa mga malawakang Kilusang Nasyonalista




Ating Alamin

Nalaman mo sa nakaraang aralin kung paano nalinang ang nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Ngayon naman ay aalamin mo an




Gawain Blg. 1: Word Web

Sa pamamagitan ng sumusunod na diagram, isulat ang mga salitang kaugnay sa salitang ideolohiya.



Mula sa nailagay o naisulat na mga kaugnay na salita sa ideyolohiya, bumuo ng isang konsepto na tumutukoy dito.

Ang ideyolohiya ay tumutukoy sa



Gawain Blg. 2: Ating Alamin


Bilang isang pangkat, ilagay sa sumusunod na concept map kung ano sa inyong palagay ang naging kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya sa mga malawakang kilusang nasyonalista at kung paano ang mga ito ay nakatulong sa paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.



Pamprosesong mga Tanong:

1. Ano-ano ang mga ideolohiyang nalinang sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Ipaliwanag ang mahalagang katangian ng nabanggit na mga ideolohiya.
3. Nakaapekto ba ang mga ito sa pagkakaroon ng mga kilusang nasyonalista?

Kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya sa mga malawakang kilusang nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya



Pagkatapos na magawa ang inyong concept map, ang bawat pangkat ay magbabahagi ng nabuo ninyong mga kaisipan sa klase.



Ating Linangin

Gawain Blg. 3: Teksto . . . Iyong Suriin

Sa bahaging ito, suriin ang sumusunod na teksto at alamin kung ang nabuo at ibinahagi ninyong mga kaisipan at ang nilalaman ng teksto ay nagkakatugma.

Iba't ibang Ideolohiya at ang mga Malawakang Kilusang Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya

Bakit iba't ibang ideolohiya ang sinusunod ng mga bansa? Paano ang mga ideolohiyang ito ay nakatulong o nakaapekto sa pagkakaroon ng mga Kilusang Nasyonalista? Paano ang mga ito ay nagsilbing instrumento sa paglaya ng mga bansa?

Ang mataas na uri ng pagpapahalaga at mga kasagutan sa mga suliranin at pangangailangan ng mga mamamayan ay ipinahahayag ng mga ideolohiya. Naaayon din ang mga ito sa kultura at kasaysayan ng bansa. Ang ideolohiya ay nahahati sa dalawang pangunahing kategorya – ang ideolohiyang pang-ekonomiya at ideolohiyang pampolitika.

Ang ideolohiyang pang-ekonomiya ay nakatuon sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa at paraan ng paghahati ng kayamanan nito sa mga mamamayan. Samantala, ang ideolohiyang pampolitika ay nakapokus sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pagpapatupad ng mga mamamayan. Nauugnay ang politikal na ideolohiya sa mga kilusan para sa panlipunang pagbabago. Hinihikayat nito ang mga tao na kumilos ayon sa ninanais nilang mga pagbabagong kaayusan.

Sa pangkalahatan iba't ibang ideolohiya ang nabuo sa Asya. Ito ay ang Demokrasya, Sosyalismo, Komunismo at Pasismo, Pag-aralan natin ang piling kaso ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

India at Pakistan

Sa Timog at Kanlurang Asya, higit na naging malaki ang impluwensiya ng demokrasya sa mga kilusang nasyonalista. Sa India, sa ilalim ng pananakop ng mga British, maraming Indian ang naging aktibo sa muling pagbuhay ng kaisipan at tradisyong Hindu. Hindi matanggap ng mga Indian ang pagbalewala

at pag-alis sa kanilang mga nakagisnang kultura. Hinimok ni Swami Dayanand Saraswati, isang nasyonalista, ang muling pagbasa ng mga Veda upang maging batayan ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Indian. Hinangad din ng mga Indian ang pagkakaroon ng konstitusyon na magbibigay sa kanila ng mas malaki at malawak na pagkakataong makalahok sa pamamahala sa bansa. Naging mabagal ang pagkakaloob ng mga British sa mga hinihinging pagbabago ang nagtulak sa mga Indian upang maglunsad at magpalaganap ng isang kilusang rebolusyonaryo. Pinangunahan ni Bal Gangadhar Tilak ang tinawag na militanteng nasyonalismo. Nagsagawa sila ng marahas na pagkilos laban sa mga British mula 1905 hanggang 1914. Samantala, may mga Indian naman na nagpamalas ng moderatong nasyonalismo sa pamumuno ni Mohandas Gandhi. Siya ay naging pangulo ng All India National Congress na naitatag noong 1885.

Noong 1935, nagbigay ang Great Britain sa India ng isang bagong konstitusyon na nagkaloob ng isang lehislative bikameral at pederal, sanggunian ng mga estado at ng kapulungan. Tinanggihan ito ng mga Indian at Muslim. Para sa mga Muslim, kung mga Hindu ang mas magkakaroon ng control sa India, mapipinsala ang kanilang kultura at relihiyon. Upang mabigyang - proteksiyon ang kanilang mga karapatan at kapakanan, itinatag ang Muslim League noong 1906. Ito ay sa pangunguna ni Muhammad Ali Jinnah. Naging masigla ito sa kanilang mga gawain. Hiniling niya noong 1947 ang isang hiwalay na bansang Muslim. Ito ay nagbigay- daan sa pagbuo ng bansang Pakistan na naihayag ang kasarinlan kasabay ng India noong Agosto 14, 1947.

SRI LANKA at MALILIIT na ESTADO sa TIMOG ASYA

Pinamunuan ng Great Britain ang Sri-Lanka at buong sub-kontinente ng India sa loob ng isa't kalahating dantaon(1796-1947). Noong 1915, itinatag nila ang Ceylon National Congress na unang partidong pulitikal. Namuno ito upang ipaglaban ang kasarinlan ng bansa. Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinamunuan ni Don Stephen Senanayake, ang itinuturing na "Ama ng Kasarinlang Sri-Lanka, ang pakikipaglaban para sa kasarinlan. Sila ay sinuportahan ng lahat ng pangkat- etniko. Noong Pebrero 4, 1948, ipinahayag ang kasarinlan ng bansa.

Samantala, sa Nepal, noong 1990, naganap ang mapayapang Rebolusyong People Power. Nagsilbing inspirasyon nila ang katulad na EDSA Rebolusyon sa Pilipinas noong 1986. Noong Disyembre 24, 2007, ipinahayag ng Nepalese Constituent Assembly na lalansagin ang monarkiya sa 2008

pagkatapos ng eleksyon sa Asemblea. Noong Mayo 28, 2008, idineklara ang Nepal bilang isang Federal Democratic Republic.

B. KANLURANG ASYA

ISRAEL

Natagpuan ng mga Hudyo ang kalayaan at oportunidad sa pamamagitan ng United States. Naging instrumental ang pamahalaan ng US sa pagtulon sa mga Hudyo.

Sa pagtatapos ng ika-19 na dantaon, sumibol ang mga pagkilos upang ang mga Hudyo ay makabalik sa kanilang lupain. Itinatag ang Kilusang Zionismo sa Basel, Switzerland noong 1897 ni Theodor Herzl (1860-1904), isang Austro-Hungarian. Nagsimula ang kilusan sa pagbabalik ng mga Hudyo sa kanilang “lupaing pangako.” Libo-libong migranteng Hudyo ang pumunta sa Palestine at doon ay muling nanirahan. Ikinagalit ito ng mga Palestiniang Arab. Kaya noong 1921, inayos ng mga British ang usapin tungkol dito na nagdulot ng paghahati sa Palestine. Nagkaroon ito ng dalawang estado – isa para sa mga Hudyo at ang isa ay para sa mga Arab. Ipinangako sa bawat isa ang kani-kanilang kasarinlan. Subalit ang bawat isa ay hindi nasiyahan. Ang panahon ng partisyong ito (1920-1948) ay nagging bpuno ng madudugong labanan sa pagitan ng mga Hudyo at Arab.

Ang kasukdulan ng mapait na nakaraan ng mga Hudyo ay ang ginawang pagpatay sa milyon-milyong mga Hudyo na nasa Europa noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1939-1944). Isinagawa ito ng Nazi Germany sa pamumuno ni Adolf Hitler. Ang pangyayaring ito ay tinawag na “Holocaust,” na naging rallying point ng mga Hudyo at ng kanilang mga tagasuporta.

Inihayag ang malayang nasyon ng Israel sa Tel-Aviv noong Mayo 14, 1948. Tinawag itong Republika ng Israel at ang naging unang Punong Ministro ay si David Ben-Gurion.

IRAQ

Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, Ang Iraq at Palestine ay napailalim sa pamamahala ng Great Britain. Dahil sa di-maayos na pamumuno at kapabayaang ng mga Ottoman, sumibol ang mga kilusang makabayan noong huling bahagi ng ika-19 na dantaon. Sumiklab ang nasyonalistang pag-aalsa sa Baghdad at nahirapang ang mga hukbong British sa paggapi sa mga ito. Upang mahikayat na pumanig sa kanila, pumayag ang

mga British sa hiling ng mga nasyonalistang Iraqi. Ipagkaloob sa kanila ang kasarinlan at itatag nila ang Kaharian ng Iraq at iluluklok si Faisal bilang hari. Noong Agosto 23,1921, siya ay naluklok bilang hari. Ipinagkaloob ng Great Britain ang kasarinlan ng Iraq noong 1932. Gayunman, kontrolado ng mga Kanluraning Kompanya ang industriya ng langis pagkaraang matuklasan ito noong 1927.

Nagpatuloy ang kaguluhan sa Iraq. Mula nang mamatay si Haring Faisal I noong 1933 hanggang dekada 1960, tagpo ng magkakasunod at madudugong kudeta ang Iraq. Sa mahabang panahon, nakilala ang Iraq na "Republika ng Takot" dahil ang mga pagbabago ng pamahalaan ay madalas na humahantong sa karahasan. Ilang ulit na nagpalit ng mga administrasyon sa bansa at nangyari ito gamit ang karahasan, pananakot o pakikipagdigmaan. Hindi nila kinilala ang demokrasya, kalayaan, mga karapatang pantao, malayang eleksyon at malayang pananalita sa kanilang bansa. Naging malakas na puwersa ang military sa bansa. Bagaman, umaasa pa rin ang mga Iraqi at ang sandaigdig na maghahari ang kapayapaan at demokrasya at paggalang sa mga karapatang pantao.

SAUDI ARABIA

Dahil sa kalupitan at labis na paniningil ng buwis, naghangad ng kasarinlan ang mga Arab mula sa mga Turk. Noong 1744, nagsanib ang puwersa nina Muhammad ibn Saud, isang pinunong Arab at Muhammad ibn Abd-al-Wahhab, isang kleriko upang makapagtatag ng alyansang politikal. Ito ang nagging pundasyon ng dinastiyang namumuno ngayon sa Saudi Arabia. Noong Unang Digmaang Pandaigdig, tumulong si Haring Abdul Aziz at ang mga nasyonalistang Arab sa mga British sa pakikipaglaban sa mga Ottoman Turk. Nangako ang Britain na ipagkaloob ang kanilang kasarinlan. Pinag-isa ni Kor. Thomas Edward Lawrence ang nagdidigmaang mga tribung Arab. Pinamunuan niya ang mga ito sa paggapi sa mga puwersang Turk-German.

Ang modernong Kaharian ng Saudi Arabia ay likha ni Haring Abdul Aziz Ibn Saud. Sinakop niya ang Riyadh noong 1902 at ginawa niyang lider ang sarili ng kilusang makabayan ng mga Arab. Noong 1932, inihayag niya ang sarili bilang Hari ng Saudi Arabia.

Walang demokrasya sa bansa at hindi tinatanggap ng absolutong monarkiya ng Saudi ang mga pagtutol. Kontrolado ang pamahalaan ng isang

pamilya- ang mga Saud. Ang hari ang gumagawa ng mga batas at kasunduan. Walang eleksyon, walang partidong politikal dito, walang lehislatura.

Sa pamamagitan ng langis, lakas at sandatahan, at ugnayang internasyunal, nagagawa ng mga taga Saudi ang makipagpowerplay sa pulitika.

Pagkatapos ng pagsusuri sa teksto, sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Paano ang iba't ibang ideolohiya ay nakaapekto sa pagkakaroon ng malawakang kilusang nasyonalista?

2. Sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya anong ideolohiya ang higit na nakaapekto sa pagkakaroon ng malawakang kilusang nasyonalista. Bakit?

3. Paano sa pamamagitan ng nabanggit na mga ideolohiya ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ay nagkaroon ng transpormasyon?



Gawain Blg. 4: Map Analysis: Mapa ng Timog at Kanlurang Asya

Suriin ang mapa. Kulayan ng asul ang mga bansang naniniwala sa ideolohiyang demokrasya; kulay dilaw, kung sosyalismo at kulay pula kung komunismo.



TIMOG ASYA



KANLURANG ASYA

Pamprosesong mga Tanong:

1. Ano-ano ang mga bansang naniniwala sa demokrasya?
2. Ano-ano ang mga bansang naniniwala sa sosyalismo?
3. Ano-ano ang mga bansa na naniniwala sa komunismo?

Pagkatapos ninyong makulayan ang mga bansa ayon sa kanilang niyakap na ideyolohiya, alamin naman ninyo kung sinu-sinu ang ilan sa mga personalidad na nanguna sa

 **Gawain Blg. 4:**

1. Paano ang kilalang mga personalidad ay nakatulong sa pagkakaroon ng ideolohiya sa kanilang bansa?
2. Naging epektibo ba ang mga kilusang nasyonalismo na itinatag ng kilalang mga personalidad? Sa paanong paraan?
3. Paanong ang nasyonalismo ay nakapagdulot ng transpormasyon sa kanilang bansa?



Gawain Blg. 6: Fact o Opinion

Isulat sa iyong worksheet kung ang sumusunod na mga pahayag ay Fact o Opinion at isulat ang iyong dahilan kung bakit ito ang iyong sagot.

Statement tungkol sa ideolohiya	Fact o Opinion	Dahilan
1. Ang ideolohiya ay lipon ng mga kaisipang pinaniniwalaan at pinanghahawakan ng maraming tao na kumikilos ayon sa mga ideya, simulain, prinsipyo o paniniwala na napapaloob dito.		
2. Ang ideolohiyang pampolitika ay nakasentro sa paraan ng mga mamamayan.		
3. Ang ideolohiyang pang-ekonomiya ay nakasentro sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa at paraan ng paghahati ng kayamanan nito sa mga mamamayan		
4. Sinasabing paraan ng pamumuhay ang demokrasya at maaaring ipahayag sa iba't ibang anyo tulad ng aspetong politikal, pangkabuhayan at panlipunan.		
5. Naniniwala ang mga sosyalista sa mga pagpapahalagang pagkakapantay – pantay,		

panlipunang katarungan, pagtutulungan, pag-unlad, kalayaan at kaligayahan.		
6. Sinasabing sa ilalim ng komunismo, puno ng kasaganaan ang isang lipunan, walang uri ang mga tao, mga batas at walang pamimilit.		

Dagdag Gawain na nagsusuri ng pagkakatulad at pagkakaiba ng ideyolohiya

Binabati kita! Maluwalhati mong natapos ang bahaging Paglinang sa Aralin 3.1

Ngayon ay naniniwala ako na ikaw ay may lubos ng kaalaman tungkol sa iba't-ibang ideolohiya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Upang higit mong mapalalim at mapalawak ang pag-unawa sa paksang ito, maaari mo nang ipagpatuloy ang pagtalima sa susunod na mga Gawain.

Ating Palalimin / Pagnilayan: Magdagdag ng ilang gawain dito Hal. Pag-uugnay ng correct issue sa mga bansang nabanggit sa kanilang niyakap na ideyolohiya.

Sa bahaging ito, ay patutunayan mo na lubos mong naunawaan ang paksa. Inaasahan din na higit kang magiging mapanuri sa naging kaugnayan ng malawakang kilusang nasyonalista at ang idinulot nitong transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya sa pamamagitan ng pagsagot sa susunod na gawain.



Gawain Blg. 6: Lesson Closure

Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag

Sa araw na ito ay natutunan ko na

Ang pinakamahalagang ideya na nakaapekto sa akin ay

Ito ay mahalaga sapagkat

Sa Kabuuan, napagtanto ko na

Sa pagkakataong ito, ay batid ko na nakahanda ka nang magpatuloy sa susunod na gawain upang higit mong mabigyang halaga ang paksang tinalakay. Sa ngayon naman ay alamin natin ang mga taong namuno at naging instrumento ng pagbabago sa ilang bansa sa Timog Asya at Kanlurang Asya.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Sinu-sino sa kasalukuyang panahon ang mga kilalang personalidad na naging instrumento sa pagbabago sa kanilang bansa?
2. Paano ang mga nabanggit ay nakatulong sa pagkakaroon ng pagbabago sa kanilang bansa?
3. Ilahad ang kanilang mga nagawa para sa kanilang bansa.



Gawain Blg. 7: Picture Collage

Sa kasalukuyang panahon, magsaliksik ng limang personalidad sa Timog at Kanlurang Asya na naging instrumento sa kanilang pagbabago. Humanap ng kanilang larawan at ang kanilang mga inilunsad na gawaing

naging instrumento sa pagbabago at ipakita ito sa pamamagitan ng isang picture collage. Ito ay kinakailangang magpakita ng sumusunod na mga kraytirya:

Nilalaman	-	-	-	-	-	-	-	10 puntos
Organisasyon ng mga ideya	-	-	-	-	-	-	-	-5 puntos
Pagkamalikhain	-	-	-	-	-	-	-	5 puntos

Pamprosesong mga Tanong:

1. Sino-sino sa kasalukuyang panahon ang kilalang mga personalidad na naging instrumento sa pagbabago sa kanilang bansa?
2. Paano sila nakatulong sa pagkakaroon ng pagbabago sa kanilang bansa? Ilahad ang kanilang mga nagawa.
3. Ano ang patunay na nakapagdulot nga ng mga pagbabago ang kanilang mga ginawa?

Sa pagkakataong ito tapikin mo ang iyong balikat at ang balikat nang iyong katabi at sabihin sa kaniya, “Ang Galing mo Kaibigan”. Mahusay ang iyong ginawang paglalapat

Sa susunod na aralin, tatalakayin at uunawain naman natin ang balangkas ng pamahalaan ng ilang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya gayundin ang mga palatuntunang nagtataguyod sa kagalingang panlahat at ng kababaihan.

ARALIN 3: MGA PAGBABAGO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

Paksa 3.1: Balangkas ng Pamahalaan ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya

Paksa 3.2: Mga Palatuntunang Nagtataguyod sa Karapatan ng Mamamayan Pangkalahatan, at ng Kababaihan, Grupong Katutubo, mga Kasapi ng Caste sa India at iba pang Sektor ng Lipunan

Mga Samahang Kababaihan at Mga Kalagayang Panlipunan

ATING ALAMIN:

Naging instrumento ka ba ng pagbabago sa inyong tahanan o kaya ay sa inyong barangay? Ano-ano ang iyong ginawa kaugnay nito? Pumiling iyong kapareha at magbahaginan kayo ng mga ginawa ninyong pagbabago sa inyong tahanan at sa barangay.

Pagkatapos ng inyong pagbabahaginan, sa susunod na aralin, aalamin ninyo kung ano-ano ang pagbabagong naganap sa Timog at Kanlurang Asya pagkatapos na sila ay magkaroon ng kalayaan.



Gawain Blg. 1: KWLH

Bilang panimula, pumunta ka sa iyong pangkat at sa loob ng sampung minuto, punan ang sumusunod na KWLH Tsart. Punan lamang ang una at ikalawang kolum.

Mga Nalalaman	Mga nais kong Malaman	Mga Natutuhan	Paano Pa Tayo Higit na Matututo
A. Balangkas ng Pamahalaan sa Timog at Kanlurang Asya 1. 2. 3. 4. 5. 6.			

7.			
B .Mga Palatuntunang Nagtataguyod sa Pangkalahatan at ng Kababaihan, Grupong katutubo, mga kasapi ng Caste sa India at Iba Pang Sektor			
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

Ngayong nasagutan mo na ang una at ikalawang kolum, ibahagi sa klase ang inilagay na mga ideya at kaisipan.

PAUNLARIN

Pagkatapos ng pagbabahaginan ng mga ideya ng bawat pangkat, suriin ninyo ang sumusunod na teksto tungkol sa uri ng pamahalaan na naitatag sa Timog at Kanlurang Asya.



Gawain Blg. 2: Basa Suri

Basahin mo ang sumusunod na teksto.

Balangkas ng Pamahalaan sa Timog at Kanlurang Asya

Sa paggawad ng kalayaan sa mga bansa sa Asya, nabigyan ng pagkakataon ang mga Asyano na makilahok at mamuno sa pamamahala. Ang pamahalaan ay maituturing na isang haligi. Ito ay nagsisilbing suhay ng bansa tungo sa katatagan, katahimikan at kaunlaran ng pamumuhay ng mga

mamamayan. Pinangangasiwaan ng pamahalaan ang mga tungkulin o gawain ng pamahalaan sa loob ng isang maayos at matatag na lipunan.

Mga Uri ng Pamahalaan:

Ang pamahalaan ay maaaring uriin sa iba't ibang kategorya ayon sa kayarian, lawak ng kapangyarihan, pag-uugnayan ng mga sangay at dibisyong heograpikal ng kapangyarihan.

Demokrasya. Sa pamahalaang demokrasya, hawak ng mga mamamayan ang kapangyarihan sa pamahalaan. Ang mga tao ay may pantay-pantay na karapatan at pribilehiyo. May kalayaan silang political, pangkabuhayan at panlipunan. Nagtatakda ang batas ng kapangyarihan ng mga pinuno ng bansa at kumikilos sila alinsunod sa batas.

Republika. Ang republika ay isang uri ng pamahalaan na walang monarka. Ang pinakamataas na kapangyarihan ay nasa mga mamamayan na maaaring maghalal ng mga taong kakatawan sa kanila. Maaaring presidensyal o parlamentaryo ang anyong republika.

Pamahalaang Pederal. Sa pamahalaang ito, hawak ng mga local na pamahalaan ang kapangyarihan na hindi maaaring pakialaman ng pamahalaang nasyonal. May halos kumpletong autonomiya ang bawat estado o yunit na politikal sa pamamahala ng sariling teritoryo. Subalit nagsasama-sama ang mga pamahalaang lokal na ito upang sumailalim sa mga batas ng pamahalaang pederal.

Totalitarianismo. Ito ang sistemang politikal na hawak ng estado, o ng pamunuang namamahala nito ang ganap na awtoridad. Maaaring minamana ang kapangyarihan ng estado o pinipili ang lider ng isang grupong espesyal.

Diktadurya. Ang pamahalaang ito ay pinamumunuan ng isang diktador na hindi nalilimitahan ng anumang batas ang kanyang desisyon. Masugid siyang tagapagtaguyod sa isang ideolohiyang pinagbabatayan ng pamamahala gaya ng komunismo.

Teokrasya. Sa pamahalaang ito, ang mga lider ng relihiyon ang namumuno bilang kinatawan ng kanilang Diyos.

Republikang Islamic. Nagsimula ito sa kilusan ng mga Islamist upang magdulot ng pagbabago sa relihiyon, politikal at sosyal. Layunin nitong agawin

ang kapangyarihan sa mga bansang Islamic at gamitin ito upang makamit ang kanilang adhikaing repormasyon sa lipunan.

Komunismo. Sa pamahalaang ito, iisang partidong autoritaryan ang may kapangyarihan sa ekonomiya ng bansa.

Anyo ng Pamahalaan ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya

KANLURANG ASYA	
BANSA	PAMAHALAAN
Nepal	Parliamentaryong Demokrasya
Sri-Lanka	Republika
Bhutan	Monarkiya
Pakistan	Republikang Pederal
India	Republikang Pederal
Bangladesh	Parliamentong Demokarasya
Maldives	Republika

KANLURANG ASYA	
BANSA	PAMAHALAAN
Afghanistan	Pamahalaang Transisyunal
Bahrain	Monarkiyang Tradisyunal
Iran	Republikang Teokratik

Iraq	Pamahalaang Transisyon
Israel	Parliamentong Demokrasya
Jordan	Monarkiyang Konstitusyunal
Kuwait	Nominal na Monarkiyang Konstitusyunal
Oman	Monarkiya
Qatar	Monarkiyang Tradisyunal
Syria	Republika sa Ilalim ng military
United Arab Emirates	Pederasyon, may tiyak na kapangyarihan ang gobyernong sentral ng UAE at ibang naman ang kapangyarihan sa bawat Emirate.
Yemen	Republika
Turkey	Republika, Parliamentaryong Demokrasya



Gawain 3: Power Point Presentation

Pagkatapos ng inyong pagsusuri gumawa ka ng power point presentation na tatalakay sa sumusunod:

A. Balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

B. Mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan at ng kababaihan, grupong katutubo at iba pang sektor ng lipunan. Maaring sumangguni sa sipi ng binasang teksto tungkol sa mga samahang kababaihan.

Ang Power Point Presentation ay itataya sa pamamagitan ng sumusunod na mga kraytirya:

Komprehensibo ang nilalaman	-	-	-	10 puntos
Organisado ang mga ideya	-	-	-	5 puntos
Malikhain ang Pagkakagawa	-	-	-	<u>5 puntos</u>
Total				20 puntos

Pamprosesong Mga Tanong:

1. Ano ang iyong masasabi sa balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya? Pagkatapos na sila ay magkaroon ng kalayaan?
2. Ano-ano ang mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mga mamamayan at iba pang sektor ng lipunan sa Timog at Kanlurang Asya?
3. Paanong ang sumusunod ay nagdulot ng transpormasyon sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?
 - a. Balangkas / Uri ng pamahalaan
 - b. Mga Palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mga mamamayan at iba pang sektor ng lipunan.

Magaling ang iyong ginawang power-point presentation! Binabati ko kayo! Sa puntong ito , balikan ang KWLH tsart sa Gawain 1 at higit mong ipakita ang iyong pag-unawa sa paksa.

Ating Palalimin at Unawain

Maglaan ng mga gawain na nagtatampok sa kasalukuyang balita at pag-uugnay sa mga konsepto ng aralin.



Gawain 4: Pagpapatuloy sa KWLH Tsart

Bumalik na muli sa iyong pangkat at punan ang huling dalawang kolum ng KWLH Tsart.

Mga Nalalaman	Mga Nais kong Malaman	Mga Natutuhan	Paano Pa Tayo Higit na Matututo
A. Balangkas ng Pamahalaan sa Timog at Kanlurang Asya			


B. Mga Palatuntunang Nagtataguyod sa Pangkalahatan at ng Kababaihan, Grupong katutubo, mga kasapi ng Caste sa India at iba pang sektor			
--	--	--	--

Pagkatapos ng gawain, ibahagi sa klase ang mga impormasyong inyong inilagay sa tsart




Gawain 5: Mapa ng Paghahambing at Pagkakaiba

Paghambingin ang kalagayan at papel ng mga kababaihan sa iba't – ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at sa rehiyon sa pamamagitan ng sumusunod na mga gawain





Gawain 6: Cluster Web. Sa bawat bilog, isulat ang ambag ng kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya.



Gawain 7: Focused Listing

Maglista ng 5 pahayag o pangungusap na nagpapaliwanag sa mahahalagang konseptong tinalakay sa aralin.

1. Limang mahahalagang konseptong tinalakay sa aralin

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

2. Repleksiyon tungkol sa kahalagahan ng mga ambag na nagawa ng mga kababaihan

3. Repleksyon tungkol sa kalagayan ng kababaihan

Binabati kita! Napatunayan mo na naunawaan mo ng higit ang Paksa 3.2 sapagkat mahusay mong naisagawa ang paglalapat. Sa susunod na aralin ay susuriin mo naman n ang iba't ibang samahang kababaihan at mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampolitika.

Mga Samahang Pangkababaihan at Mga Kalagayang Panlipunan



ATING ALAMIN:

Ikaw ba ay kasapi ng isang samahan? Sa iyong pananaw, bakit mahalaga ang pagkakaroon ng samahan sa isang lipunan? May mga samahan kayang pangkababaihang naitatag sa Timog at Kanlurang Asya noong ika- 16 hanggang 20 siglo?

Gawain Blg. 1

Basahin at unawain ang sumusunod na teksto.

Epekto ng mga Samahang Kababaihan at ng mga Kalagayang Panlipunan sa Buhay ng Kababaihan Tungo sa Pagkakapantay-pantay, Pagkakataong Pang-ekonomiya at Karapatang Pampolitika

MGA KILUSANG PANGKABABAIHAN

Nakita ng mga kababaihan sa Asya ang kahalagahan ng pag-oorganisa upang maisulong ang kanilang interes at marinig ang kanilang mga boses. Sapagkat minsan na nilang naranasan ang iba't ibang anyo ng pang-aapi at diskriminasyon sa lipunan at sa kanilang pamilya. Mahalaga ang pagkakaroon ng mga kilusang pangkababaihan sapagkat sila ang pangunahing tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga kababaihan. Alamin natin ang ilan sa mga kilusang ito sa ilang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

TIMOG ASYA

INDIA

Mababa ang katayuan sa lipunan ng kababaihan sa India. Subalit pagsapit ng ika-19 na siglo, naging aktibo ang mga kababaihan sa bansa sa paglahok sa mga kilusang nagtataguyod ng repormang panlipunan. Ang ilan sa mga kilusang naitatag ay ang Bharat Aslam ni Keshab Chunder Sen ng Bramo Samaj(1870); ang Arya Mahila Samaj na itinatag ni Pandita Ramabai at Justice Ranade(1880); Bharat Mahila Parishad(1905) at Anjuman-e-Khawatin-e-Islam na itinatag ni Amir-un-Nisa. Ang mga kilusang ito ay nakatulong sa kababaihan upang maisulong ang karapatan sa edukasyon.

Ang Women's Indian Association(1917) at ang National Council of Indian Women(1925) ay nangampanya sa mga mambabatas upang makapagdulot ng mga pagbabago sa pamumuhay ng karaniwang kababaihang Indian. Tinalakay ng All India Women's Conference ang mga isyu sa paggawa, rekonstruksyon ng mga kanayunan, opyo, at batas ukol sa bata o maagang pagpapakasal.

Noong 1851, ang mga unyon sa industriya ng tela ay nangampanya laban sa child labor. Binigyang pansin naman ng Indian Factory Act (1891) ang hindi makatuwirang bilang ng oras ng pagtatrabaho ng kababaihan. Binigyang pansin naman ng All Indian Coordination Committee ang mga isyu tulad ng benepisyo sa pagbubuntis, pantay na sahod at mga pasilidad ng day care.

Nanguna si Sarojini Naidu sa paghimok sa mga kababaihang gumagawa at bumibili ng asin na huwag bayaran ang buwis bilang protesta sa pamahalaang English. Pinamunuan din niya ang Women's India Association na mangampanya upang ang kababaihan ay mabigyan ng karapatang bomoto noong 1919. Noong 1950, ang karapatang bomoto ay iginawad sa kababaihan.

Ipinagbawal naman ng Factories Act ng 1948 ang pagtatrabaho ng kababaihan sa mga delikadong makinarya habang umaandar ang mga ito. Nagbigay rin ito ng wastong pasilidad na pangkalinisan, daycare, kompulsaryong maternity leave. Nagtalaga naman ang Mine's Act of 1952 ng hiwalay na palikuran para sa lalaki at babae. Ginawang legal ng Hindu Marriage Act of 1955 ang diborsyo.

Noong 1970, itinatag ang mga kilusan tulad ng Kilusang Shahada, Shramik Sangatana(1972), Self-Employed Women's Association(1972), ang

United Women's Anti-Price Rise Front(1973) at ang Nav Nirman(1974). Tinutulan ng mga kilusang nabanggit ang mga isyu gaya ng karahasan sa tahanan at di- makatarungang pagtaas ng presyo ng bilihin.

PAKISTAN,SRI-LANKA at BANGLADESH

Ang partisipasyon ng mga kababaihan sa Pakistan ay bunga ng pakikipaglaban sa mga mananakop bago ang 1947. Ang kababaihang Muslim ay naging aktibo sa paghingi ng pagbabago sa edukasyon. Pinamunuan sila ni Syed Ahmed Khan. Aktibo rin sila sa Kilusang Khilafat bilang pagsuporta kay Turkish Khilafat, na naging simbolo ng pagkakaisa ng mga Muslim. Gayundin, naging aktibo sila sa paghingi ng isang malayang Pakistan.

Ang Pakistan¹ ay may malakas na kilusan ng mga kababaihan na nakatulong upang ipagtanggol ang proseso ng demokrasya sa bansa. Sa panahon ng pamumuno ni ZulfikarAli Bhutto(1971-1977), nagkaroon ng mga pagbabago sa pagtingin sa kababaihan. Sa pamamagitan ng 1973 Saligang-Batas, may mga probisyon ito na nagbigay ng pantay na karapatan sa kababaihan, kasama na rin ang paglalaan ng sampung posisyon para sa mga kababaihan sa National Assembly at sampung bahagdan(10%) sa Asembleang Panlalawigan. Ang kababaihan ay nahirang sa matataas na posisyon sa pamahalaan.

Ang ilan sa mga samahang itinatag ng kababaihan sa gitnang bahagi ng 1970 na pinamunuan ng mga may pinag-aralan ay ang sumusunod:United Front for Women's Rights(UFWR), ang Women's Front, Aurat at Shirkat Gah na sa kalaunan ay naging instrumento sa pagkakaroon ng Women's Action Forum. Sa paglipas ng mga taon, pinangalagaan nila ang mga karapatan ng mga kababaihan. Sila rin ang nakipag-usap sa mga pinuno ng pamahalaan at mga partidong pulitikal tungkol sa mga isyu ng kababaihan. Pagkatapos ng 1988 eleksyon, isinilang ng WAF ang kanilang Charter Demands, na kung saan ay inilahad nila ang isang komprehensibong programang politikal para sa mga kababaihan.

Dahil sa impluwensiya ng WAF, ang Sindhian Tehrik, isang partido pulitikal sa Sindh ay nagtagumpay sa kanilang kampanya laban sa maagang pag-aasawa (child marriage) at poligamy, gayundin ang karapatan ng kababaihan sa pagpili at pagpayag sa mapapangasawa.

Dahil sa kahinaan ng civil society at mga partidong politikal, gayundin ang mapaniil na kapasidad ng estado; ang mga kilusang kababaihan sa bansa

ay kritikal na patuloy na nagtatanggol sa mga karapatang pantao karapatan ng mga minorya sa Pakistan.

SRI-LANKA

Ang kababaihan sa Sri-Lanka ay hindi gaanong nakalalahok sa politika. Kaalinsabay ng patuloy na digmaang sibil ay ang patuloy na paglabag sa mga karapatan ng kababaihan. Pumapangalawa lamang sila sa mga kalalalahan pagdating sa papel na ginagampanan sa sistemang politikal.

Noong 1994 eleksyon, nagkaroon ng pagkakataon ang kababaihan na ipahayag ang mga isyu tungkol sa kanila. Ang mga isyung ito ay may kinalaman sa mga karahasang nagaganap laban sa kanila. Hiniling nila ang mga partidong pulitikal na magnomina sa mas maraming kababaihan na tatakbo sa eleksyon at isama sa kanilang plataporma ang mga isyung kinakaharap ng mga ito.

Dahil dito, pinalakas ng nahalal na People's Alliance ang probisyon ng Kodigo Penal na may kinalaman sa pang-aabuso sa kababaihan at mga pagbabago sa batas na may kinalaman sa panggagahasa at sexual harassment at iba pa. Hinirang din ng bagong pamahalaan angtatlong kababaihang ministro at apat na deputy ministers sa gabinete.

Ang isa sa mahalagang samahan na naitatag noong 1984 sa bansa ay ang Mother's Front bilang protesta sa pagkawala ng miyembro ng isang pamilya na inaresto at ikinulong ng mga sundalo. Samantala, ang Sri-Lanka Women's NGO Forum na binuo ng iba't ibang samahan ay naging aktibo sa pagtataguyod ng partisipasyon ng mga kababaihan sa politika.

Taong 1983, sumalakay ang mga militanteng gerilya, na nakilala sa tawag na LTTE (Liberation Tigers of Tamil Eelam). Ang pagsalakay na ito ay nagdulot ng giyera sibil. Itinatag ang LTTE noong 1976 upang maitatag ang isang malayang estado ng Tamil sa Sri-Lanka. Ang mga kaguluhan ay tumagal hanggang 2009. Noong 1983, itinatag ng LTTE ang Women's Front of the Liberation Tigers. Maraming kababaihan ang sumapi rito na sa simula ay aktibo lamang sa pagkalat ng mga propaganda, pangagamot at maghanap ng pondong pinansyal. Sa kalaunan, sila ay naging aktibo na rin sa pakikipagdigma tulad ng kalalalahan. Para sa kanila, ang kapakanan ng bansa ang dapat manguna bago ang lahat. Ipinakita ng kababaihan sa kanilang pagsanib sa LTTE ang pagsuway sa kapangyarihan ng kalalalahan. Ayon sa

pahayag ng LTTE noong Marso 8,2004, habang ang kababaihang Tamil ay nakikipagdigma upang palayain ang kanilang teritoryo, ito ay nangangahulugan rin ng pagpapalaya ng kanilang mga sarili sa anumang uri ng opresyon at di makatarungang pagkilos na dulot ng lipunan. Nararapat lamang na lumaban ang kababaihan upang magkaroon ng pagbabago sa lipunan at wasakin ang mapaniil na istrukturang sosyal.

Para sa kababaihan, ang naging implikasyon ng digmaang sibil ay ang pagkakaroon ng panibagong direksyon sa isyu ng kababaihan. Ang Women for Peace na itinatag noong Oktubre, 1984 ay nagsilbing bantay sa militarisasyon ng Sri-Lanka. Naging aktibo rin sila sa iba't iba pang mga samahang nagtatanggol ng mga karapatang pantao at karapatang sibil.

BANGLADESH

Ang kilusan ng kababaihan sa Bangladesh ay isinilang bunga ng kilusang nasyonalista. Noong 1970ang makakaliwang Mahila Parishad ay itinatag. Ito ang itinuturing na pinakamalaking samahan ng kababaihan sa bansa. Naimpluwensiyahan nito ang pagpapatupad ng mga polisiya sa pamahalaan kabilang ang kampanya na sumuporta sa pagsasabatas ng pagbabawal ng pagbibigay ng dote at ratipikasyon ng CEDAW (Convention on the Elimination of all Forms of Discrimination Against Women).

Ang pagdami ng mga samahang kababaihan sa Bangladesh ay tugon ng mga ito sa mga kaganapan sa bansa simula pa noong 1980. Ang mga samahan ng mga kababaihan ay instrument sa pagpapatalsik kay Hussain Ershad dahil sa pamumulitika gamit ang relihiyong Islam at ang pagpigil sa demokrasya.

Sa pamamagitan ng United Women's Forum, hiniling nila ang ratipikasyon ng CEDAW, magkakaparehong Kodigo Sibil at dagdag sa kota ng kababaihan sa Serbisyo Sibil. Maliban sa samahang ito, naitatag din ang Collective Women's Platform na pumipigil sa anumang uri ng karahasan sa kababaihan. Isinilang din ang Platform Against Sexual Harassment.

KANLURANG ASYA

Sa kasalukuyan, ang hamon na kinakaharap ng kababaihan sa Kanlurang Asya ay higit na paigtingin ang kanilang ginagawa upang makatiyak ang pagkakaroon ng pantay na karapatan ang kalalakihan at kababaihan. Sa kontekstong ito, ang samahan ng kababaihan ay kumikilos sa tatlong lebel: imulat ang kababaihan sa kanilang bansa tungkol sa hindi pagbibigay ng

pantay na karapatan ng kanilang pamahalaan; hilingin sa pamahalaang nasyonal ang implementasyon ng internasyunal na pagpapatupad sa pagbibigay proteksyon sa kababaihan sa lahat ng larangan at ipaunawa sa mga bansa sa daigdig na ang kababaihan sa Kanlurang Asya ay hindi lamang naghihintay sa mga Kanluraning bansa upang sila ay sagipin sa halip ipaunawa na sila ay kababaihang nakikipaglaban para sa kanilang karapatan kagaya rin ng ibang kababaihan. Na sila rin ay kumikilos laban sa di-makatarungang patakaran dulot ng sistemang patriyarkal at ng kanilang kasaysayan.

ARAB REGION

Ang rehiyong ito ay binubuo ng mga bansang Bahrain, Egypt, Iraq, Jordan, Kuwait, Lebanon, Oman, Palestinian Territories, Qatar, Saudi Arabia, Syria, United Arab Emirates at Yemen. Sa rehiyong ito, ang partisipasyon sa pulitika at paghahanapbuhay ng kababaihan ay hindi halos nagbago. Milyong kababaihan ang nangangailangan pang ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Sa Kuwait at Saudi Arabia, illegal para sa kababaihan ang makilahok sa eleksyon dahil sa kanilang kasarian. Bagaman, ang mga pamahalaan sa rehiyong Arab, ay hindi pa rin tanggap ang ideya ng pagpapalaganap sa mga karapatang pantao; noong 1982 pagkatapos ng pagpupulong ng mga grupo ng civil society sa karapatang pantao na ginanap sa Cyprus, unti-unting tinanggap ng mga pamahalaang lokal at rehiyonal ang mga adbokasiya ng mga nangangalaga sa karapatang pantao, kabilang dito ang mga samahang kababaihan sa Israel. Sa pamamagitan ng Isha L'isha-Haifa Feminist Center, pinangunahan nila ang implementasyon ng Security Council Resolution 1325. Hinikayat nila ang kababaihan na makilahok sa negosasyon at talakayan tungkol sa sigalot sa pagitan ng Israel at Palestine. Sa pamamagitan nito, maipamumulat ang epekto ng sigalot lalo na sa kababaihan at kung paano nila maipagtanggol ang kanilang karapatan.

Maraming NGO na samahang kababaihan, samahang pangkapayapaan at Women's Coalition for a Just Peace ang aktibo sa Israel. Karamihan sa kanila ay patuloy na nakikipagdayalogo sa kababaihang Palestinian upang magkaroon ng solusyon sa problema na maaaring maging instrument sa pagkakaroon ng kapayapaan.

Bagaman, ang mga Samahan sa Karapatang Pantao sa Kanluran ay napangingibabawan ng mga kalalakihan, ang mga samahan ng kababaihan ay unti-unti nang kinikilala. May malakas na koalisyon ng mga NGO na nagsusulong ng karapatang pantao at karapatan ng kababaihan sa Bahrain, Egypt, Jordan at Yemen.

Sa panig ng grupo ng kababaihan, pinag-aralan nila ang mga batas at polisiya na nagdudulot ng diskriminasyon sa kababaihan. Sila ay humingi ng mga pagbabago na mangangalaga sa pagbibigay ng pantay na karapatan sa mga babae, gayundin ang pagbibigay ng pagkakataon na makilahok sa pulitika at sosyo-ekonomik na kapangyarihan.

Sa loob ng sampung taong pakikibaka, ang kababaihan sa Bahrain, Omar at Qatar ay nagtagumpay na magkaroon ng karapatang bomoto. Samantala, ang kababaihan naman sa Egypt at Jordan ay nabigyan ng karapatan sa diborsyo, at ang karapatan bilang mamamayan ng kababaihan ay naibigay rin sa taga-Bahrain, Egypt at Lebanon.

Sa Jordan, nanguna si Reyna Rania Al- Abdulla sa kampanya laban sa pang-aabuso sa kababaihan. Sa Egypt, pinamunuan naman ni Susan Mubarak ang National Council on Women sa kampanya na baguhin ang batas pampamilya at pagbabawal sa pagkapon sa mga kababaihan. Samantala sa UAE, ang namuno ay si Sheikha Fatima Bint Mubarak ang nanguna sa pagbibigay ng karapatan na makapag-aral sa kolehiyo at magkaroon ng karapatang ekonomiko ang kababaihan. Dahil sa nabanggit na mga inisyatibong ng mga Unang Ginang sa kani-kanilang bansa, nakatulong sila sa pagbibigay solusyon sa mga isyung kinakaharap ng kababaihan. Gayundin nagkaroon ng dagdag na alokasyon ng badyet para sa edukasyon at kalusugan ng mga tao.

Noong 2000, inilunsad ang Arab Women Connect, isang pangrehiyong network upang maisulong ang kamalayan ng kababaihan tungkol sa kanilang dapat na taglaying mga karapatan. Ito ay sa pamamagitan ng pagkilos ng kababaihan sa Egypt, Jordan, Lebanon, Palestine, Qatar, UAE at Yemen.

Ang kapasidad ng mga samahang kababaihan upang maimulat ang publiko sa mga kontrobersyal na isyu ay nagkaroon ng pagbabago lalo na sa mga isyu tungkol sa diskriminasyon sa kababaihan at pambubugbog at pananakot sa asawa maliban na lamang sa mga bansang Kuwait, Oman, Saudi Arabia at Syria.

Ang kababaihan sa Kanlurang Asya ay patuloy na aktibong nakikilahok sa pulitika, gayundin sa isyu ng pagkakaroon ng kapayapaan at seguridad sa rehiyon.

Pinagkunan: www.mthdyoke.edu/intrel/dash.htm



Gawain Blg. 2: IKUWENTO MO PAKIKINGGAN KO

Ang klase ay hahatiin sa apat na pangkat. Sa bawat pangkat ay may aatasang magkuwento tungkol sa mga samahang kababaihan at mga kalagayang panlipunan sa Timog at Kanlurang Asya mula ika – 16 hanggang ika-20 siglo. Habang ang inyong kamag-aral ay nagkukuwento, isulat sa inyong dyornal ang mga mahahalagang datos tulad ng sumusunod:

1. Mga Samahang Kababaihang Naitatag sa Timog at Kanlurang Asya
2. Mga Namumuno
3. Layunin ng Bawat Samahan
4. Kalagayang Panlipunan

Pagkatapos mong marinig ang kuwento at maisulat ang mahahalagang datos, bilang isang pangkat, nakahanda na kayong magpatuloy sa inyong susunod na gawain.



Gawain Blg. 3: Pagpupuno sa Tsart

Bilang isang pangkat, sa loob ng sampung (10) minuto, punan ang hinihingi ng sumusunod na tsart.

	Kalagayang Panlipunan	Samahang Kababaihan	Tagapagtatag / Pinuno	Layunin
1. Timog Asya				
2. Kanlurang Asya				

Pagkatapos mo itong isagawa, ipaskil sa pisara ang inyong output at ibahagi sa klase ang nilalaman nito.

ATING LINANGIN



Gawain Blg. 4: Sa bahaging ito, balikan at suriin ninyo ang binasang teksto at magkakaroon tayo ng malayang talakayan tungkol sa paksa.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano- ano ang samahang pangkababaihan na naitatag sa ilang bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Ano ang layunin ng nabanggit na mga samahan?
2. Paano mo ilalarawan ang kalagayang panlipunan ng kababaihan sa nabanggit na mga bansa?
3. Ano ang naging epekto ng mga samahang pangkababaihan at ng mga kalagayang panlipunan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampolitika ng mga taga -Timog at Kanlurang Asya?
4. Paanong ang mga samahang pangkababaihang naitatag ay nakatulong sa patuloy na transpormasyon sa nabanggit na mga rehiyon?

Naniniwala ako na matapos mong suriin ang nilalaman ng teksto at masagot nang mahusay ang pamprosesong mga tanong ay handa mo nang isagawa ang susunod na gawain.



Gawain Blg. 5: 3 – 2 – 1 Chart

Isulat ang hinihingi. Mula sa paksang tinalakay . . .

Magtala ng mga kaisipang iyong natutunan

3 _____

Mga Kaisipang iyong kinawilihan .

2 _____

Nais mo pang itanong

1 _____

PAGNILAYAN at Unawain

Sa bahaging ito, higit mong patutunayan na lubos ang naging pag-unawa sa paksa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng susunod na gawain.



Gawain Blg. 6: Problema/ Solusyon

Tanong	Sagot
1. Paanong ang mga samahang kababaihan ay nakaaapekto sa: a. Pagkakapantay – pantay b. Pang – ekonomiya c. Karapatang pampolitika	1. a. b. c.
2. Paano ang mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan ay nakaaapekto sa: a. Pagkakapantay – pantay b. Pang – ekonomiya c. Karapatang pampolitika	2. a. b. c.
3. Ano-ano ang pagbabagong naidulot ng mga samahang kababaihan sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.	3. a. b. c. d. e.

Pagsasalin



Gawain 7: Photo Essay

Humanap ng larawan na nagpapakita kung paano ang pamahalaan ay nagtatupad ng mga programa para sa kagalingang panlahat ng mga


mamamayan. Ipaliwanag ang ipinakikita ng larawan at kung paano ito nakapagdulot ng transpormasyon sa lipunan sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay. Idikit sa ½ na kartolina ang larawan at isulat sa ibaba ng idinikit na larawan ang sanaysay na nagpapaliwanag.

Kraytirya ng Pagmamarka:

Kaangkupan ng larawan	-	-	-	-	8 puntos
Nilalaman ng sanaysay	-	-	-	-	-7 puntos
Pagkamalikhain	-	-	-	-	5 puntos
					20 puntos

Binabati kita! Mahusay at malikhain ang ginawa mong photo essay.

Ngayong naunawaan mo na kung paano nakatutulong ang uri ng pamahalaan at mga programang pangkalahatan nito, gayundin ang naging ambag ng kababaihan at ang naidulot na mga pagbabago sa rehiyong Timog at Kanlurang Asya; ihanda mo naman ang iyong sarili upang matalakay at maunawaan kung paano ang iba pang aspeto gaya ng edukasyon, relihiyon at ekonomiya, ay nagdulot din ng mga pagbabago sa naturang rehiyon. Gayundin, tatalakayin sa susunod na aralin ang epekto ng kalakalan sa papagbabagong pang-ekonomiya. Malalaman mo ito sa susunod na mga aralin.



Pagkatapos mong malaman ang kalagayan, at naging ambag ng kababaihan sa ibat ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya ay napatunayan mo ang mahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan. Sa bahaging ito ng Modyul, ay inaasahan na matututuhan mo ang bahaging ginagampanan ng edukasyon at relihiyon sa ibat ibang aspeto ng pamumuhay ng mga tao sa Timog at Kanlurang Asya. Mababatid mo rin sa bahaging ito ng Modyul, ang kasalukuyang mga pagbabagong pang- ekonomiya na nakaaapekto sa pagsulong at pag- unlad ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

GAWAIN BLG 1: Picture Analysis

PANUTO: Suriin ang kasunod na mga larawan. Tukuyin kung saan may kaugnayan ang bawat larawan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga ginulong mga letra bilang tamang paksa na ilalagay sa ibaba ng bawat larawan.



KEOMIYNAO

RILIHNOYE

DEUAKSONY



PAMPROSESONG MGA TANONG:

1. Ano ang mga paksang maaari nating makita sa bawat larawan?
2. Batay sa mga larawan, ano-anong aspeto ng kasalukuyang pamumuhay ng mga tao sa bansa ng Timog at Kanlurang Asya ang kakikitaan ng mga pagbabago?
3. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa ibat-ibang larangan ng pamumuhay ng mga tao sa bansa ng Timog at Kanlurang Asya?

GAWAIN BLG 2: ATING ALAMIN TECHNIQUE

PANUTO: Isulat sa ilalim ng unang kolum ang kaalaman mo tungkol sa kaugnayan ng Edukasyon at Relihiyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ; Isulat sa ikalawang kolum ang mga paksa na nais mong pag-aralan: at isulat sa ikatlong kolum ang inyong natutuhan.

ATING ALAMIN TECHNIQUE

ANG AKING ALAM	NAIS MALAMAN	MGA NATUTUHAN



Marahil ay handa ka nang basahin at suriin ang Teksto Blg.1 tungkol sa edukasyon mayroon ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Natitiyak kong mawiwili ka sa pagbabasa nito. Simulan mo na!

GAWAIN BLG 3: Pagsusuri sa teksto

Ang Kinalaman ng Edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya

Sinasabing ang edukasyon ay kayamanan ng isang tao na hindi maaaring makuha ng sinuman. Maituturing din itong isang karapatan na may mahalagang

Tinatayang 57.2% sa populasyon nito ang marunong bumasa at sumulat. Mas malaking bahagdan ng mga literate sa populasyon ay binubuo ng mga lalaki na umaabot sa 70.02% at 48.3% lamang ang kababaihan. Pinahihintulutan din sa bansang India ang pagtatayo ng mga paaralan na magbibigay ng edukasyon batay sa kanilang katutubong wika, relihiyon at kaugalian.

Isa sa mga sagabal sa pag-unlad ng edukasyon sa bansang Pakistan ay ang mabilis na paglaki ng populasyon nito

Subuking pag-aralan ang talahanayan sa ibaba ukol sa literacy rate ng mga bansa sa Timog Asya, ayon sa aklat ni Mateo, et al. Asya Pag-usbong ng Kabihasan.

Bansa	Literacy Rate
Maldives	96.9 %
Sri Lanka	91.6 %
Pakistan	43.2 %
Bhutan	42.2 %
Nepal	41.7 %
Bangladesh	40 %

Nagkararoon man ng mga pagbabago sa mga patakaran sa edukasyon upang umangkop sa nagbabagong pangangailangan ng panahon nananatili itong may kaugnayan sa pamumuhay ng mga tao sa Timog at Kanlurang Asya. Makikita ito sa sistema ng edukasyon mayroon ang bansang Saudi Arabia.

Tunghayan natin ang isang talahanayan sa ibaba na may kaugnayan sa *Literacy rate* ng iba pang bansa sa Kanlurang Asya ayon kay Mateo et al Asya, Pag-usbong ng kabihasan. UNESCO 2002.

Bansa	Literacy Rate
Israel	96 %
Lebanon	92 %
Oman	59 %
Iraq	58 %
Yemen	43 %


Timog at Kanlurang Asya naratun pa rin ang mga nasyon dito tulad ng mga paniniwalang

panrelihiyon at pangkultura na nakakapekto sa pagtatamo ng edukasyon, paniniwalang ang edukasyon sa kalungsuran ay mas maunlad kumpara sa mga lalawigan, ang mga liblib na lugar na wala o may

Pagkatapos mong basahin nang may pagsusuri ang Teksto Blg.1 ay inaasahan kong mabubuo mo ang isang Fact Storming Web tungkol sa kaugnayan ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya.

GAWAIN BLG 4: Fact Storming Web

Panuto: Ilagay ang wastong mga datos na kailangan sa *Fact Storming Web*.Kulayan ito upang maging kaakit-akit.



**Kaugnayan ng edukasyon sa
pamumuhay ng mga Asyano
sa Timog at Kanlurang Asya**



PAMPROSESONG TANONG

1. Ano-ano ang bagay na nakakaimpluwensiya sa edukasyon ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Paano nakakaapekto ang edukasyon sa kasalukuyang pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya?

GAWAIN BLG 5: Dugtungan

Panuto: Dugtungan ang isang pangungusap na di tapos tungkol sa kaugnayan ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at

Ang edukasyon sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ay



Sa puntong ito ay nakatitiyak akong handa ka nang muling basahin at suriin ang Teksto Blg 2 .tungkol sa bahaging ginagampanan ng relihiyon sa ibat ibang aspeto ng pamumuhay ng mga tao sa Timog at Kanlurang Asya.Nakatitiyak akong mawiwili ka sa pagbabasa nito.

GAWAIN BLG 6: Pagsusuri sa teksto



Relihiyon at Kultura sa Timog at Kanlurang Asya

Alam natin na ang mga pangunahing relihiyon at pilosopiya sa mundo ay nagmula sa Asya.May malaking bahaging ginagampanan ang relihiyon sa pamumuhay na mayroon ang mga Asyano sa kasalukuyan. Naimpluwensiyahan nito ang sining, arkitektura, panitikan, drama, musika, sayaw at maging sa personal na gawi at maging patakarang pambansa at panlabas. Makikita ang halaga ng relihiyon hanggang sa kasalukuyan, hindi lamang sa mga dambana mayroon ang mga bansa kung hindi maging sa mga kaganapang nakaugat sa paniniwalang panrelihiyon.

SA INDIA:

Noong taong 1829 sa ilalim ng pamamahalang Ingles sa India ipinagbawal na ang *Sati* o *Suttee* na pagpapakamatay ng asawang babae sa pamamagitan ng kaniyang pagsama sa *cremation* o pagsunog sa labi ng asawang namatay. Itinuturing itong isa sa mga tradisyon ng Hindu na patuloy pa ring isinasagawa sa ibang pangkat ng tao sa India. Tulad ng kinasangkutan ni Roop Kanwar sa lugar ng Deorala, India ayon sa aklat ni Mateo et al, Asya Pag-usbong ng Kabihasan .

Siya ay 18 taong gulang, batang babae na nagsagawa ng *Sati*. Hindi naging hadlang ang isang taong pagsasama ng mag-asawa upang hindi isagawa ang tradisyong *Sati*. Ang pangyayaring ito sa India ay naging daan upang magkaroon ng mga pagtatalo tungkol sa usapin sa tradisyon at modernisasyon. Binatikos ng mga Kanluraning bansa at pangkat ng mga feministang Hindu ang pangyayaring ito, samantalang kinilala naman at sinamba ng ibang debotong Hindu si Roop Konwar bilang diyosa.

Ipinadakip ang mga tumulong kay Kanwar upang maisagawa ang *Sati* kasama ang kaniyang nakababatang kapatid na lalaki na nagsindi ng apoy sa *cremation*. Pagkatapos ng 9 na taon ay nagdesisyon ang korteng Indian na palayain ang mga akusado sa pamamagitan ng isang deklarasyon na ang *Sati* ay isang tradisyong panlipunan.



Saudi Arabia

Hindi naman tuwirang sinabi sa mga aral ng Islam ang diskriminasyong nararanasan ng kababaihan sa mga bansang Arabo ay patuloy at nanatili pa rin ito sa kasalukuyan.

Ilan sa mga diskriminasyon laban sa kababaihan sa lipunang Arabo ay ang usaping ukol sa kasal, pinapayagan ang lalaki na magkaroon ng hanggang apat na asawa at kahit ilang *concubine* sa kondisyon kailangan niya itong mapakain lahat at matrato nang pantay. Wala ring kahirap- hirap

naman sa karapatan sa mga anak matapos ang diborsyo, mananatili ang batang lalaki sa pangangalaga ng ama mula sa una hanggang pitong taong gulang, ang batang babae naman ay kailangang umabot muna sa 9 na taong gulang bago siya mapunta sa kaniyang ama.

Ang ina na magdedesisyon ng muling pag-aasawa na hindi pa tapos ang panahon ng *legal custody* ay mawawalan ng karapatan sa kaniyang mga anak.



Afghanistan

Minsan ding nangibabaw ang pangkat ng Taliban sa Afghanistan, isang grupong mga radikal na Muslim na nagpapatupad ng mga kautusan laban sa mga kababaihan tulad ng pagsusuot ng burka, ang tradisyonal na pananamit na tumatakip sa buong katawan, pagsuot ng belo na tumatakip maging sa kanilang mata. Sa panahon din ng mga Taliban inalis ang karapatan ng mga kababaihan sa pagboto, pag-aaral, pagtatrabaho at pagtanggap ng benipisyong pangkalusugan.

Pagkatapos mong basahin at suriin ang teksto ay maaari mo nang sagutan ang kasunod na Venn Diagram. Muli ay maaari mo itong kulayan upang maging kaakit-akit. Handa ka na ba? Simulan mo na!

GAWAIN BLG 7 : VENN DIAGRAM MO ITO!

Panuto: Lagyan ng wastong mga impormasyon ang bawat bahagi ng *Venn Diagram*. Kulayan ito upang maging kaakit-akit

Mga paniniwalang panrelihiyon sa Timog at Kanlurang Asya na nakakaapekto sa pamumuhay ng mga tao




PAMPROSESONG MGA TANONG

1. Ano-ano ang paniniwalang panrelihiyon sa Timog at Kanlurang Asya ang nakakaapekto sa pamumuhay ng mga tao?
2. Paano naimpluwensiyahan ng relihiyon ang iba't ibang aspeto ng pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya noon hanggang sa kasalukuyan?


GAWAIN BLG.8: SA GANANG AKIN

Panuto: Sumulat ng sariling reaksiyon sa isang pahayag tungkol sa ginagampanan ng relihiyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya

Malaki ang impluwensiya ng relihiyon sa tradisyon at kultura ng lipunan



Sa puntong ito ay nakatitiyak akong handa ka na muling magbasa at magsuri ng mga pagbabago sa kasalukuyang kalagayang pang-ekonomiya ng ilang piling bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Nakatitiyak akong mawiwili ka sa bagong babasahing ito. Alam kong interesado ka. Simulan mo na!



GAWAIN BLG. 9 PAGSUSURI NG TEKSTO



MGA NAGANAP SA EKONOMIYA NG MGA BANSA SA TIMOG AT KANLURANG ASYA SA PAGLIPAS NG PANAHON

Maraming pagbabagong pang-ekonomiya ang naganap sa Asya matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pinagsikapan ng mga Asyano na harapin ang mga hamon dala ng pagtatamo ng kalayaan sa pagpapaunlad ng kaniya- kaniyang bansa. May mga bansang Asyano ang agarang nakabangon, samantalang ang iba ay patuloy na gumagawa ng mga hakbang at pagsisikap upang matamo ang inaasam na pag-unlad ng ekonomiya.

Ipinatupad sa bansang India noong 1992 ang Look East Strategy. Ito ay isang patakarang pang-ekonomiya na kung saan may kaugnayan sa ugnayang panlabas ng bansa, Sa pamamagitan nito napagtibay ang ugnayang pangkalakalan at pamumuhunan sa pagitan ng India sa Silangang Asya at Timog Silangan Asya lalo na ang mga bansang kasapi ng ASEAN. Ito ay ipinatupad ni dating Prime Minister Narasinba Rao. Ito ang pakikibahagi ng India sa globalisasyon sa pamamagitan ng mga liberal na patakaran. Isa itong patakaran na ginawa ng India upang matamo ang mga tulong pinansyal mula sa mga pandaigdigang samahan na makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Dahil sa patakarang ito ang mga kompanyang Ameikano ay naglagay ng kanilang puhunan at kapital. Kaalinsabay ng patakarang to ay binago rin ng India ang sistema ng pagbubuwis at patakaran ng pagkontrol sa pagluluwas ng mga produktong pangkalakal nito.

Taong 1999 nang isagawa ng pamahalaan ng India ang pagsasapribado ng ilang sektor ng pamumuhunan. Dahil sa hakbang ng ito ay pinahintulutan na ang pamumuhunan sa lahat ng industriyang pang imprastruktura, kuryente, *telecommunication*, paliparan at maging sa sektor ng pananalapi Nanantiling hawak ng pamahalaan ng India ang sektor ng tanggulan, riles ng tren at enerhiyang nukleyar

Dahil sa mga pagbabagong ito ay nabuksan ang ekonomiya ng bansang India sa daigdig na dati ay ay nakapinid. Ang pag-unlad sa pagluluwas ng produkto ay nakatulong upang maitaas ang kanyang ambag sa pandaigdigang kalakalan. Nabawasan naman ang panlabas na pagkakautang ng bansa, subalit nananatili pa ring suliranin sa bansa ang lagapan na kahirapan at hindi pantay na pagpapasahod. na may mababang sahod kumpara sa ibang bansa.

Mula sa pagiging huli ng bansang India sa larangan ng pagmamanupaktura at pagkakaroon ng mababang kalidad ng mga produkto ay nagawa niyang mapaunlad noong huling taong 1900 ang larangan ng *information technology* . Sa kasalukuyang kalakalan ay pangatlo ang bansang India bilang pinakamalaking prodyuser ng mga produktong optikal, *compact disk* ,*video computer disk*, *digital compact disk* at iba pa. Lumago din ang eksport ng bansang India na mula sa \$37B noong 2002 na umabot ng \$54B noong 2004. Dulot ito ng pagtanggap ng bansang India ng puhunan ng mga dayuhang kompanya na umaasa rin sa kanilang mga kemiko, inhinyero at taga disenyo ng Indian. Maasahan din ang malaking populasyon ng bansa na may kasanayang magsalita ng Ingles na pagmumulan ng mga manggagawang may kasanayang teknikal na may mababang sahod kumpara sa ibang bansa.

Dahil sa mga pagbabagong ito ay nabuksan ang ekonomiya ng bansang India sa daigdig na



Larawan ng kalakalan sa India

Samantala, nanatili namang hawak ng mga bansa sa Kanlurang Asya ang lakas nito lalo na sa pandaigdigang kalakalan sa pagkontrol sa produksiyon ng langis. Nananatili hanggang sa ngayon ang kapangyarihang hawak ng karamihan sa mga bansang kasapi ng Organization of Petroleum Exporting Countries ang pagkontrol sa langis.



Larawan ng minahan ng langis oil field sa Saudi Arabia

Ano nga ba ang dahilan ng pag-unlad ng ekonomiya sa Asya?

Mayroong mga elemento ang kaakibat sa pag-unlad ng mga bansa sa Asya, ito ay sa pangunguna ng pamahalaan. Pamahalaan ang nagtataguyod sa kaunlarang pang-ekonomiya ng bansa. Tulad ng Japan na kung saan ang Ministry of International Trade and Industry bilang ahensya ng pamahalaan, ang pumipili ng mga industriya para umunlad ang bansa. Sa Korea naman ang Chaebol ang nakatulong sa pag-unlad ng bansa, dahil ito ay kalipunan ng maraming kompanya na kadalasang may *share* o bahaging pag-aari sa isa't isa at ang pagmamay-ari ay nasa kamay ng isang pamilya.

Dahil sa pagkakaroon ng autoritaryan na pamahalaan naipipilit ng pamahalaang Singapore ang adhikain niya na sa paniniwala niya ay nakabubuti para sa kalayaang pang-ekonomiya ng bansa.

Isa pa sa mga elemento ng pag-unlad ng ekonomiya sa Asya ang institusyonalisasyon ng mga pagpapahalagang Asyano na makikitang humuhubog sa mga patakarang pulitikal at pang-ekonomiya. Ang mga pagpapahalagang Asyano na nakatutulong sa pag-unlad ay ang pagpapanatili ng kaaya-ayang relasyon, pagiging malapit sa pamilya at pagtataguyod ng pagkakaisa kasama na ang malakas na ugnayan na tinatawag na network. Tulad ng mga Tsino na ang pakikipag-ugnayan ay pilalaganap sa iba't ibang bahagi ng Asya pati na ang pagtutulungan nila sa negosyo.

Ang krisis pinansyal noong 1997 ang naging dahilan ng pansamantalang paghinto ng magandang kalagayan ng ekonomiya sa rehiyon ng Silangan at Timog Silangang Asya. Nagsimula ang kaanabang ito sa Thailand at lumaganap sa ibang bansa sa Asya tulad



Pagkatapos basahin at suriin ang mga teksto ay natitiyak kong handa kanang sagutan ang kasunod na gawain

GAWAIN BLG 10: DATA INFORMATION CHART

PANUTO: Lagyan ng tamang datos ang bawat kolum ng *Data Information Chart*. Muli, maaari mo itong kulayan upang maging kahika-hikayat.

MGA PAGBABAGONG PANG-EKONOMIYA NA NAGANAP SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

BANSA SA ASYA	NAGANAP PAGKATAPOS NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG	NAGAGANAP SA KASALUKUYAN



PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano-ano ang mga pagbabagong pang-ekonomiya ang naganap/nagaganap sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa paglipas ng panahon?
2. Ano ang mga naging dahilan sa pag-unlad ng ekonomiya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?
3. Paano nakaaapekto sa kalagayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang mga pagbabagong pang-ekonomiya na naganap at nagaganap dito?
4. Ano ang iyong mahalagang papel na maaaring gampanan sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa?


GAWAIN BLG 11: EKO-SLOGAN

Panuto: Sumulat ng isang islogan tungkol sa kasunod na paksa. Isulat ang iyong islogan sa loob ng isang simbolong iyong iguguhit na nagpapakita ng pag-unlad sa ekonomiya.

“Mahalaga para sa mga tao sa Timog at Kanlurang Asya ang pag-unlad ng kanilang ekonomiya”

Gamitin ang kasunod na deskripsiyon sa pagmamarka ng islogan

_____	Ebidensya ng kaalaman tungkol sa tema
_____	Wasto ang mga salita at inilahad ayon sa napagkasunduan
	Malinaw at maayos ang pagkakasulat

 Sa bahaging ito ng Modyul, ay nais kong suriin mo ang pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya gamit ang isang talahanayan tungkol sa GDP ng nakatalang mga bansa rito.

GAWAIN BLG. 12: SURIIN MO TALA EKONOMIYA

PANUTO: Suriin ang Talahanayan tungkol sa GDP ng ilang bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Talananayan Blg.1 GDP per capita (2005) ng ilang bansa sa Timog at Kanlurang Asya

BANSA	GDP per capita(2005) in US\$	BANSA	GDP per capita(2005) in US\$
Bangladesh	2,100	Saudi Arabia	12,800
Bhutan	1,400	Israel	24,600
Nepal	1400	Afghanistan	800 (2004)
Pakistan	2,400	Qatar	27,400
Sri Lanka	4,300	Turkey	8,200

India	3,300	UAE	43,400
Kuwait	19,200	Lebanon	6,200
Yemen	900	Bahrain	23,400
Oman	13,200	Iran	8,300
Jordan	4,700	Syria	3,900
Iraq	3,400		

Pinagkunan: <http://geohive.coM>.

TALAHANAYAN 2 GDP % growth (2006-2007)

BANSA	% growth 2006-2007	BANSA	% growth 2006-2007
Afghanistan	23.86	Maldives	12.96
Bahrain	N.A	Nepal	14.19
Bhutan	16.40	Oman	N.A
India	27.80	Pakistan	13.19
Iran	21.56	Qatar	N.A
Iraq	N.A	Saudi Arabia	7.02
Israel	13.9	SriLanka	14.40
Kuwait	N.A	Turkey	24.00
Lebanon	5.46	Yemen	18.4

Pinagkunan:<http://www.geohive.com>



PAMPROSESONG MGA TANONG

1. Ano ang ibig sabihin ng mga datos sa Tahanayan 1 at
2. Mula sa Talahanayan1 at 2, ano ang iyong napansin tungkol sa antas ng kabuhayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?
3. Ano-ano ang bansang may pinakamataas at pinakamababang GDP per capita noong 2005 at GDP %growth noong 2006-2007 ayon sa

Talahanayan 1 at 2?

4. Paano nakaapekto ang pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad sa kasalukuyang kalagayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?




Pagkatapos mong suriin ang antas ng pagsulong at pag-unlad ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya gamit ang estadistika at kaugnay na mga datos, maaari mo nang gawin ang susunod na gawain

GAWAIN BLG 13: DATA INFORMATION CHART:

PANUTO: layos ang mga datos ng bawat bansa sa Timog at Kanlurang Asya mula sa may mababang antas ng pag-unlad hanggang sa may mataas na antas ng pag-unlad gamit ang mga datos ng GDP%growth 2006-2007 at

GDP per capita (2005).

Rehiyon	Bansa	GDP per capita(2005) in US\$	GDP % growth 2006-2007



Upang higit mong maunawaan ang mga dahilan ng pagkakaiba-iba ng antas ng pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ay kailangan mong basahin ang kasunod na teksto. Handa ka na ba? Simulan mo na ang pagbabasa.

GAWAIN BLG 14: PAGSUSURI NG TEKSTO



ANTAS NG KABUHAYAN NG ILANG BANSA SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

May ibat' libang salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unlad at pagsulong ng mga bansa sa Asya. Ang mga salik na ito ay ang heograpiya, likas na yaman, lakas- paggawa, teknolohiya, puhunan at higit sa lahat ang katatagang politika ng isang bansa.

Dahil sa mga salik na nabanggit ay magkakaiba-iba ang antas ng pagsulong at pag-unlad ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Nakilala sa industriya ng langis ang Kanlurang Asya.

Nangunguna rito ang mga bansang Saudi Arabia, Iraq, Kuwait at Iran dahil sa taglay nitong malaking reserba ng mina ng langis at natural gas. Sa paglinang ng nasabing likas na yaman ay natutugunan ang pangangailangan ng mga tao lalo na sa Saudi Arabia.

Saudi Arabia- maituturing na angat ang antas ng kabuhayan ng bansang ito. Simula nang matuklasan ng Saudi Arabia ang desalinasyon (pag-aalis ng asin sa tubig mula sa dagat) ginamit ang tubig mula sa prosesong ito sa mga tahanan, industriya at paghahalaman. Nakapagpatayo din ng mga dam upang makapag-imbak ng tubig para sa mga irigasyon na makatutulong sa produksiyon ng pagkain. Pinaunlad ng mga Arabe ang sistema ng transportasyon, komunikasyon at mga imprastruktura. Nakapagpagawa ang bansa ng mga kalsada, pabrika at industriya. Sa katunayan may tatlong magandang paliparan ang naipatayo sa mga lungsod ng Dharan, Jeddah at Riyadh.

Iraq- Ang bansang Iraq ay isang bansang nagsikap din na mapaunlad ang ekonomiya sa pamamagitan ng kita sa langis mula 1940-1950. Natigil ang mga programang pangkaunlaran nito dahil sa pakikidigma sa bansang Iran na umabot nang halos walong taon, nagsimula noong Setyembre 22, 1990- Agosto 1998. Dahil sa pakikidigma ng Iraq ay natigil ang pagpapagawa nito ng mga daan, imprastruktura at sistema ng komunikasyon. Ang malaking bahagi ng pambansang kita ay naibabahagi sa gastusin para sa *militar*. Nagkaroon din ito ng suliraning pulitikal dahil sa pagpapaalis sa diktador ng bansa na si Saddam Hussien. Mas nakaapekto sa ekonomiya ng Iraq ang ilang pangkat ng taong nananatiling tapat sa pinaalis na pinuno ang nagpapatuloy ng mga kaguluhan, pagpapasabog sa ilang pamayanan, tanggapan, gusali, mga daan at ari-arian. Ang pagpapaunlad sa ekonomiya ng Iraq ay isang napakahirap na gawain sa kasalukuyan.

May pagkakaiba rin ang antas ng kabuhayan sa mga bansa sa rehiyon ng Timog Asya. Ang Bangladesh, Bhutan, Nepal, Sri Lanka at Maldives ay nananatiling mahirap na bansa na umaasa sa agrikultura.


India- Nakaangat sa ekonomiya ng bansang India ang paglaganap ng industriyalisasyon sa mga pook urban nito, ang pakikipagkalakalan sa mga bansang Amerika at Japan pati na ang matatag na komersiyo nito. Nakatulong din sa pagtaas ng antas ng kabuhayan ng bansa ang mga Indian na nagtataglay ng mga kasanayang kailangan sa mga pabrika, industriya, at mga korporasyon. Isang bukas na pamilihan din ang turing sa India sa ngayon

dahil sa maraming kompanyang multinasyonal ang dumarayo dito upang maglagay ng puhunan. Ang pagkakaroon ng mga plantang nukleyar na nagbibigay ng enerhiya sa India ay nakatulong din upang umunlad ang bansa.

Pakistan- Sa pagsisikap ng Pakistan na maibigay sa mga tao ang mga pangunahing serbisyo gaya ng trabaho, kalusugan at edukasyon ay lumikha ng mga batas ang pamahalaan upang mabantayan ang mga pribadong sektor na katuwang nito sa pagbibigay ng mga nasabing serbisyo. Bagaman nananatiling isang agrikultural na bansa, patuloy na umaangat ang ekonomiya nito dahil na rin sa maunlad nitong industriya, imprastrakturang pampubliko, mga tulong mula sa mga manggagawang nagtatrabaho sa ibang bansa at pagpapaibayo sa kanilang depensa.

GAWAIN BLG .15 CONCEPT WEB

Panuto: Lagyan ng wastong impormasyon ang kasunod na Concept Web. Maaring mong kulayan ito.



PAMPROSESONG MGA TANONG

1. Ano- ano ang dahilan ng pagkakaiba-iba ng antas ng kabuhayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Paano nakaaapekto ang antas ng pagsulong at pag-unlad sa kabuuang pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya?

Nakasisiguro akong handa ka nang madagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa ibat ibang anyo ng neokolonyalismo, mga epektong dulot nito, pati na ang pagtugon sa neokolonyalismo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Alam kong interesado ka. At dahil dito maaari mo nang simulan basahin ang teksto.

GAWAIN BLG. 16: PAGSUSURI NG TEKSTO



NEOKOLONYALISMO SA TIMOG AT TIMOG KANLURANG ASYA

Ang Neokolonyalismo ay ang di tuwirang pananakop sa isang bansang malaya na may mahinang ekonomiya na umaasa sa isang makapangyarihang bansa. Batay sa aklat ni Cruz Romela et al., ang neokolonyalismo ay pananatili ng panlipunan at pampolitikang impluwensya ng dating mananakop sa mga bansang dating nasakop.

Ang mga bansang kabilang sa *Third World* ang madalas na nakararanas nito dahil sa pagkakaroon ng mahinang ekonomiya. Makikita ito sa patuloy na pag-asa ng mahihinang bansa sa mga bansang kabilang sa *First World* o mga bansang may maunlad na ekonomiya at industriya.

Nakikita ang pag-iral ng Neokolonyalismo sa mga tulong at donasyon

GLOBALISASYON NG EDUKASYON

Maaaring mapaunlad ang kaalaman ng mga bansa sa ibat ibang larangan sa pamamagitan ng pagpapalitan ng iskolar at iba pang paraan. Napipilitan ang mga tagapamahala sa mga pamantasan na makipag-ugnayan sa mga Kanluraning bansa kung saan magmumula ang kanilang mga libro at kagamitan, dahil sa kakulangan sa pondo ay dayuhang ahensiya ang namamahala sa mga pasilidad ng mga unibersidad. Sa paraang ito nagtatagumpay na maisakatuparan ng Kanluraning bansa ang kaniyang layunin na maisaayos ang mga kurso at di- maisakatuparan ng bansang tinutulungan ang kanilang sariling kurikulum. Sa pamamagitan nito nagaganap ang intelektuwal na pananakop

INDIA

Ang bansang India ay minsang nagbukas ng kaniyang ekonomiya sa kalakalang panlabas noong 1991. Kapansin-pansin na naging mas malaki ang kapital ng mga kompanyang Amerikano dito noong 1992 at 1993 kaysa sa India noong nakaraang 40 taon.

Mga Bansa sa Kanlurang Asya

Nag-unahan ang mga Kanluraning bansa na masakop ang mga bansa sa Kanlurang Asya nang matuklasan ang langis sa rehiyon. Ang mga Arabong bansa sa pangunguna ng Saudi Arabia , Iraq, Kuwait ang may hawak ng malaking reserba ng langis sa daigdig. Kabilang din ang tatlong bansang ito sa OPEC na siyang nagkokontrol ng presyo ng langis sa pandaigdigang kalakalan

NEOKOLONYALISMONG POLITIKAL

Sa pamamagitan ng tahimik na paraan, nagagawa ng makapangyarihang bansa na kontrolin ang pamamahala sa mga bansang mahihina. Nagagawang maimpluwensiyahan ng makapangyarihang bansa ang usapin tungkol sa mga kalagayang panloob dito, pagbabatas pamamaraang politikalna ang halimbawa ay eleksyon.

POLITIKAL AT SUPORTANG PANGMILITAR

Nagagawang tumulong ng mga Kanluraning bansa sa kanilang mga dating kolonya kung ito ay nanganganib na sakupin o lusubin ng ibang bansa. Handa itong magbigay ng kanilang hukbong sandatahan at iba pang tulong pangmilitar. Tulad ng pagtulong ng Estados Unidos sa Kuwait nang lusubin ito ng bansang Iraq.

NEOKOLONYALISMONG KULTURAL

Patakaran ng makapangyarihang bansa na palaganapin sa mahihinang mga bansa ang kanilang kultura o paraan ng pamumuhay tulad ng paraan ng pananamit,sayaw, awit,estilo ng buhok, pagkain,libangan at pati na mga pagdiriwang. Gamit ang *mass media* at edukasyon ay nahuhubog ng mga makapangyarihang bansa ang kaisipan ng mga katutubo sa mga bagay na malinaw na makadayuhan.

Naganap sa India ang anyong ito ng Neokolonyalismo sa pamamagitan ng mga British. Ibinatay sa sistemang British ang edukasyon sa India at wikang Ingles ang ginamit sa pagtuturo upang ang mga Indian ay maging mahusay na manggagawa at kawani ng kanilang pamahalaang kolonyal.

EPEKTO NG NEOKOLONYALISMO SA MGA BANSA SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

Dahil sa patuloy na pagtulong ng mayayamang bansa sa mga bansa sa Asya ay naging palaasa na lamang ang umuunlad at mahihirap na bansa tulad nang sa pananalapi, politika, panlipunan at maging kapakanan ng bansa. Madalas ay nangungutang ng salapi ang mga dating kolonyang bansa sa International Monetary Fund at World Bank upang magamit sa kanilang mga pangangailangan pati na ang ukol sa edukasyon.

Nababalewala ang mga kurikulum na dapat sundin sa edukasyon ng mahihirap na bansa dahil sa patuloy na pagsunod sa sistema ng edukasyon sa Kanluran.

Sa kabila na ang mga bansa sa Kanlurang Asya ay hindi nasakop ng mga Kanluranin, may mga pandaigdigang sistema sa ekonomiya ang hindi nakakatulong sa pag-unlad ng mga ito. May mga pandaigdigang kompanya ang nagbibigay ng mga patakaran sa papaunlad na bansa. Ang liberalisasyon ng ekonomiya sa daigdig sa kasalukuyan ay nagbigay-daan sa pagbubukas ng mga pamilihan ng papaunlad na mga bansa na wala namang maitutumbas sa malayang pagpasok ng teknolohiya ng mauunlad na bansa. Pinakikialaman din ng International Monetary Fund at World Bank ang pera ng mga bansa sa Ikatlong Daigdig upang pambayad sa mga utang panlabas na nagiging dahilan ng kabawasan sa pagpapaunlad sana ng kanilang agrikultura. May mga patakaran din ang IMF at World Bank na nagdidikta sa mga bansang papaunlad pa lamang na liitan ang badyet na ilalaan ng pamahalaan sa edukasyon at kalusugan, dahil ito upang lalong magdulot ng kahirapan sa mga bansa.

TUGON SA NEOKOLONYALISMO NG MGA BANSA SA TIMOG AT KANLURANG ASYA


Sa kabila ng pagtatapos ng kolonyalismo at imperyalismo sa huling bahagi ng ika-20 dantaon ay patuloy pa rin ang pagpasok ng impluwensiya ng mga Kanluraning bansa sa Asya. Pangunahing dahilan nito ay ang makabago at tahimik na paraan ng pananakop na tinatawag na Neokolonyalismo.

May ibat ibang paraan ng pagtugon ang mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya sa Neokolonyalismo. May mga bansa sa mga rehiyong ito ang napilitang tumanggap ng mga tulong pinansyal upang makabangon muli ang kanilang ekonomiyang nalugmok sa digmaan. Tulad ng bansang Turkey noong taong 1945 ay nagsimulang tumanggap ng tulong mula sa Estados Unidos sa pangunguna ni Pangulong Harry S. Truman, kasabay ng pagpayag sa pang-ekonomiya at pangmilitar na pakikipagkasundo sa Estados Unidos. Taong 1950-1960 sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Celal Bayar ng Turkey, kinakitaan ng pag-unlad ang ekonomiya ng bansa dahil sa liberalismong pang-ekonomiyang patakaran na ipinatupad nito at patuloy na pagtanggap ng dayuhang tulong mula sa Estados Unidos. Sa panig ng Saudi Arabia naman sa ilalim ng pamumuno ni Haring Ibn Saud, Disyembre taong 1950 nang ito ay nakipagkasundo sa Arabian American Oil Company (ARAMCO) para sa 50% kita ng nasabing kompanya ay maibigay sa Saudi Arabia nang sa gayon ay mapataas ang kita ng bansa. Pinayagan din nito ang patuloy na paggamit ng Estados Unidos ng base militar sa Dharan kapalit ng tulong teknikal at pagpapahintulot na pagbili ng armas sa ilalim ng Mutual Defense Assistance Act. Noong ang Iran ay nasa ilalim ng pamumuno ni Shah Reza, ito ay humingi ng tulong teknikal sa mga bansang France, Germany, Italy at iba pa. Iniwasan niyang makipag-ugnayan sa Rusya at Britain, sa kabila na nananatiling pagmamay-ari ng Britain ang Anglo-Iranian Oil Company na siyang kumukontrol sa lahat ng minahan ng langis ng Iran.

May mga samahang nabuo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya na muling nagpakita ng kanilang pagiging makabayan. Halimbawa nito ay ang itinuturing ng mga Israeli na terorista, ang Palestinian Liberation Organization na dating pinamunuan ni Yasser Arafat na kinikilala naman ng mga Arabe na taga-Palestina bilang isang makabayang samahan.

Nanantili naman sa bansang India ang paggamit ng wikang Ingles, patuloy na paglalaro ng *cricket* at *badminton*.

Maraming bansang Asyano sa kasalukuyan ang nagsisikap na makatayo sa kanilang sariling mga paa at hindi na masyadong umaasa sa mga makapangyarihan at maimpluwensiyang mga bansa. Nagsilbing hamon din sa kanila na kaya nilang matumbasan ang anumang kaunlaran mayroon ang mga makapangyarihang bansa.



Upang matiyak na ikaw ay nakapagsuri sa iyong binasang teksto ay maaari mong gamitin ang kasunod na *Tri Question Approach Format* sa pagtalakay tungkol sa mga anyo, epekto at tugon sa Neokolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

GAWAIN BLG.17: TRI-QUESTION APPROACH

Panuto: Sagutin ang mga tanong tungkol sa ating paksa sa iyong

Tri


Question Box. Maaari mo itong kulayan upang maging kaakit-akit.

TANONG 1	ANO ANG NEOKOLONYALISMO?
TANONG 2	ANO-ANO ANG ANYO AT EPEKTO NG NEOKOLONYALISMO SA MGA BANSANG SA TIMOG AT KANLURANG ASYA?
TANONG 3	PAANO TUMUGON SA NEOKOLONYALISMO ANG MGA BANSANG SA TIMOG AT KANLURANG ASYA?

Maaaring markahan ang kagalingan sa pagsagot sa mga gabay na tanong na lohikal ayon sa Tri Question Approach Format. Sa eskalang 1-5

kung saan ang 5 ang pinakamataas at 1 ang pinakamababa, markahan ang sariling gawain. Isulat ang iskor sa kolum na nasa kanan.

Deskripsyon	Eskala	Iskor
1.Kagalingan sa pag-unawa sa paksa	1-5	
2.Kagalingan sa pagsagot sa mga tanong	1-5	
3.Kagalingan sa interpretasyon ng mga datos	1-5	
4.Kagalingan sa pag-uugnay sa ibang isyu	1-5	
5.Kagalingan sa pagbubuod	1-5	
	Kabuuan	



Sa bahaging ito ng modyul, ay matututuhan mo ang paksa tungkol sa kalakalan at ang kahulugan, uri, kahalagahan at peligrong dulot nito sa pagsulong at pag-unlad ng ekonomiya at kultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Alam kong interesado ka. Simulan natin ang gawain sa pamamagitan ng pagsusuri sa kasunod na mga larawan na may kaugnayan sa paksa.


GAWAIN BLG 18: PAGSUSURI NG LARAWAN

PANUTO: Suriin ang mga larawan at lagyan ang mga ito ng angkop na pamagat.



PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano ang ipinahahayag ng bawat larawan?
2. Mula sa mga larawan, ibigay ang kaugnayan nito sa salitang kalakalan?
3. Bakit mahalaga ang kalakalan?
4. Paano nakaaapekto ang kalakalan sa mga pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?



Batid kong pagkatapos mong gawin ang chart ng ating alamin technique ay kailangan mo pa ng malalimang pag-aaral sa paksang may kaugnayan sa kalakalan. Natitiyak kong handa ka nang basahin ang teksto tungkol dito. Simulan mo na!

GAWAIN BLG.19: PAGESUSURI NG TEKSTO

KALAKALAN SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

Kalakalan ang tawag sa anumang transaksyon nagaganap sa pagitan ng dalawang tao o bansa na kabilang sa isang pamilihan. Ang *barter* ay isang simpleng uri ng pakikipagkalakalan na hindi nakabatay sa salapi. *Money economy* naman ang ekonomiyang nakabatay sa salapi.


May dalawang uri ng kalakalan. Ito ang kalakalang panloob kung saan ang palitan ng kalakal ay sa loob lamang ng bansa. Tinatawag namang kalakalang panlabas ang pagpapalitan ng kalakal sa ibang bansa. Ang kalakalang panlabas ay may dalawang uri, ito ay ang *export* produktong iniluluwas at *import* produktong may kaugnayan sa mga inaangkat mula sa ibang bansa. Ang mga ideya, paglilingkod o serbisyo ay kasama rin sa kalakalan dahil sa maaaring ilako ito sa pandaigdigang pamilihan.

Inaangkat sa kasalukuyan ng India ang kanyang mga kailangang produkto tulad ng mga produktong langis, kemikal, makinarya, *electronics*, at *fertilizers* mula sa Estados Unidos, Singapore, Belgium, United Kingdom at Germany. Ilan sa mga produktong iniluluwas naman nito sa ibang bansa ay ang mga produktong tulad ng mahahalagang bato, alahas, tela, kemikal, bakal, carpet at iba pa. Sa Kanlurang Asya, isa ang bansang Syria na nagluluwas ng kanyang mga produkto tulad ng petrolyo, tela, cotton, tabako, prutas at gulay sa mga bansang Germany, Italy, France, Turkey at Saudi Arabia. Inaangkat naman ng bansang ito mula sa Italy, Germany, France, Estados Unidos at Timog Korea ang mga produktong kanyang kailangan tulad ng mga makinarya, sasakyan, produktong kemikal, butil at iba pang produktong agrikultural.

Tunay na naging mahalaga sa kapalaran ng mga Asyano ang kalakalang naganap sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Ang kalakalan ang naging mahalagang instrumento sa pagkamkam ng mga Kanluraning bansa sa yaman ng mga bansang kanilang nasakop sa Asya. Naging masigla ang pagpapalitan ng mga kalakal pati na ang pagpapalitan ng kultura ng mga mangangalakal mula sa Asya patungo sa Europa gamit ang

ibat ibang ruta ng kalakalan tulad ng *silkroute* at *caravan route* .


Ang silkroute ay maituturing na pinakamahalagang sinaunang ruta ng kalakalan na nag-uugnay sa mga bansang tulad ng Tsina, Gitnang Asya, Persia (Iran), Kanlurang Asya at Europa. Dito nailuwas ang mga produktong tulad ng telang seda, porselana, jade at mga produktong yari sa bronse na pinagmulan ng malaking kita ng ilang bansang Asyano. Sa rutang ito, nakilala ang bansang Tsina at Persia (Iran) bilang mahalagang sentro ng kalakalan ng telang seda.



Pagkatapos mong basahin ang teksto na may kaugnayan sa paksang kalakalan ay maaari mo nang gawin ang isang *Concept Map*. Maaari mong kulayan ang iyong *Concept Map* upang maging *kaakit-akit*.

GAWAIN BLG. 20: CONCEPT MAP KO!

PANUTO: Buuin ang isang Concept Map sa ibaba, sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang impormasyon sa bawat bahagi nito. Maaring kulayan ang iyong Concept Map na nabuo.






PAMPROSESONG MGA TANONG:

1. Ipaliwanag ang kahulugan ng kalakalan?
2. Ano-ano ang uri, kahalagahan at peligro ng kalakalan sa Asya?
3. Paano nakaaapekto ang kalakalan sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya?
4. Ano-ano ang maaari mong gawin upang makatulong ka sa pagtatamo ng isang tunay at malayang kalakalan?



Sa puntong ito ay nakatitiyak akong handa ka na muling magbasa at magsuri ng mga pagbabago sa kasalukuyang kalagayang pang-ekonomiya ng ilang piling bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Nakatitiyak akong mawiwili ka sa bagong babasahing ito. Alam kong interesado ka. Simulan mo na!



Ang modyul na ito ay ginawa para sa iyo, Lilinangin nito ang iyong kakayahang sumuri sa mga epekto ng kalakalan sa mga pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Sa tulong ng kasunod na mga larawan, subuking suriin ang nais ipahayag ng mga ito.

GAWAIN BLG.21: SULYAP LARAWAN

Panuto: Suriin ang ipinahahayag ng mga larawan.




Larawan ng kalakalan sa Saudi Arabia at India



PAMPROSESONG MGA TANONG:

1. Ano ang mensaheng ipinakikita ng mga larawan?
2. Sa anong mga aspeto ng pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya makikita ang mga epekto ng kalakalan?
3. Paano nakaaapekto ang kalakalan sa ekonomiya at kultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?



Pagkatapos mong maibigay ang mensahe ng mga larawan, nais kong basahin at suriin mo ang kasunod na teksto tungkol sa mga epekto ng kalakalan sa kasalukuyang kultura at ekonomiya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang

GAWAIN BLG. 22: PAGESUSURI NG TEKSTO



KALAKALAN, KULTURA AT EKONOMIYA NG MGA BANSANG SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

Naniniwala ka ba na maaaring maging daluyan ng kultura ang kalakalan?

Kalakalan ang nagbigay- daan sa pagyabong ng kultura at ekonomiya ng mga bansang Asyano bago dumating ang mga dayuhan. Dahil sa kalakalan nagkaroon ang mga Asyano ng ugnayan dala ang ibat ibang kultura. Ang tagpuan at daluyan ng ibat ibang kulturang ito ay ang pamilihan, napaglalapit nito ang mga bansang Asyano sa isat isa.

Itinuturing na pangunahing mangangalakal sa Asya ang lahing Arabo, Indian Tsino at Malay, bago nagsimula ang panahon ng pananakop ng mga Kanluraning Bansa. Ang mga mangangalakal na ito ay nagdala ng kani kanilang mga produkto lalo't higit sa Timog Silangang Asya kasabay ng kanilang pagpapalaganap ng mga paniniwala at kaugalian dito.

Dahil sa industriyalisasyon sa Europa at pananakop ng mga Kanluraning Bansa sa Asya, ang Asya ay naging pamilihan din ng mga kalakal na gawa ng mga dayuhan. Sa India, minsan na ring humina ang katutubong industriya ng paghahabi dahil sa malawakang pagdagsa sa pamilihan nito ng mga telang gawa ng mga Ingles.

Sa pandaigdigang kalakalan makikitang hawak ng mga bansang Arabo sa pangunguna ng Saudi Arabia, Iraq at Kuwait ang malaking reserba ng langis sa mundo. Kabilang din ang tatlong bansa sa Organization of Petroleum Exporting Countries na kung saan ay nagkokontrol sa presyo ng langis sa pandaigdigang

kalakalan. Nagkaroon ng paglakas ng ekonomiya ang mga bansang Arabo dahil sa industriya ng langis kung kaya't dumami sa mga bansang ito ang mga dayuhang manggagawa mula sa bansang Pilipinas, Thailand, India, Pakistan, Sri Lanka at Indonesia. Ang mga manggagawang ito ay kailangang umangkop sa pamumuhay at kultura ng mga bansang kanilang pinagsisilbihan.

Kontrolado naman ng bansang India ang pagluluwas ng bigas at Sri Lanka naman ang nangunguna sa tsaa sa pandaigdigang ekonomiya. *May mahalagang bahaging ginagampanan din ang maunlad na lungsod ng Bangalore sa India bilang sentro ng Information Technology sa Timog Asya.*

Lumakas din ang ugnayan ng mga bansa sa Asya sa pagtatatag ng mga samahan tulad ng SAARC (South Asian Association for Regional Cooperation) noong 1997, nagsilbi ito bilang *forum* sa dalawang nagtutunggaliang bansa sa Timog Asya- India at Pakistan na siyang may hawak ng mga usaping panseguridad at pang-ekonomiya sa rehiyon.


Ep ekto ng Kalakalan sa mga Pagbabagong Pang-ekonomiya at Pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya

Ayon kay Richard Foltz, Encarta Encyclopedia, ang mga relihiyon sa daigdig tulad ng relihiyong Budismo, Kristiyanismo, Manichaeism (paniniwalang kumalat at agad nawala noong 16 dantaon), Islam ay nakilala dahil sa mga mangangalakal at misyonaryong kasama sa kalakalang naganap sa *Silk Road*. Kasama sa mga kalakal na dala ng mga mangangalakal, artisano, at misyonaryong manlalakbay ang kanilang mga bagong ideya, teknolohiya, at paniniwala sa mga bansang kanilang pinupuntahan. Sa pamamagitan din ng kalakalan ng seda, nagkaroon ng magandang- ugnayan ang mga mangangalakal na nagmula sa ibat ibang lupain dahil sinikap ng mga ito na matutuhan ang lokal na wika at kaugalian ng bawat isa ng lumaon ay nagdulot ng mga pagbabagong pangkultura sa mga bansang Asyano lalo na sa Timog at Kanlurang Asya. Halimbawa nito ang mga Iranian na mangangalakal na nagmula sa Parthia, Bactria at Transoxania na nagpakilala ng relihiyong Budismo sa bansang Tsina. Mula sa bansang India, ang Budismo ay kumalat sa bansang Tsina na nagdulot ng mga pagbabago sa pagkain, paraan ng paglilibing, pananaw sa labas ng bansa, at sining ng mga Tsino tulad ng arkitektura, pagpipinta at iskultura. Ang mga paniniwalang Iranian naman ay napasama at kumalat sa relihiyong Hudaismo at Kristiyanismo.

Pagkatapos mong basahin at suriin ang teksto tungkol sa mga epekto ng kalakalan sa mga pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ay maaari mong buuin ang isang *Triad Web*.

GAWAIN BLG 23: TRIAD WEB

PANUTO; Isulat sa *Triad Web* ang kailangang mga impormasyon.



PAMPROSESONG MGA TANONG

1. Ano-ano ang mga epekto ng kalakalan sa pang-ekonomiya at pangkulturang kalagayan ng mga bansa sa Timog at Kanluran Asya?

2. Paano nakaaapekto ang kalakalan sa mga pagbabagong ekonomikal at kultural ng mga bansa sa Timog at kanlurang Asya?

Sa bahaging ito ng Modyul ay nais kong pagtibayin mo ang iyong nabuong pag unawa tungkol sa paksa.

Dahil natapos mo na ang mga aralin ay maaari mo nang sagutin ang susunod na gawain tungkol sa mga pagbabago sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

GAWAIN BLG. 24: PAHAYAG-SURI

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang mga pahayag na tama at ekis (x) ang mga pahayag na mali sa bawat bilang.

- _____ 1. Ang kalakalan ay mahalaga sa pag-unlad at pagpapalitan ng kultura ng ibat ibang bansa.
- _____ 2. Maraming aspeto ang relihiyon na nakaaapekto sa kalagayan ng mga kalalakihang Asyano.
- _____ 3. Neokolonyalismo ang bagong paraan ng pananakop ng mga bansang makapangyarihan na hindi gumagamit ng lakas ng hukbong sandatahan.
- _____ 4. Ang edukasyon ay lubhang mahalaga sa pamumuhay ng mga Asyano.
- _____ 5. Nagsimula ang krisis pang-ekonomiya sa Singapore noong 1997.

ARALIN BLG. 3: ANG MGA PAGBABAGO AT HAMONG KINAHARAP NG TIMOG AT KANLURANG ASYA SA TRANSISYONAL AT MAKABAGONG PANAHOON(16-20 SIGLO)

ALAMIN

Matapos ninyong maunawaan ang mga pangyayaring naganap sa Timog at Kanlurang Asya sa Panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo, sa pag-usbong ng Nasyonalismo, hanggang sa paglaya at sa mga pagbabago at hamong kinaharap ng Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon. Kung nakahanda na sa susunod na aralin iyong sagutin ang nakahandang hamon.

GAWAIN BLG.1 : BAG NI LOLA MARAMING NAKAMAMANGHA

May inihanda akong gawain para masubukan ang iyong kaalaman. Sana maging masaya at maunawaan mo ito.

PANUTO




1. Magtatalaga ng piling mag-aaral.
2. Bubunot isa-isa ang mga mag-aral na tinawag sa bag ni Lola naroon ang mga bagay na may kaugnayan sa sining, humanidades at pampalakasan

Mga bagay na nasa bag:

- Mga larawan patungkol sa sining, humanidades at pampalakasan ng Timog at Kanlurang Asya
-

3. Huhulaan ng mga mag-aaral ang mga larawan na kanilang mabubunot.
4. Itapat ang mga larawan ayon sa pagkakatulad.
5. Pakisagutan ang KWL sa unang kolum. Sa pangalawang kolum ikaw ay magbubuo ng mahahalagang tanong batay sa gawain. Ang kolum ay masasagutan pagkatapos ng aralin.

pangatlong

Kolum A	Kolum B	kolum C
TIMOG ASYA:	SINING HUMANIDADES (musika at sayaw)	PAMPALAKASAN
		
Kolum A	Kolum B	kolum C

KANLURANG ASYA:	SINING	HUMANIDADES	PAMPALAKASAN
	(musika at sayaw)		
			

K (What I think I know?)	W (What I want to know?)	L (What I Learned)
------------------------------------	------------------------------------	------------------------------

--	--	--

Binabati kita at ikaw ay nakatapos sa hamon na ito.

Ang susunod na hamon ay [nakahanda na. Iyo munang basahin ang teksto para madaling maunawaan ang aralin.](#)

Formatted: Left, Indent: First line: 0.5"

Formatted: Font: 12 pt, Font color: Black

PAUNLARIN

Sa bahaging ito ay inaasahan na matututunan mo ang mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya at pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyong ito. Maaari mong balikan ang mga kasagutan at katanungan na iyong nabuo sa unang bahagi ng modyul na ito upang malaman kung tama ito at nasagot ang iyong mga naunang katanungan.

PAGSUSURING PANGTEKSTO

ARKITEKTURANG ASYANO

Sa pagbuo ng kabihasnang Asyano at sa kabila ng naranasan na pananakop, naipakita dito ang maipagmamalaking mapagkakakilanlan, mataas na kakayahan, katalinuhan at kakaibang galing ng mga Asyano sa iba't ibang larangan tulad ng sining, humanidades at pampalakasan. Ang sentro ng paggawa ng mga Asyano sa iba't ibang larangan ay nakapaloob sa relihiyong niyakap at kinagisnan.

[Ang humanidades ay naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa mga sining na biswal tulad ng musika, arkitektura, pintura, sayaw, dula at panitikan. Sa pamamagitan ng mga tekstong ito, naipapahayag ng sumulat ang kanyang damdamin, mithiin, inaasam, pagbibigay-pag-asa, o takot.](#)

Formatted: Font: 12 pt, Not Bold, Font color: Auto, Filipino

Arkitektura ng Timog Asya

Kakaiba ang rehiyon ng Timog Asya na sa kabila ng impluwensiya ng mga mananakop hindi natinag ang kulturang nabuo sa pagkakakilanlan bilang isa sa rehiyon na mayaman sa kultura. Lumaganap ang impluwensiya ng India sa rehiyon ng Silangang Asya at Timog Silangang Asya. Ang arkitekturang Indian ay makikita sa Myanmar, Indonesia, Cambodia, Nepal, Pakistan, Sri Lanka at Thailand.

Sa relihiyong Hinduismo, Budismo at Islam iniuugnay ang bawat gusali na nililikha nila. May dalawang tanda ng arkitekturang Indian, ang kilalang templong budista sa India, ang *stupa*, na gawa sa laryo o bato na may mga bilugang umbok na may tulis ng tore. Dito inilalagay ang mga sagrado at panrelihiyong relikyas at ang *Taj Mahal* na ipinatayo ni Shah Jahan para sa kanyang pinakamamahal na asawa na si Mumtaz Mahal na namatay sa panglabing-apat nilang anak. Ang mga obra maestro ng arkitekturang Indian ay ang templo ng *Borobudur* sa Java at ang *Angkor Wat* sa Cambodia.

Arkitektura ng Kanlurang Asya

Ang mga istruktura na itinayo ay pawang may kinalaman sa relihiyon na makikita ito sa mga bansa sa Kanlurang Asya at Timog Asya.

Ang kilalang arkitekturang Islamik ay ang *Masjid* o *Moske*. Itinuturing ito na pinakamahalagang pagpapahayag ng sining Islamik. Ang tala ukol dito ay naglalarawang istrukturang may minbar o pulpito at mihrab o nitso na may madetalyeng disenyo at nagtuturo sa direksyon ng Mecca, ang banal na lungsod ng mga Muslim. Ang moske ay napapalamutian ng marmol, mosaic, at gawang-kahoy.

May isa pang gusaling panrelihiyon ang *ribat* ito ay may parisukat nana hugis, ang entrada ay napapalamutian, at sa gitna ay may patyo. Ang isa pang uri ng gusaling Islamik ay ang *Turbe* (tomb) ang musoleo ng sektang Shi'ite. Ito ay may maliliit na gusali na hugis bilugan, ang bubungan ay may turret na hugis dulo ng lapis.

PAGPIPINTANG ASYANO

Ang pagpipinta ay isang paglalarawan ng kaisipan ng tao. Ipinapahayag dito ng mga Asyano ang kanilang damdamin.

Ang sining ng pagpipinta ng mga Indian ay may kaugnayan sarelihiyong kinabibilangan. Madalas na huwaran sa pagpipinta ay si Gautama Buddha at ang tatlong diyos ng mga Hindu na si Brahma, Vishnu, at si Siva. Ilan sa mga magandang larawang ipininta ay ang mga pinta sa dingding o fresco. Matatagpuan ang mga ito sadingding ng mga templo. Ang isa pa sa ipininta ay ang Dancing Siva at Cave of the Elephants. Kung mapapansin ninyo mayamanang India sa pagpipinta ng mga larawan ng hayop na totoo at likhang- isip.

Ang mga Muslim ay may magagandang dibuho. May mga kurtinang seda na binurdahan ng sinulid na ginto. Sagana ang kapaligiran ng palasyo ng mga bulaklak. Dahil bawal ang mga rebulto, hindi gaanong nalinang ang pagpipinta.

PANITIKAN

Maraming nagawa ang mga Asyano sa larangan ng panitikan. Mayaman ang panitikang Asyano sa mga kwentong bayan, alamat, epiko, tula, maikling kwento at dula.

Timog Asya. Nasusulat ang wikang klasikal ng panitikang Indian sa *Sanskrit*, na nakaimpluwensiya sa mga wika ng karatigbansa tulad ng Pilipinas, Indonesia, Sri Lanka at Pakistan. May paniniwala na sa India nagmula ang mga sinaunang kwento.

May dalawang mahalagang epiko ang India, ang *Mahabharata* at *Ramayana*. Ang *Mahabharata* ay nagsasalaysay ng pantribong digmaan samantalang ang *Ramayana* ay patungkol sa buhay ni Rama, ang lalaking bida sa epiko.

Si Kalidasa, ang pinakadakilang dramatista na may-akda ng Sakuntala, patungkol ito sa pag-ibig ni Haring Dusyanta sa isang ermitanya, ang kanyang kahusayan ay maihahanay sa mga mahuhusay ng mga Europeo tulad ni William Shakespeare.

Ang *Panchatantra* ang pinakamatanda at pinakatanyag na koleksyon ng mga pabula na may maraming kwento ukol sa alamat, engkantada at pabula.

Si *Rabindranath Tagore*, isang manunulat na taga Bengal, at kauna-unahang Asyano na nagwagi noong 1913 Gawad Nobel para sa panitikan. Kahanga-hanga ang kanyang mga tula at kwento. Sa kanyang mga akda, hinikayat ang mga kapwa Indian na ipagmalaki ang lahing Indian. Lahat ng kanyang akda ay naglalarawan ng kagandahan ng kalikasan at pampulitika. Ang *Gitanjali*, ay isang aklat ng mga tula, *Golpa Guccha*, koleksyon ng mga kwento ukol sa ordinaryong pamumuhay at dinadanas na paghihirap ng mga tao

Kanlurang Asya

Ang panitikan ng rehiyon ay repleksyon ng kultura ng mga mamamayan dito. Noong 1966, si Shmuel Yosef Agnon na taga Israel ay tumanggap ng Nobel Prize, ang kauna-unahang Hudyo na nakatanggap sa kanyang akda na *The Bridal Canopy at A Guest for the Night*,

Isa pang taga Israel ang nakilala sa kanyang akda na *Songs of Jerusalem and Myself* si Yehuda Anichai. Ang popular na *A Thousand and One Nights* na mas kilalang *Arabian Nights*. Ito ay kwentong Persiano na hango sa kwentong Indian. Isinalaysay ito ng isang magandang prinsesa na nilibang ang hari upang hindi matuloy ang pagbitay sa kanya. Ang *Pakikipagsapalaran ni Sinbad*, ang *The Tale of Alibaba and the Forty Thieves* ay lubhang makasining ang pagkasulat. Ang *Rubaiyat*, ay napakagandang tula na isinulat ni Omar Khayyam.

Ang inspirasyon ng mga Arabe sa paggawa ay may kaugnayan sa relihiyong Islam na pinaniniwalaan nila.

MUSIKA AT SAYAW

Sa maraming bansa sa Asya, ang musika at sayaw ay bahagi ng ritwal sa panganganak, pag-aasawa at kamatayan. Bagaman maraming mga bansa rito ang nasakop ng mga Kanluranin, nananatiling buo ang tradisyong musikal ng mga Asyano dahil na rin sa mahigpit at matibay na pundasyon nito. Sa sayaw mas binibigyang diin ng mga Asyano ang galaw ng kamay at katawan ng tao.

Musika at Sayaw ng Indian

Mahigpit ang pagtuturo sa mga nais mag-aral ng musika. Dahil sa higpit at dedikasyon sa pagtuturo nagbunga ito ng maraming nalikhang

musika. Naniniwala ang mga Hindu na upang makamit ang Nirvana(ganap na kaligayahan) ang pinakamadaling paraan ang paggamit ng musika. Maraming instrumento sa musika ang ginagamit tulad ng *tamburin*, *plawta(vina)* at *tambol(maridangan)*. Ang *sitar* ang pinakabantog na instrumento na gawa sa pinatuyong upo at maraming kwerdas. Ang *ragas* ay isang musika na nag-aalis ng sakit. Mayroong tiyak na oras at panahon sa pagtugtog nito. May paniniwala ang mga Hinduna ang ayaw sumunod sa itinakdang oras ay mapapasapanganib ang tinutugtugan at nakikinig nito.

Mahilig ang mga Hindu sa sayaw, may paniniwala sila na ito'y libangan ng diyos nila. Patunay nito kahit sa templo may mga babaing nakaukit na sumasa [yaw](#).

Ang Musika at Sayaw ng mga Arabe

Sa mga lungsod ng Mecca, Ukash, at Medina sa Saudi Arabia pumupunta ang mga manunula, payaso, at musikero upang mag-aral at magpakadalubhasa sa musika.

May mga instrumento ng pangmusikal na ginagamit tulad ng *mi'zafa*, *gussaba*, *mizmar*, at *tambourine*. Ang harpa at trumpeta ay nagmula sa Iraq. May isang sistema ng melodiya na ginagamit ng mga unang musikerong Arabe na katulad sa Ragas ng mga Hindu. Noong pumasok ang ika-19 na siglo, ang musikang Arabe ay impluwensiyado ng mga Europeo, makikita ito sa kanilang martsa na gumagamit ng mga instrumentong banyaga.

Pampalakasan

Ang palakasan ay naging isang daan upang magkabuklod-buklod ang mga mamamayang Asyano. Hindi namabilang ang mga Asyanong naging matagumpay, nakilala at hinangaan sa iba't-ibang palaro. Nagsilbing inspirasyon upang patuloy na magkaisa at magnais ng kapayapaan ang lahat ng mamamayan sa Asya. Sa katunayan, ang isports ay naging bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga Asyano.

Ang karamihan ng larong kilala sa buong Asya at sa daigdig ay nagmula sa India. At ang karamihan nito ay inilalarawan sa tanyag na epikong Mahabharata na isinulat noong 800 B.C.E. Ang mga larong ito ay ginamit ng mahabang panahon hanggang sa ito ay mahaluan na ng iba't ibang paraan at pangalan.

Hindi lamang ang rehiyon ng Silangang Asya at Timog-silangang Asya ang nakilala bilang isa sa mga orihinal na tagapagtatag ng mga natatanging palakasan nakilala rin sa iba't ibang bansa ang rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya.

Ang Kabaddi ay pangkatang laro. Nangangailangan ng dalawang pangkat para makakuha ng mataas na iskor. Sa bawat pangkat ay may pitong miyembro. Ang

gagawin lang ng magkabilang pangkat ay manghuhuli ng miyembro ng katunggaling pangkat.

Ang larong chess, baraha, at martial arts tulad ng judo at karate ay nagmula sa India. Ang baraha ang popular na laro sa mga hari at maharlika ng kahariang korte sa India. Ang judo at karate ay mahalagang pananggalang ng mga Budista sa mapanganib na paglalakbay patungong Japan, China, at Korea na nag-uugnay sa repleksiyong panloob ng mga Budista sa kanilang buhay.

May ebidensiya na natagpuan sa kabihasnang Sumer noong 300 hanggang 1500 B.C.E. Katunayan sa natagpuang tabletang luwad may naglalaro ng buno (wrestling) at boksing. Sa panahong Bibliikal ang mga tansong istatwa ay naglalaro ng buno. Sa panahon ng Ur may mga damahan. Ang mga mayaman naging libangan ang pangangaso. Sa panahon ng Hittite nakilala sa kagalingan sa paglangoy bilang bahagi ng pakikidigma at may taglay na kalusugang pisikal. Ang sinaunang Israel ay kilala sa larong pampalakasan sa takbuhan at pangingsida. Ang mga Persiano ay mahusay mangabayo.

Ang mga atletang nakilala sa Asya sa bansang Syria nanguna si Gwada Showaa sa hurdles at high jump. Dahil sa kanyang pagkapanalo nagpista ng isang linggo ang bansang Syria. Gayundin si Naim Suleymanoghi isang weightlifter na taga Turkey na nag-uwi ng tatlong gintong medalya.

Mahilig sa palakasan ang mga Asyanohindi lamang para manalo at makilala sa buong mundo kundi taglay din ang katangiang dapat mataglay ng isang kasali sa laro.

GAWAIN BLG.2 :PAGTAPAT-TAPATIN

A. Pagtapat-tapatin ang mga sumusunod. Isulat ang titik ng tamang sagot.

Hanay A

Hanay B

1. Koleksyon ng mga kwento ukol
Agnon

a. Shmuel Yosef

sa ordinaryong pamumuhay at dinaranas

na paghihirap ng mga tao

2. Sumulat ng Sakuntala

b. Kalidasa

- ___ 3. Bansang matatagpuan ang Taj Mahal c. Panchatantra
- ___ 4. Awit para samga maysakit sa India
- ___ 5. Mahilig sa sayaw dahil naniniwala sila na ito'y libangan ng diyos nila d. Masjid o Moske
- ___ 6. Kwentong Persianona nilibang ang hari ngprinsesa upang hindi matuloy ang pagbitay sa prinsesa e. Ragas
- ___ 7. Kauna-unahang Hudyo na tumanggap ng Nobel Prize sa akdang The Bridal Canopy f. Golpa Gucha
- ___ 8. Pinakamahalagang pagpapahayag ng sining islamik g. India
- ___ 9. Pinakamatanda at pinakatanyag na koleksyon ng mga pabula sa India h. Rabindranath Tagore
- ___ 10. Kauna-unahang Asyano na nagwagi ng Gawad Nobel sa panitikan i. Hindu
j. Arabian Nights

GAWAIN BLG. 3: DATA RETRIEVAL CHART

A-B. ___ Punan ang talahanayan ng mga Kontribusyon ng ng mga Asyano :

<u>Rehiyon</u> <u>/Bansa</u>	<u>Arkitektura</u>	<u>Pagpipinta</u>	<u>Panitikan</u>	<u>Musik</u> <u>a at</u> <u>Saya</u> <u>w</u>	<u>Pampalakasa</u> <u>n</u>

Timog Asya					
Kanlurang Asya					



PAMPROSESONG TANONG

1. Ano ang mga kontribusyong Asyano?
2. Paano ipinakita ng mga tagaTimog at Kanlurang Asya ang kanilang pagkakakilanlan sa kanilang kultura?
3. Ikaw, bilang Asyano, bilang Pilipino, paano mo mabibigyang-halaga ang mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya?

Formatted: Indent: Left: 0.19", Hanging: 1.56", Tab stop: 0.56", Left

GAWAIN BLG. 4: DUGTUNGANG PANGUNGUSAP

Dugtungan ang sumusunod na pangungusap.

1. Ang kontribusyon ng mga Asyano ay_____.
2. Bilang Pilipino, nararapat na ipagmalaki ang ambag ng mga Asyano dahil_____.
3. Mapapahalagahan ko ang mga kontribusyong Asyano sa ganitong paraan_____.

GAWAIN5: KWL

Sa bahaging ito, pwede mo ng sagutan ang ikatlong kolum. Pagkatapos, balikan ang iyong mga naging sagot sa journal notebook. Nadagdagan ba ang iyong kaalaman at pag-unawa sa ating aralin?

K (What I think I know?)	W (What I want to know?)	L (What I Learned)

BINABATI KITA!

Ngayon ay natapos mo na ang bahagi ng Paunlarin para sa Aralin 1.

Ngayong ay may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa ukol sa mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya. Maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng aralin na ito upang mapalalim at mapalawak pa ang iyong pag-unawa ukol sa paksang ito.

PALALIMIN

GAWAIN 3 : SALUDO AKO SA IYO....

Pangkatang gawain.
Sasaliksikin mo ang kilalang personalidad sa Timog at Kanlurang Asya na may mahalagang kontribusyon sa Asya at sa daigdig. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa dinaanan ng buhay nito.

PANUTO

*Pumili ng isang sikat na Asyano na taga-Timog at Kanlurang Asya na may mahalagang kontribusyon sa Asya at sa daigdig sa larangan ng sining, humanidades at palakasan.

*Gumawa ng brochure o biodata.

Mga patnubay na tanong sa iyong gagawin.

1. Anong mga katangian ang naging puhunan nito upang marating niya ang kanyang mithiin sa larangan ng ito?
2. Paano nakatulong ang kaniyang pamilya, karanasan sa buhay para marating ang kanyang mithiin?
3. Ano ang mga hadlang na nalampasan niya para makarating sa tagumpay na minimithi niya?
4. Paano niya binigyang-halaga ang kanyang narating sa buhay?



PAMPROSESONG TANONG

1. Bilang Pilipino at isang Asyano, paano nagsilbing inspirasyon sa inyo ang narating niya sa buhay?
2. Paano naipakita ng mga taga Timog at Kanlurang Asya ang makabagong hamon na itosa pamumuhay ?

IV. ILIPAT/ISABUHAY

G- Ang iyong barangay ay taunang nagbibigay ng parangal sa mga piling miyembro ng pamayanan na nagpakita ng mabuting halimbawa. Ang layunin ng patimpalak na ito ay upang magsilbing paalala sa mga mamamayan na ang bawat isa ay may responsibilidad at gampaning dapat gawin para sa ikabubuti at ikauunlad ng buong pamayanan.

R- Miyembro ng Sangguniang Kabataan

A-Miyembro at mga Opisyal ng Barangay

S- Magkakaroon ng patimpalak na tinatawag na BARANGAY IDOL kung saan pipiliin ang limang miyembro ng barangay na nagsilbing mabuting huwaran sa lipunan.

P- makagawa ng campaign poster para sa iyong kalahok para sa BARANGAY IDOL

TASK RUBRIC FOR TRANSFER TASK

SUBJECT: ARALING PANLIPUNAN GRADE 8

UNIT TOPIC: Ang Timog at Kanlurang Asya sa Transiyonal at Makabagong Panahon (16-20 siglo)

UNIT DESIGNER: Dr. Lina Sebastian, Erna Golveque, Regina Capua

CONTENT STANDARD:

Naipapamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 Siglo)

PERFORMANCE STANDARD:

Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong panahon.

KRITERYA	NAPAKAGA LING	MAGALING	MAY KAKULAN GAN	NAGSISIM ULA PA LANG	RATI NG
	4	3	2	1	

IMPORMATI BO/ PRAKTIKALI DAD	Ang nabuong poster ay nakapagbibigay ng kumpleto, wasto at napakahalagang impormasyon tungkol sa mga kapakinabang na kontribusyon sa lipunan.	Ang nabuong poster ay nakapagbibigay ng wastong impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan.	Ang nabuong poster ay kulang sa sapat na impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan.	Ang nabuong poster ay walang impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan.	
MALIKHAIN	Ang pagkakasund-sunod at pagkakatibay ng mga impormasyon tungkol sa mga kapakinabang na kontribusyon sa lipunan at nagpapakita ng bukod tanging antas ng pagkamalikhain.	Ang pagkakasund-sunod at pagkakatibay ng mga impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan at nagpapakita ng sapat na antas ng pagkamalikhain.	May kakulangan ang elemento ng pagdisenyo ng mga impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan at nagpapakita ng limitadong antas ng pagkamalikhain.	Hindi malikhain ang pagkakatibay ng mga impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan.	

KABULUHANG	Komprehensibo, maayos at may lalim ang pagkakapaliwanag tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan	Mahusay ang pagkakapaliwanag tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan	May kakulangan sa lalim o kabuluhan ang mga kontribusyon sa lipunan	Hindi naipaliwanag ang mga kontribusyon sa lipunan	
KATOTOHANAN	Ang poster ay nagpapakita ng makatotohanang pangyayari sa buhay ng tao. Ang nilalaman nito ay may bisa/dating sa madla.	Ang poster ay nagpapakita ng pangyayari sa buhay ng tao. Ang nilalaman nito ay may dating sa madla.	Ang poster ay nagpapakita ng iilang pangyayari lamang sa buhay ng tao. Ang nilalaman nito ay walang dating sa madla.	Walang naipakitang makatotohanang pangyayari.	
				OVERALL RATING	

Transisyon sa susunod na modyul

Binigyang-diin sa aralin na ito ang mga dahilan, paraan, patakaran at epekto ng Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya. Nagkaroon ng malaking impluwensiya ang mga nanakop na Kanluranin sa kultura, ekonomiya at pulitika ng mga nasakop na lupain sa Asya. Dumanas ng malubhang paghihirap, kagutuman, pang-aabuso at pagkawala ng karapatan at kalayaan ang mga Asyano dulot ng mga patakaran ng mga Kanluraning nakasakop sa kanilang lupain.

Ang mga karanasan ng rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya sa pananakop ng mga Kanluranin ay mararanasan din ng mga rehiyon ng Silangan at Timog-Silangang ASya. Iyong matutunghayan sa susunod na modyul ang naganap.

PANGHULING PAGSUSULIT

Upang masubok ang iyong nalalaman sa modyul na ito, subuking sagutin ang mahabang pagsusulit sa ibaba sa pamamagitan ng pagpili sa titik ng tamang sagot sa bawat bilang..

1. Ano ang pamamaraang ginamit ng mga Hindu sa pamumuno ni Mohandas Gandhi upang ipakita ang kanilang pagtutol sa mga Ingles?
 - A. Passive resistance
 - B. Armadong pakikipaglaban
 - C. Pagbabago ng Pamahalaan
 - D. Pagtatayo ng mga partido pulitikal
2. Naghangad rin ng kanyang kalayaan ang India. Anong pamamaraan ang isinagawa nito upang matamo ang kanyang hangarin?
 - A. Nakipag-alyansa sa mga Kanluranin
 - B. Itinatag ang Indian National Congress
 - C. Binoykot ang mga produktong English
 - D. Tinulungan ang mga Ingles sa panahon ng digmaan
3. Sa ilalim ng Ingles, nagkaroon ng mga pagbabago sa India na hindi katanggap-tanggap sa mga Indian. Alin ang isang pagbabagong hindi matanggap ng mga Indian?
 - A. Pagpapalaganap ng isang sistema ng edukasyon na ayon sa pamantayang Ingles
 - B. Paglilipat ng mga sentro ng gawaing pangkabuhayan sa mga baybaying-dagat
 - B. Pagkakaroon ng racial discrimination sa pagbibigay ng posisyon sa pamahalaan
 - D. Pagpapahusay ng mga transportasyon at komunikasyon

4. Nang makamit ng India ang kalayaan mula sa Britanya noong 1947, nahati ito sa dalawang estado, ang kalakhang India at Pakistan. Ano ang epekto nito sa katayuan ng bansa at mamamayan?
 - A. Nahimok na mag-alsa ang mga Muslim sa mga Hindu.
 - B. Nahati ang simpatiya ng mga mamamayan sa dalawang estado.
 - C. Nagsilikas ang karamihan ng mga mamamayan sa ibang bansa.
 - D. Nagkaroon ng kaguluhan sa pamumuno.

5. Ang patuloy na paglalaban ng India at Pakistan ay dahil sa kapwa nila nais angkinin ang teritoryong Kashmir. Ano ang epekto ng nasyonalismo sa sigalot na ito?
 - A. Naniniwala ang dalawang magkalabang bansa na pag-aari nila ang Kashmir.
 - B. Nais ng dalawang bansa na patunayang makapangyarihan sila.
 - C. Umasa ang mga mamamayan na malulutas din ang sigalot na ito.
 - D. Tumanggi ang dalawang bansa sa pakikialam ng United National Organization (UNO) sa paglulutas ng kanilang suliranin

6. Noong sinakop ng mga Ingles ang India, nagsimulang pinakialaman ang pulitika ng bansa sa pamumuno ng British East India Company. Naging mababa ang pagtingin ng mga Ingles sa kultura ng India. Maging ang pamamahagi ng mga lupain ay binago rin ng mga Ingles. Sa ganitong pangyayari, napilitan ang mga manggagawang Hindu na mag-aral ng Ingles upang mapaunlad ang sariling kakayahan sa paghahanapbuhay. Anong implikasyon ang mabubuo sa ganitong kaganapan?
 - A. Ang pananakop ng mga dayuhan ay nagsilbing aral ng India.
 - B. Ang pananakop ng mga Ingles sa India ay nakatulong sa pag-unlad ng kulturang Hindu.
 - C. Ang pananakop ng mga Europeo ay lalong nagpahirap sa kabuhayanng mga Hindu.
 - C. Ang pananakop ng mga Europe ay hindi nakaapekto sa anumang aspeto ng pamumuhay ng mga Hindu.

7. Ano ang naging epekto ng kolonyalisasyon sa mga rehiyon ng Asya?
 - A. Naging masidhi ang pagkakaroon ng damdaming nasyonalismo ng mga Asyanoupang ibangon ang kaunlaran ng bansa.
 - B. Naging mapagbigay ang mga Asyano sa naisin ng mga dayuhang bansa.
 - C. Natutunan ng mga Asyano ang manakop ng ibang lupain.
 - D. Natutong magtiis ang mga Asyano alang-alang sa kapayapaan.

8. Sa pakikipagsapalaran nakamtan ng India ang kasarinlan. Anong uri ng nasyonalismo ang isinagawa ni Gandhi laban sa pananakop ng Britanya?

- A. Aggressive
- B. Defensive
- C. Passisve
- D. Radikal

9. Aling pangyayari ang pumukaw sa damdaming nasyonalismo ng bansang India?

- A. Pagbagsak ng kolonyalismo ng mga Turko
- B. Pagpapatupad ng economic embargo ng mga Ingles
- C. Pagkakapatay kay Mohandas Gandhi
- D. Pagkakaroon ng diskriminasyon sa mga India

10. Alin sa mga sumusunod ang naging masamang epekto ng kolonyalismo sa rehiyong Asya?

- A. pag-unlad ng kalakalan
- B. pagkamulat sa Kanluraning panimula
- C. pagkakaroon ng mga kaalyadong bansa
- D. paggalugad at pakikinabang ng mga Kanluranin sa mga yamang likas

11. Isinusulong naman ni Mahatma Gandhi ang kanyang pananaw na ang pinuno ng bansa ang siyang magpakita ng pagpapahalaga sa moralidad. Ang pagpapahalaga na sinasabi ni Gandhi ay ang:

- A. maging tapat sa mamamayan at sa konstitusyon
- B. mabuting relasyon sa karatig bansa
- C. pagkakaroon ng isang asawa at isang pamilya
- D. maging bukas o transparent sa lahat ng kanyang gawain sa tulong sa bayan

12. Dalawang anyo ng nasyonalismo ang ipinakita ng mga Hindu laban sa mga British. Isa dito ay ang kilusan pinamunuan ni Bal Gangadhar Tilak na tinawag na rebolusyonaryong kilusan dahil gumamit ito ng marahas na pagkilos. Ang nakatawag pansin ay ang pinamunuan ni Mohandas K. Gandhi dahil:

- A. Mga bata ang kinasangkapan niya sa paglaban sa British
- B. Namahagi siya ng mga produktong Hindu
- C. Isinagawa niya ito kasama ang mga guro
- D. gumamit ng paraang tahimik tulad ng di pagsunod sa mga kagustuhan ng mga British

13. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan. Nagbigay daan ito para ang mga Asyano ay matutong:

- A. pigilin ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin

- B. pagiging mapagmahal sa kapwa
 - C. makisalamuha sa mga mananakop
 - D. maging laging handa sa panganib
14. Ang panahon ng Kolonyalismo ng mga Kanluranin ay nagdulot ng iba't ibang epekto sa mga bansang Asyano. Alin sa mga sumusunod ang hindi epekto ng pananakop ng mga Kanluranin sa mga bansang Asyano?
- A. Nagkaroon ng pag-unlad sa sistema ng transportasyon at komunikasyon na nagdulot nang mabilis pagluwas ng kalakal sa pandaigdigang pamilihan
 - B. Naturuan ang lahat ng Asyanong pamahalaan ang kanilang mga sarili sa panahon ng pananakop ng mga Kanluranin
 - C. Nagkaroon ng paghahalo ng mga lahi dahil sa mga naganap na kasalang katutubo at dayuhan
 - D. Pangunahing gampanin ng mga bansang Asyano ang tagatanggap ng mga produktong Kanluranin
15. Ano ang ipinapahiwatig ng tagumpay ng kampanya ni Mohandas Gandhi Sa kolonyalismo ng mga Ingles sa India?
- A. Mahusay na rebolusyonaryong lider si Mohandas Gandhi
 - B. Maaaring labanan ang kolonyalismo sa mapayapang paraan
 - C. Ang pang-aapi ng mga kolonyalista ay may katapusan
 - D. Naging simbolo si Mohandas Gnadhi ng pagkakaisa ng mga mamamayan sa India
16. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na magandang dulot ng pananakop ng mga Ingles sa pangangalaga ng karapatang pantao ng mga Hindu lalo na ang mga kababaihan?
- A. Pag-unlad ng komunikasyon at transportasyon sa India
 - B. Pagkakaroon ng pagkakataong makapag-aral ang mga mamamayan ng India
 - C. Pagbabawal sa ilang matandang kaugaliang Hindu tulad ng "sati" at "female infanticide"
 - D. Pagbabawal sa matatandang kaugaliang tulad ng "foot binding" at "concubinage"
17. Ano ang kahalagahan ng mataas na antas ng edukasyon sa isang bansa?
- A. Ito ay nagsisilbing instrumento sa pagsulong ng nasyonalismo at interes ng bansa
 - B. Pinagaganda ang imahe ng bansa kapag ito ay may mataas na bahagdan ng edukadong mamamayan
 - C. Magandang negosyo ang mga pampridadong paaralan na napagkukunan ng buwis ng pamahalaan
 - D. Pinalalaki nito ang oportunidad ng mga tao na mangibang bansa.

18. Bakit sinasabing ang kalakalan ay mahalagang susi sa pagkakaisa ng mga Asyano?
- Dahil dito ay nagtutulungan ang mga magkakarati ng bansa sa Asya
 - Nagsisilbi itong daluyan ng kultura at pagpapalitang kultural ng mga bansa
 - Maaring lumaki ang kita sa mga usaping block market
 - Sa pamamagitan nito nababatid ang mga bansang palaasa
19. Bakit muling nabuo ang bansang Israel?
- Dahil sa layuning lumakas ang Judaism
 - Sa kagustuhang magsama-samang muli ng mga Hudyo
 - Upang matamo ang kanilang kaligtasan
 - Dahil sa pananakop ng ibang lupain
20. Kung ikaw ay pangulo ng Samahan ng mga Mag-aaral sa Araling Panlipunan at naatasang magpresenta ng mga aral sa kasalukuyan ng Imperyalismo at Kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya at kung paano ito mapagyayaman hanggang sa hinarap. Alin ang mas angkop na gamitin sa isang *video conferencing*.
- Multimedia presentation at pagtalakay
 - Pagkukuwento at pagtatanong
 - Pagbabasa ng teksto at pagbibigay ng haka-haka
 - Debate at pag uutos ng dapat gawain.

TALASALITAAN:

Akulturasyon – proseso kung saan ang isang lipunan ay nakatanggap ng elemento, katangian, o impluwensya ng kultura ng isa pang lipunan

Astrolabe – instrumento sa paglalayag na ginagamit upang malaman ang latitudo layo ng barko

Humanidades-ay naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa mga sining na biswal tulad ng musika, arkitektura, pintura, sayaw, dula at panitikan. Sa pamamagitan ng mga tekstong ito, naipapahayag ng sumulat ang kanyang nadarama, adhikain, pangarap, pag-asa, o pangamba

Imperyalismo –ay isang patakaran o paraan ng pamamahala kung saan ang malalaki o makapangyarihang mga bansa ang naghahangad upang palawakin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsakop o paglulunsad ng mga pagtaban o kontrol na pangkabuhayan at pampulitika sa ibabaw ng ibang mga bansa

Kalakalan – anumang transaksyon sa pagitan ng dalawang tao o sa pagitan ng mga bansa na kabilang sa isang pamilihan

Kolonyalismo –ay ang tuwirang pananakop ng isang bayan sa iba pa upang mapagsamantalahan ang yaman nito o makuha rito ang iba pang pangangailangan ng mangongolonya

Krusada – Serye ng mga kampanya ng mga Kristiyanong Kabalyero na ang layunin ay bawiin ang Jerusalem mula sa mga Muslim

Mandate System-pagpapasailalim sa isang bansang naghahanda na maging isang malaya at nagsasariling bansa sa patnubay ng isang bansang Europeo

Merkantilismo –prinsipyong pang-ekonomiya kung saan ang batayan ng kayamanan ng bansa ay ang dami ng ginto at pilak na mayroon nito

Monopolyo -Ang monopolyo ay isang istrakturang bilihan na may malakas na pwersang itakda ang presyo at dami ng ibebenta dahil nagiisa lamang ang prodyuser na nagbebenta ng produkto at serbisyo sa maraming mamimili

Protectorate- Isang rehiyon na may sariling pamahalaan subalit nasa ilalim ng kontrol ng isang panlabas na kapangyarihan

REFERENCES AND WEBSITE LINKS USED IN THIS LESSON:

(For References, use MLA style to cite publications.

For Websites, state the URL and annotate or give the Website title. Arrange Websites according to their appearance in the module.

Provide other credits for multimedia materials such as images and sounds.)

Asya Noon, Ngayon at sa Hinaharap nina Teofista Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo et al
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Vilorio et al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian et al
Kasaysayan at Kabihasan ng Asya nina Mangubat at Villa

